WALANG TIGIL ANG LIGALIG SA KAPULUAN

We hold these truths to be self-evident: That all men are created equal; that they are endowed by their Creator with certain unalienable rights; that among these are Life, Liberty and the pursuit of Happiness. That to secure these rights, governments are instituted among men, deriving their just powers from the consent of the governed; that whenever any form of government becomes destructive to these ends it is the right of the people to alter or to abolish it and to institute a new government laying its foundation on such principles and organizing its powers in such form as to them shall seem most likely to effect their safety and happiness. (American Declaration of Independence, July 4, 1776).

These are the great and fundamental principles of the Republic founded by Washington, Jefferson and others, and in the light of these principles we are upholding our rights which are the rights of our country's freedom and of the honor of all Filipinos.

SAKDAL

Malayà, walang panginoon kundi ang Bayan

5 Sts. Bawa't Sipi

Kinikilala naming ang mga katotohanang ito ay nangungusap nang buong kaliwanagan; na ang lahat ng tao ay pantay-pantay na nilikhà; na silá'y pinagkalooban ng kanilang Bathalà ng mga karapatang di mapupuwing; na sa mga karapatang ito'y kabilang ang nauukol sa Buhay, Kalayaan at sa pagsasaka sa ikaliligaya. Na, upang matamo ang mga karapatang ito ay itinatag ng mga tao ang pamahalaan na nagtatatag ng kapangyarihang dulot ng mga pinamamahalaan. Na, magíng anuman ang uri ng pamahalaan na siyá ay mapanirà sa mga layuning ito, ay karapatan ng bayan na baguhin o ibagsak at magtatag ng bagong pamahalaan na sasandigan ng mga simulain at aayusin ang kapangyarihan sa paraang maghahatid ng kanilang kaligtasan at kaligayahan. (Pahayag ng Pagsasarili ng Estados Unidos).

Iyan ang dakilang aral at simulain ng Republikang itinatag nina Washington at Jefferson at sa iláw ng mga simulain at aral na ito ay itinataguyod namin ang aming Katwiran na siyang Katuiran ng Kalayaan ng aming Bayan at ng Karangalan ng lahat ng pilipino.

Tanggapan: 2326 J. Luna, Int. 15, Maynila || Pangsamantalang Tagapamahala: MARCELINO TENORIO || SABADO, HUNIO 6, 1936 || Taong VI || BILANG 276

Pulos Na Dukha Ang Nasasawi at Nabibilanggo Samantalang Patuloy Ang Pagyaman Nila

UMALIS NA ANG MGA MANGBABATAS UPANG PATUNGO SA MINDANAO

Sa Bapor Pag-uusapan ang Mahalagang Bagay Upang Malingid sa Bayan

Ika sampu ng gabi, araw ng Huebes (Junio 4, 1936), nang tumulak ang bapor Negros na kinalululanan ng mahigit sa limampung kagawad ng Kapulungang Pambansa upang patungo sa Mindanao. Kasama ang Pangulong Quezon at Pangalawang Pangulong Osmeña. May mga kasama ring ilang punong lalawigan, mga mangangalakal at ang komandante general Paulino Santos ng contabularia. Ang pangkat ay dadalaw sa Culion, Iwahig at mga lalawigan ng Mindanao. Inaasahan nilang hindi mabilang na mga piging ang ipasasalubong sa kanila sa bawa't pook na dadalawin. Anong sarap na pamumuhay...! Anong saklap na tanawin ng mga nagugutom...!

Dikuno'y dadalawin nila ang Dabaw upang malaman ng mga kinatawan ang tunay na kalagayan doon, nguni't nakatatawag ng hinala ang kanilang paglalakbay na ito.

Sa bibig na rin ng mga taong pamahalaan nalaman ng madla na sa loob ng bapor nila pagpapasiyahan ang maraming mahahalagang bagay, at ang isa rito'y ang malaking gugulin ng pamahalaan sa taong 1937. Hindi kaya lamang nila ginawa ang paglalakbay na ito upang mailihim sa mga mamamayan ang kanilang paguusap? Kung iyan ang siyang tutoo ay maliwanag na lumalabag sila sa batas at naglulustay ng salapi ng bayan.

Ang sinasabi sa batas ay kailangang maging hayagan ang pagpupulong ng batasang bayan, kaya kung dito sa Maynila gagawin ang kanilang pagpupulong ay hindi sila makapaglilihim. Subali't makapaglilihim kaya sila?

Kung ang sasabihin ay kailangang mapagaralan ng mga kinatawan ang tunay na kalagayan ng Mindanao ay hindi kaya sapat na ang ginawang pagsisiyasat ng Pangulong Quezon at ng Kalihim Rodriguez at ng lubha pang maraming kagawad ng pamahalaan? Ano pa ang pagaaralan? Ah, tiyak na may malaking hiwagang nagkukubli. Alam nilang mulat na ang bayan kaya't natatakot na silang gumawa ng kabalbalan sa hayagan.

MGA LIHAM NI LEO TOLSTOY

G. A. Roussanouff,
Yasnaya Poliana, Julio 4, 1885
Minamahal na Gavirillo Andreyevitch:

Mga ilang salita lamang sa ngayon. Ako'y napapagod, nanghihina at marami pang gawain. Napasasalamat ako sa inyong liham.

Ang sabi ninyo ay dumadanas kayo ng malaking hirap dahil sa kahinaan ng katawan at wala na kayong pag-asa. Subali't mayroon kayang tao sa ibabaw ng lupa na walang karamdaman at hindi nagtataglay sa loob ng kanyang katawan ng mga mikrobio ng hirap at kamatayan? Ang pagkakaiba lamang ay nasa kalubhaan ng karamdaman at sa pagkabatid nito. Masamang hindi malaman ng isang tao na siya'y may karamdaman, subali't lalong masama na bayaan ninyong makahadlang sa inyong pananatiling may buhay ang inyong pagkabatid. Kahi't na sa bingit ng kamatayan ay maaaring mabuhay ang isang tao ng masigla kay sa isang taong walang kasakitsakit. Katulad din iyan ng kalusugan ng kaluluwa. Ang magpalagay na kayo'y wagas sa kabutihan ay kasing sama ng ipalagay ninyong kayo'y hindi pa bubuti. Ninanais ko sa inyo ang katulad ng ninanais ko sa akin: na dapat nating makilala ang ating mga kamalian nguni't hindi dapat na padaig sa kanila. Subali't hindi ba ito ang pinagsasakitan nating magawa kapuwa?

Alaala sa inyong kagiliwgiliw na asawa. Anong papalad ninyo sa pagkakaroon ng magkaisang kurokuro! Iyan ay bihirang mangyari!

Leo Tolstoy.

Sa Talaan Ng Karangalan

ni Jvlio Cor. Abranilla

"Mayroong tatlong lihim ang mga taong nagtagumpay sa kanilang mithiin, punyagi, sipag at tiyaga."—BERNARD GODOSKY.

Pamula na ng lalangin ang mga tao sa sinukob hanggang sa panahong ito ay walang naging katukatulong ang mga tao sa kanilang mga pagwawagi kundi ang tatlong mahahalagang pamana ng dakilang "Dimasalang" sa atin na una sa lahat ay punyagi at ang dalawang huli ay ang tinatawag nating sipag at tiyaga. Ang wika nga ni Dr. C. M. Schunk sa kanyang isang lathala ay ganito: "Ang pagpupunyagi, ang pagsisikap, ang pagtitiyaga o alin man sa tatlong bagay na iyan ang siyang lihim ng alin mang bagay na nagtagumpay". Iyang mga bagay na hindi nakuhang itaguyod hanggang sa matapos ay hindi karapatdapat banggitin man lamang. Iyang tao'y ating hinatulan sa kanyang mga natapos at hindi sa kanyang napasimulan. Nabangga't ang mga pangalan sa kasaysayan nina: Madamme Curie, Caster, J. H. Mears, E. Evans, Linton Wells, Post, Gatty, C. B. D. Colleyer, Agellio at Fulton sapagka't natapos nila at naipagtagumpay bago naging napakahuli ang mga gawaing hindi maikakait na nagbigay ng malaking kaunlaran sa mga karunuñgang itinataguyod pa ñg mga tao magpahanggang sa kasalukuyang panahon.

Sa talaan ng karañgalan ay hindi ko makakaligtaang banggitin ang pangalan ng mga dakilang taong kahit sa mabagal ay nakayari din sa mga gawaing sila ang unang nakatuklas: Si Montesquieu, ang sumulat ng "Sprit des Lois" sa loob ng dalawampu't limang taon. Si Gibbon, ang gumawa ng kasaysayang "Decline and Fall of the Roman Empire" sa loob ng dalawampung taon. Si Abraham Tucker, ang kumatha ng "Light of Nature Pursued" sa loob ng labingwalong taong singkad. Si Noah Webster, ang ama, ng diksionariong sinulat sa loob ng tatlumpo't anim na taon. Si George Bancroft, ang sumulat ng "History of the United States", sa loob ng dalawampu't anim na taon. Si Newton, ang gumawa ng "Chronology of Ancient Nations' sa loob ñg labing limang taon at nayari noong 1903. Si Virgil, ang sumulat ng "Aeneid" sa loob ng labing isang taon. Si Ehrlich, ang nakatuklas ñg Salvarsan na gamot sa sipilis sa loob ng maka-anim na raan at anim na pagsubok. Si Watt, ang imbentor ng "condensa-

(May karugtong sa tiping 4)

China Laban Sa China

WALANG KINALAMAN ANG LAPIANG SAKDALISTA SA BINABALAK NA AKLASAN NG MGA MANGGAGAWA

Sarili ni G. Lauson ang Pakikialam

Buhat nang malathala sa mga pahayagan na si G. Felicisimo Lauson, Pangsamantalang Pangulo ng Lapiang Sakdalista sa Pilipinas ay siyang namamatnugot sa kilusan ng mga manggagawa upang mapataas ang kanilang mga sahod, ay maraming kapanalig ang nagtungo sa aming tanggapan upang alamin kung ang pakikialam niyang iyan sa nabanggit na kilusan ay may kaugnayan sa kilusan ng mga Sakdalista. Dahil diyan ay sinikap naming makausap si G. Lauson upang itanong naman sa kanya kung bakit nasangkot ang kanyang pangalan sa kilusan ng mga manggagawa. Ang natamo naming kasagutan ay katulad ng mga sumusunod:

Na ang pamamatnugot sa kilusan upang mapataas ang sahod ng mga dukha ay inialok sa kanya ñg mga manggagawá, at dahil sa kanyang paniniwala na ito na ang panahong dapat ipagtagumpay at ipagbago ng kapalaran ng mga manggagawa ay tinanggap niya ang tungkulin. Gayon man ay hindi dapat maghinala ang sino mang kapanalig na hihilahilin niya ó gagamitin kaya ang pangalan ng lapian sa kilusan ng mga manggagawa. **Hindi rin naman dapat** maghinuha ang kahit sinong kasama sa lapian na magbabago kahit bahagya ang kanyang pakikisama sa Lapian ñg mga Sakdalista kundi bagkus handa pa ñga siyang tumulong, makiramay at makihati sa ano mang kapalarang ipag atalaga ñg panahon sa mga Sakdalista.

Naniniwala rin si G. Lauson na kung magtatagumpay ang kilusan ng mga manggagawa ay para na ring ipinagtagumpay niya ang maraming kapatid sa lapian pagka't ang karamihan sa kanila ay mga manggagawa rin.

Nalalaman ni G. Lauson na tañging ang kasarinlan lamang ang makapagdudulot ñg pagwakas na kalutasan sa suliranin ñg mga manggagawa, ñguni't sa palagay niya'y kailañgang magkaroon kahit pangsamantalang lunas ang kagipitan ñg mga manggagawa at kataon nang naiiñgatan ang lakas at buhay ñg mga dukha hanggang sa dumating ang ganap na kalayaan.

Naghihintay ng Kanilang Pagkakataon ang mga Bansang Nagbubunsod sa mga Intsik

HINDI MAKUHA ANG MGA ULAT

Gayon man, ang mga pabalita ng Associated Press buhat sa Hongkong ay nagsasabing ang mga hukbo ng timog-kanluran ay boong tuling pumasok sa Hunan ng walang kasagasagabal. Pinatutunayan ng Associated Press na patuloy ang pagkilos ng hukbo sa timog ng China, subali't hindi makuha ang mga katibayan. Isinasaad ng mga balita na ang mga pinuno ay sumakop na sa nababakurang bayan ng Lingling na may layong labing-limang milya buhat sa Hunan.

LULUSUBIN ANG HENGYANG

Sinasabi ng mga Japones na ang mga hukbo ng Kwangtong at Kwangsi ay patungong Hengyang, isang mahalagang lungsod ng kalagitnaan ng Hunan, isang daang milya ang layo patungong loob ng lalawigan at mahigit na kalahati ang layo buhat sa Changsa, na pangulong bayan ñg lalawigan.

Natalos ng mga japones sa mga pinuno ng hukbo ng timog na ang pamahalaang nacionalista ay malamang na lumusob sa Kwangsi buhat sa Kweichow na kinalalagyan ñg labing tatlong pangkat ñg hukbo ñg Nangking at dalawampung aeroplanong pangbagsak ñg bomba. Inaasahan ñg mga taga timog na ang mga pañgunahing ciudad ay pababagsakan ng mga bomba.

PATUNGO SA PAGKAWASAK ANG PAMAHALAANG NACIONALISTA

Mahirap mailarawan ang tunay na kalagayan ng China. Ang pamahalaan sa Nanking ay nalilibot ng mga sangguniang Amerikano, Ingles, Ruso at iba pang pasugo ng mga bansa sa Europa, at sila ang nagbibigay ng lakas ng loob sa mga pinunong Intsik. Ang pamahalaan naman sa Canton ay nalilibot ng mga sangguniang mga militar japones. Ang lakas ng pamahalaan sa Canton ay katimbang halos ng lakas ng pamahalaan sa Nanking. Kung tutoo man na ang Canton ay humihikayat sa Nanking upang makidigma laban sa Japon ay maaaring hinalaing ang gayon ay ginawá upang ibulusok lamang ang Nanking sa isang malaking kagipitan. Kung sakali mang ayaw tumugon ang Nanking sa panawagan ng Canton ay hindi naman sapat na maging dahilan iyan upang makidigma laban sa Nanking.

Maaaring hinalain na inuudyukan ng Amerika at Inglaterra ang Nanking at inuudyukan naman ng Japon ang Canton. Kung ganyan ang tunay na nangyayari ay nangangahulugan na iniiwasan ng Amerika't Inglaterra na maging katulong pa ng mga japones ang Canton at iniiwasan naman ng Japon na maging katulong pa ng Amerika't Inglaterra ang Nanking. Isa't-isa'y naghihintay ng sariling pagkakataon at sunodsunuran naman ang mga Intsik sa pagbabakasakaling ang kanya namang pagkakataon ang dumating. Kung magpapatuloy ang pamahalaan sa Nanking ng pagsunod sa udyok ng kanyang mga sanggunian ay hindi malayong kasalukuyan na niyang tinatahak ang landas na patungo sa kanyang pagkawasak.

(May karugtong sa tiping 4)

Walang Lunas Kundi Pagkakaisa

"Labis ang kakayahan sa pamamahala ng mga pinuno; malinis ang kanilang hangad na nakatulong sa mga mamamayan; mga tamad lamang ang magugutom sa panahong ito; bukas ang palad ng mayayaman at karapatdapat ihanay sa piling ng mga tunay na bayani ang mga lider." Ganyan ang gustong-gustong maririnig ng mga taong pamahalaan at sa palagay ba nila'y kulang pa ang ganyang mga papuri.

Nguni't ano itong walang tigil na nakawan ng mga hayop (ganado mayor), nakawan ng ibang mga ari-arian, harangan, looban at patayan? Kung ang tanda ng mabuting pamamahala ay mga ligalig ay talagang magaling mamahala ang mga mister lider.

Ang kasakitsakit ay pulos na dukha ang nasasawi at nabibilanggo samantalang patuloy ang ilang mapapalad sa pagpapasarap sa buhay—pamamasyal, pagliliwaliw at paglulustay ng salapi ng bayan. Pag malaki ang gumagawa ng labag sa batas ay maluag ang paguusig, nguni't pag dukha ay katulad ng paguusig sa walang kaluluwa ang ginagawa, nalalathala agad sa mga pahayagang tulisan si gayon, mangdarambong si ganito at kung anoano pa na pangpapasakit sa kalooban. Ang buhay ng mga dukha na siyang tunay na haligi ng bayan at tanging maaasahan sa pagtatanggol ng bayan ay nasasayang sa walang kahahalagang kaparaanan samantalang kung isang malaki ang mamatay ó kaya'y umalis sa tungkol ay pinababaunan pa ng malaking kayamanan. Saan hahanguin ang matuwid upang mapaghinanaktan ang mga dukha kung hindi makatulong sa pamahalaan?

Kung matutuloy ang nagbabalang gulo sa asyenda Esperanza sa Nueva Ecija dahil sa kaapihan ng mga mamumuwisan ay hindi sasalang ang mga mamumuwisang iyan ang lilitaw na masama gayong ang tutoo ay sila ang api at sapagka't api ay may matuwid na maghabol kung hindi nila matatamo ang kanilang hinihingi. Kaya nagkakalakas ng loob ang mga mayari ng lupa na mang-api sa mahihirap ay sapagka't nalalaman nilang ano man ang mangyari ay nasa kanila ang tangkilik ng pamahalaan.

Ang patayan sa Bagobantay noong Huebes ng umaga ay hindi mangyayari kundi

(May karugtong sa tiping 4)

May Karamdaman Si Ramos

WALA PA RING KAPANATAGAN ANG EUROPA

PATULOY ANG PAGSISIKAP NA MAPARUSAHAN ANG ITALIA

Ginebra, Junio 2.—Ang pagkasakop ñg Italia sa Etiopia pagkatapos maibagsak ang kaharian ñg Emperador Haile Selassie, ay tila nalalapit na sa pagbubuñga ñg malaking sigalot.

Ang Argentina, sa pamamagitan ng isang kalatas sa Samahan ng mga Bansa, ay humihiling na tawaging sa isang pagpupulong ang

(May karugtong sa tiping 4)

Umalis sa Pagamutan at Namamahalan

Noong Martes, ika 2 ng kasalukuyan, ay dumating dito sa Maynila ang isang pabalita na titistisin ang pistula ni G. Benigno Ramos na sugo ng mga Sakdalista at mañgañgailañgan siya ñg tatlong linggong pagtigil sa pagamutan bago gumaling. Dumating uli ang balita na umalis siya sa pagamutan pagka't tutoong namamahalan sa bayad, nguni't itinagubiling huwag mabahala ang kanyang familia at mga kasama pagka't hindi naman mabigat ang kanyang kalagayan at hindi rin magiging sagabal sa kanyang mga gawain. Malungkot ang kanyang ginang at mga anak at gayon din ang mga kasamang nakababatid pagka't bukod sa kulang siya sa makakapag-alaga ay kulang pa sa gugulin.

Hinihiling sa lahat na magukol ñg mataos na dalangin na, nawa'y gumaling siya sa lalong madaling panahon.

Huwag Nating Kainipan ang Hindi Pagdating Agad ng Sugo

Bawat Araw na Lumipas ay Tanda Nang Paglapit Nang Kanyang Pagdatal

Sa lahat halos ñg mga lathalang ating natutunghayan ukol sa mga kuro-kurong may kinalaman sa pinakahihintay na paguwi ñg Patnugot RAMOS ay kasisinagan natin ñg mga pangpasigla lalonglalo na sa mga hindi na makatiis sa nabanggit na pagdating, pagdating na siyang magbabalita sa sambayanang uhaw na uhaw na sa Kalayaang malaon nang pinananabikang madama na siyang buñga ñg mga walang kapantay na pagtitiis sa ilalim ñg kaalipinang dinadanas natin hanggang sa kasalukuyan. Ang mga kurokurong yaon ay nalalaman ñg lahat na talagang pawang walang katiyakan; sapagka't sino na ñga ang makapagsasabi at makahuhulá ñg takdang panahong pinakahihintay at pinananabikang paguwi ñg ating Patnugot Ramos? Ni si Patnugot man ay hindi makatiyak sa kanyang pagdating dito, ay tayo pa kaya?

Subali't sa kabilá ñg gayong mga katotohanan, palibhasay walá nang pagpalagyan ang mga kasamang nanghihinayang na masirá ang kalooban ñg ibang talagang inis na inis na sa kabuhayang ito, sa dahilang ibig ñgang makatulong sa pagpapatibay ñg mga damdaming nawawalan na ñg sigla, ay tuloy gumagawá ñg mgá kurokurong nabanggit na sa unahan nito, kurokurong lalo tuloy nakababahalá sa magitlahing mgá tik-tik, Costable, pulis at ESPIYA na laging nakahanda ang kanilang mgá POSAS, tanikalá at guarnision upang siyang igapos sa iisang alagad ñg bayang ito na gumagawá nang hindi kayang gawain ñg mga pulitiko, sa ikalalayang ganap lubos at kagyat nating lahat, sa kuku ñg mgá magdaraya at mangañgamkam.

Dahil ñga sa gayong nilikhang aliñgasñgas ñg mga kurokurong nababatay sa araw, at buwan nang paguwi ñg Patnugot ay marapatin nating tigilan na, simulá sa mga araw na ito, ang pakikialam sa bagay na yaon sapagka't sangayon sa mga pañgaral na dapat paniwalaan ang gayong gawain ay lalong makasasagabal sa natitira pang gawain ni Patnugot Ramos.

Ang ating Patnugot ay nalalaman nating walang tigil, hindi na nagpapahiñgá, at talagang naka-

(May karugtong sa tiping 4)

Lalagyan ng Tatak ng Kaalipinan ang Tanggapan ni Quezon

Sangayon sa labas ng Mabuhay noong ika 25 ng buwang kasalukuyan ay hihiyasan diumano ñg larawan ñg mga kaibigan ñg pilipinas ang tanggapan ñg pañgulo. Ano kayo ang ibig sabihin nito? Ito kaya'y isang tanda na talagang ayaw ng lumimot ni Quezon sa mga dayuhan at umalipin sa atin o ito'y bilang alaala sa walang humpay na pagkaalipin natin at hanggang ngayon ay alipin pa rin at magpahanggang kaylan man sangayon sa diwa ñg batas T.M. na walang dulo kundi alipin din. Malabis na nakapagtataka ang takbo ng pamamaraan ng pamahalaang pinamamamahalaan ni Quezon. Hindi ko na malaman kung saan naroon ang lundo na animo'y isang kung ano...! Talagang panay na tanda at batik nang pagpapatunay na tayo'y ginagawang taga hanga ñg mga dayuhan at taga alipin. Kung siya rin lamang at gayon ang gagawin ay bakit hindi ilagay ang mga Praile; sina Urdaneta; ang Papa sa Roma, mga santo at santa katulad ni San Pascual, mahal na Birgen sa Antipolo, Sta. Clarang Pinong-pino at ang lahat nang mga kastilang nagpapatay sa ating mga bayani at ñg noon ay magkasamasama na silang panay na kastila sa isang silid? Sigurong kung magkasamasama na sila sa isang silid at magkahalubilo ay animo'y silid ñg Cortes sa España, at tila simbahan sa Quiapo na punong-puno ng Santo at santa.

Ang paraang ito'y tandang matibay na pinawalan na ni Quezon ñg kabuluhan sina Rizal, Andres Bonifacio, Plaridel, Luna at lahat ñg mga **bayaning nabuwal sa** dilim ñg gabi dahil sa bayan. Kung sila'y ina-alaala pa ni Quezon disin sana'y sa halip na mga larawan ng mga dayuhan ang ilagay doon ay ang mga larawan na ñg ating mga bayani ang ilagay upang paminsanminsan ay magunita man lamang ang nagawa ng mga taong ito. Anhin ko na ang larawan ni Andres Bonifacio na huwag mang ilagay doon ay talaga namang siyang maasahan sa panahong ito sapagkat makapagdudulot pa ñg pagpapasariwa sa alaala ñg mga kabataan sa nagawa ni Bonifacio na lubhang pinakababaka ñg mga pinuno ngayon. Katibayan; nang magalsa ang ilang Sakdalista sa San Ildefonso sa pañguñguna ñg magiting na Apolonio Villacorte ay dagliang ipinadakip at ang mga kasamang taga Cabuyao ay pawang pinagusig.

Ilagay mo ang larawan ñg mga taong tulad ni Magallanes, Legaspi, de los Rios at mga iba pa, ay

(May karugtong sa tiping 3)

HINDI NA MALAMAN NG MGA NAGUGUTOM KUNG PAANO SILA MAKAIIWAS SA PAGGAWA NG MASAMA

IBA NA ANG PAMAHALAAN SA FRANCIA

Paris, Junio 2.—Si Leon Blum, patnugot ng mga socialista sa pamahalaan sa ilalim ng kakaibang uri ng simulain.

Ang pangunahing hanay ng kanyang mga tauhan ay itong mga sumusunod:

Mga suliraning panglabas—Yvon Delbos

Digma—M. Rucart

Pananggalang—Edwanrd Daladier.

Pananalapi—Vincent Auriol.

Dalawang babai ang nakabilang

(May karugtong sa tiping 4)

Marami na ang Pinagdidimlan ng Pagiisip

"Kung masaklap man ang pagusigin at mabilanggo ay lalong masaklap ang mamatay sa gutom". Tila ganyan ang ibig sabihin ng isang liham na tinanggap namin sa isang tao na sa palagay namin ay isa lamang sa tutoong maraming pinagdidimlan na ng pagiisip dahil sa matinding pananalat. Hindi na namin inihayag ang kanyang pangalan yayamang ang layunin ng kanyang liham ay upang humingi lamang ng payo at hindi upang malathala.

Sang-ayon sa mga pagtatapat ng nasabing ginoo ay dati siyang naglilingkod sa isang sanga ng pamahalaan, kaya't sa nakaraang ilang araw ay hindi siya nagalinlangang dumulog sa mga pinuno ng kanyang bayan upang humingi ng tulong. Nguni't hindi lamang hindi siya tinanggap kundi pinasakitan pa pagka't ipinalagay ng kanyang nilapitan na hindi niya kailangan ang hanapbuhay yayamang siya'y may sapat na ikinabubuhay. Ipinagtapat din niya na naisip na niya ang lahat ng paraan upang mabuhay nang marangal—kumita ng ikabubuhay ng kanyang sarili at gayon din ng kanyang mga anak at asawa—subali't nasayang ang lahat ng kanyang pagpupunyaging makakita ng pagkakakitaan. Madalas na raw siyang magparaan ng oras na hindi kumakain kahi't ano at gayon din ang kanyang mga anak at asawa, kaya madalas na siyang sagian sa ala ala ng hindi ma-

(May karugtong sa tiping 4)

SAKDAL

Nagtatag: BENIGNO RAMOS (Ben Ruben)

Pahayagang Lingguhan na walang Pañginoon kundi ang Bayan
Pangsamantalang Tagapamahala: MARCELINO TENORIO

Tanggapan: 2326 Juan Luna, loobang 15, Gagalañgin, Maynila

LUMALABAS TUWING SABADO NG UMAGA

Pauná ang bayad sa pagpapadala. Sa Pilipinas: ₱2.50 sangtaón; ₱1.50 sa kalahating taon. Sa E. U. at Haway: $2.00 sangtaon; $1.50 sa kalahating taon. Sa ibang Lupain: $2.50 sangtaon at $2.00 sa kalahating taon.—5 Sentimos bawa't sipi.

Lahat ng liham at pagbabayad ay ipadala sa ngalan ng aming Pangsamantalang Tagapamahala. Hindi kami nagsasauli ng anomang palathala, malagay man o hindi. Tungkol sa mga palathala ay ipinamamanhik naming sikaping maging maikli, upang mapagbigyan ang ibang katulong.—*Pangasiwaan.*

SARILING DIWA

LALONG NAGPAPATIBAY...

Ang mga bagong pangyayari sa China, katulad ñg pagdagsa ñg libolibong mga kawal na japones, maging sa hilagá at maging sa timog, at ang kapinsalaang nangyayari sa mgá kapakanan sa pangañgalakal ñg Estados Unidos at Inglaterra, ay siyang lalong nagpapatibay sa paniniwalá ñg mgá Sakdalista na ang mga simulain nila'y siyang talagang naaayon sa lakad ñg panahon.

Sinabi ñg mgá Sakdalista na lalaganap at lalaki ang mgá kaguluhan sa Dulong Silañgan at ito'y sapilitang sasaklaw sa Pilipinas hangga't hindi lumalayá, at dahil diyan ay kailañgang mahiwalay ang Pilipinas sa Amerika bago dumating dito ang apoy ñg kaguluhan. Ano ang nangyayari ñgayon? Ang dating anino lamang ñg pagiging pangdaigdig ñg mga kagusutan ay isá nang katotohanan ñgayon. Katunayan: Nariyan at tumututol na ang Amerika at Inglaterra sa pagdagsa ñg mga kalakal japones sa hilagang China. Dito'y ang kalakal lamang ang nagiging kasangkapan, ñguni't ang katotohanan ay ang pagdagsá ñg di mabilang ñg mgá kawal ang nakababahalá sa America't Inglaterra pagka't sa sandaling lubos na makapangyari ang mga Japones sa China ay mapaparam na katulad lamang ñg ulap ang kapangyarihan ñg mga Amerikano at mga Ingles na nagkukubli sa likuran ñg ilang pinunong Intsik. Samakatuwid ang dating nagkukubli ay lumantad na ñgayon, na, ang ibig sabihin ay hindi na birubiruan ang pagtutunggalian kundi totohanan na.

Walang pagbabago sa China na may uring pangkabuhayan at pangpamahalaan na hindi kasasangkutan ñg Amerika pagka't kung baga man at pailalim lamang ang panghihimasok ñg Estados Unidos sa mgá suliranin ñg China ay sumasaklaw naman ang panghihimasok na ito sa lahat ñg sañgá ñg pamumuhay ñg mga Intsik. Walá rin namang pangyayari sa Dulong Silañgan na kasasangkutan ñg Amerika na hindi kasasangkutan ñg Pilipinas pagka't ang Pilipinas ay sakop ñg pamahalaan sa Amerika.

Ang mga kagusutan ay palubhá nang palubhá, at ang japones naman ay nagpapakilala ñg isang kapasiyahang magpatuloy sa kanilang mgá hakbang sa ibabaw ñg lahat ñg pagtutol at paghadlang. Ang wiká ñga'y walang kaurong-urong ang kanilang lakad at kung may hahadlang ay sapilitang lalakdawan kung hindi man yurakan. Sa harap ñg ganyang kalaking pañganib na nagbabalá ay hindi makagalaw ang mga Pilipino sa kanilang sarili. Ang lahat ñg galaw nila'y pagsunod lamang at pakikibagay sa galaw ñg Amerika. Ang marapat sana'y mahiwalay na ang Pilipinas sa Amerika bago magsiklab ang namimiñgit na mgá labanan upang masarili ñg mgá Pilipino ang paggamit sa kanilang kaunting lakas pagka't kung lalaganap ang ligamgam at tayo'y nasa ilalim ñg ibang kapangyarihan ay hindi lamang mahahati kaipalá kundi masasarili pa ñg Amerika ang paggamit sa lakas na iyan.

MAGAGAWA NGUNI'T HINDI MASABI

Maraming tanyag na mgá pulitiko ang nagsasabing kundi man nilá masabi ang pagkatig sa mga Sakdalista ay gagawin naman nilá ang pagkatig na iyan. Hindi katakataka...!

Ang karaniwang palagay ay maraming bagay ang kayang sabihin ñguni't hindi kayang gawin. Nguni't hindi rin naman maikakait na may mga bagay na magagawá ñguni't hindi kayang sabihin. Maraming nagnanakaw (sa iba't-ibang paraan), subali't noong bago gawin ang pagnanakaw o pagkatapos gawin ay hindi maaáring sabihin ñg isang marunong magnakaw na siya'y magnanakaw o kaya'y nakapagnakaw na. At ganyan ang nangyayari sa maraming pulitiko.

Hindi nila masabing mali at masamá ang maraming hakbang ñg kanilang mga kasama, ñguni't sinasabi nilang may araw na ang hindi nila masabi ñgayon ay kanilang gagawin, alalaong baga ay ipakikilala nila sa gawá ang pagputol sa mgá maling gawi ñg kanilang mgá kauri. Kay linis na katusuhan! Sa sandali ñga namang lumambot ang lupang tinutuntuñgan nila ay lulundag sila kung saan inaakalang malalagay sa panatag. Sa gayon ñga naman ay mapalilitaw na nilang ang hindi nila masabi ay kanilang nagawá. Abañgan ninyo ang ganyang mgá tao at "ilagay sa lalong panatag na kalagayan."

PATULOY ANG PAGLUBHA...

"Patuloy ang paglubhá ñg pagdadahop."

Ganyan ang sinasabi ñg pagdami ñg nakawan, harañgan at patayan. Tilá baga maaári nang sabihin na tumutuntong na tayo sa isang kalagayan na hindi na kayang pañgalagaan ñg mgá alagad ñg pamahalaan ang buhay at mgá ari-arian ñg mgá mamamayan. At hindi lamang hindi na kayang pañgalagaan kundi walá pang ginagawang hakbang upang magawá ang pañgañgalagang iyan. Tila walang kayang pañgalagaan ang mgá alagad ñg pamahalaan kundi ang kanilang sarili at ang kapakanan ñg ilang malalaki o kaya'y talagang iyan lamang ang adhiká nila sa kanilang pananatili sa loob ñg pamahalaán. Kung iyan ang katotohanan ay masasabi rin natin na pumasok na tayo sa isang panahon na lalong maselang—na, higit na maselang kay sa mgá nagdaang panahon.

Ang pagdagsá ñg maraming bigas Saigon ay lalong nagpapalubhá sa hapdi ñg kalooban ñg mgá nagugutom. Nakapagtataká, ñguni't siyang katotohanan. Ang maysakit ay mananatili na lamang sa pagtitiis kung nalalaman niyang walang sukat makagamot. Ganyan din ang nagugutom—mananatili na lamang sa pagtitiis ñg gutom kung nalalaman niyang walang mapagkukunan ñg kanyang makakain.

Maraming bigas na inaangkat sa Saigon, at sangayon sa mga taong pamahalaan ay inilalaan iyan sa mgá walang makain. Subali't hindi ito ipinahihiñgi kundi ipinagbibili, at gaano mang kamurá ang halaga, kung walang ibibili ang mgá dukhá ay hindi rin sila kakain. Hindi kayá maáaring mahulaan natin ang mga mangyayari kung dumami nang dumami ang mgá nagugutom? Magisip-isip kayo hanggang may panahon...!

KAUNTING BILIS SA PAGUNAWA...

Ang balak na magpadala ñg mga kinatawan sa Amerika upang siyang humarap sa panayam sa kalakalan na ihahanda ni Murphy ay isang tunay na kaululan kung hindi man kabaliwan. Sinosino ang kakatawan at alin-aling bansá ang kakatawanin sa nasabing panayam? Ang kakatawan sa Pilipinas ay mgá tauhan ñg pamahalaang Amerikano (commonwealth of the United States) at ang kakatawan sa Estados Unidos ay mga tauhan din ñg pamahalaang Amerikano (United States Government). Isang alipin at isang pañginoon—isang gapos sa gumapos sa kanya! Maaári kayang maghari ang pagkakapantay sa mgá paguusap? Hindi kayá ang mangyayari ay katulad lamang ñg isang maikling dulá na may nagbubulong ñg bawa't sabihin ñg dalawang panig? Ano pa ang kahulugan ñg pagpapadala ñg mgá kinatawan sa ganyang uri ñg panayam? Bayaan na lamang magpatibay ang Congreso ñg Estados Unidos ñg bawa't batas na kanyang maibigan ukol sa pagpapadala ñg mgá kalakal sa Pilipinas yayamang magkaroon man ñg panayam ay walang maghahari kundi ang gusto ñg Amerika.

Ang gagawing panayam na iyan ay maaáring magbunga ñg masamá nguni't hindi magbubuñga ñg mabuti ukol sa Pilipinas. Walang makikinabang diyan kundi Amerika.

Alalahanin nating ang isa sa mabibigat na suliranin ñg Congreso ñg Estados Unidos ay ang paglunas sa panghihina ñg mgá kalakal Amerikano sa Pilipinas pagka't tinatalo ñg mgá kalakal japones. Hindi makapagpatibay ñg batas ang Congreso na nagbabawal o nagbabawas sa mgá kalakal japones na pumapasok sa Pilipinas pagka't nalalaman ñg Amerika na kung ito'y kanyang gagawin ay gaganti ang Japon kahi't sa pamamagitan ñg lakas. Dahil diyan ay matitiyak natin na ang isa sa mgá layunin ñg panayam na iyan ay ang pag papatibay ñg isang kunwa'y kasunduan na nagpapataw sa mgá Pilipino ñg isang mabigat na tungkulin na sa pamamagitan nito'y pipiliting mamatay o manglupaypay ang pañgañgalakal ñg mga japones sa Pilipinas. Kung ganyan ang mangyari ay magkakaroon na ñga naman ñg matuwid ang Amerika na magsabi ñg: "hindi kami ang may gusto niyan kundi ang mgá Pilipino, at walang matuwid ang mga japones na pumilit sa mga taong ayaw tumangkilik sa inyong mgá kalakal". Bakit natin aakuin ang Amerika sa kanyang mgá pananagutan? Bayaan natin siyang managot sa mgá bagay na kanyang pinakikinabañgan. Ang dapat mangyari ay panagutan niya ang lahat ñg nangyayari sa Pilipinas pagka't siya ang nakasasakop sa atin.

Kung hindi makatiis ang Japon sa ginawang katusuhan ñg Amerika at ang maisipan ay sumalakay na rito nang walang abog-abog ay sasabihin naman ñg mga Amerikano na: "hayan, hindi pa namin kayo iniiwan ay binabanatan na kayo ay di lalo na kung kayo'y aming iwan?"

Sanayin natin ang ating sarili sa pagkilala sa ugali ñg mga puti pagka't kayá nila tayo naaalipin ay dahil sa kabagalan nating umunawá sa kanilang mgá ginagawá. Bago nila gawin ang isang bagay ay inihahanda na muna nila ang kanilang imamatuwid at bago sila lumakad ay ipinahahawan na muna ang dadaanan. Hindi sila ang gumagawá ñg paghahawang iyan pagka't ganyang talaga ang mga duwag. Binabayaan nilang ibá ang mamuhunan at sumuong sa mgá pañganib. Walá silang kayang gawin kundi ang sumakmal sa pinagpaguran ñg iba.

LIMBAGAN NG
"DIA FILIPINO" PRESS. INC.
Gawaan ñg mga titik at madlang kagamitan sa Imprenta
Telepono 2-14-30 933 R. Hidalgo, Maynila
(SAKDAL—JUNIO 6,, 1936)

Kidlat Sa Tag-Araw...!

Sa Kalupi ni ROBESPIERRE

("Kapag ang baya'y natutong umalam sa salaping nilulustay ng kanilang mga pinuno, ay saka pa lamang siya nararapat sa biyaya ng kalayaan")—Leo Tolstoy ama ng diwang Bolsibik sa Rusya.

* * *

Tila unti-unting napupunit ngayon ang dilim sa buhay
Na dati'y may sapot ng kapighatian;
Ngayo'y tila mandin silahis na biglang nagkaron ng kulay
Na sa maliliit ay nagsilbing ilaw...
salamat at nipot ang dakilang diwang ang nasa isipa'y
Ilagpak ang putik na diyos-diyusan.

* * *

Oh, talagang kapag nais na nang Diyos ang baya'y lumaya
Ay nagsipot-sipot ang maraming tala;
Ito'y walang iba kundi simulaing dakilang-dakila
Na nahihiyasan ng magandang nasa...
Ito'y parang *tadyang na ginawang sulo* sa gabing payapa
Upang ipanilaw sa mga masiba.

* * *

Ngayo'y unti-unting nangahahawi na ang kimpal ng ulap
Na sa ating lañgit ay lumalaganap,
Pagka't sa panahong ito'y marami na ang nakatatatap
Sa mga balighong layuni't palakad...
Ang mabuti ngayo'y laplapin ng bayan ang bulok na sugat
Nang hindi magtiis ng malaking hirap.

* * *

Mulat na ang bayan, at maituturo ng kanyang daliri
Kung sino ang mga taksil pa sa lahi;
Sa hanay ng mga pulitiko ngayo'y mahirap pumili
Nang di nagpayaman at di nanakali...
Habang itong baya'y lalong nabibigti sa pagkakatali
Sila nama'y pawang nagbubuhay hari.

* * *

Sa guni-guni ko'y aking nakikitang ang baya'y lalaya
Pagka't kay dami na ang nagpapasasa;
Oh, talagang ganyan, kapag natuto nang baya'y umunawa
Sa kanyang salaping napapanganyaya,
Ay saka pa lamang siya nararapat sa gintong biyaya
Nang pagsasariling laong pinithayá.

* * *

Nakaguhit ngayon sa langit ng bayan ang talim ng kidlat
Na sa mga taksil ay masamang hudyat;
Unti-unti ngayong nananalaytay na sa kanilang ugat
Ang itim na dugo ng maruming hangad...
Oh, talagang itong kidlat sa tag-araw ay lubhang marahas
At naigugupo bawa't may kamandag.

Hunio 6, 1936.

Ang mga japones sa Davao at Mindoro ay hindi darami at hindi kakapal kung hindi sa kapahintulutan ñg gobierno amerikano sa Pilipinas. Sabihin ñgayon na nañgañganib ang Kasarinlan ñg Pilipinas dahil sa pagdagsa ñg mga japones na iyan ay maliwanag na sila rin ang gumagawa ñg nuno at sila rin ang natatakot. Ang totoo, kaya nila pinababayaang dumami ang mga japones sa Davao at Mindoro ay upang ipanakot sa atin. At ang mga Japones namang iyan ay pumapayag na gawin silang panakot sa pag-ibig sa kalayaan ñg mga pilipino.

Ang Kabayanihan at Katalinuhan ng mga Mangmang ay Wala sa mga Taong Tumuntong sa Paaralan

Sinulat ni Esteban Saquilayan

Sa bawa't sulok ng Kapuluan ay naririnig ang mga daing at himutok ng mga taong dukha at api, at sa bawa't panig ay napapansin ang pagiulupit, paghamak at pagkatas sa kabuhayan ñg mga dukha niyang mga mayayaman at malalaki. Samantalang sa kabilang dako ay namamayani naman ang pagnanakawan, na ang panig ng bayang naghihirap ang napipinsala, nguni't patuloy rin naman ang pagsasamantala ng mga matatalino at dambuhala sa politica. Ang lahat ng ito'y nagaganap sa ibabaw ng pamahalaang nakatatag na pinamamahalaan ng mga alipin at sapagka't, mga alipin, ang lahat ng gawin nito'y ipinalalagay nilang katalinuhan at kabayanihan na ukol sa bayan.

Katunaya'y ang mga nagpapanggap na ito na matatalino, ay nagsabi sa bayan na ang lahat ng bisio ay kanilang susugpuin, katulad ng huweteng, sakla, daes, monte atbp. datapuwa't, ang katagang "susugpuin" ay kabaligtaran pala ng katagang "magpapatuloy", dahil doo'y patuloy ang lahat ng bisio na malayang naglalaro sa ibabaw ng mga batas. Kung ito'y katalinuhan nga ayon sa parirala ng mga ito, bakit ang baya'y dumaraing at naghihimutok?

Aling panahon sa mga nagdaan ang nagkaroon ng dalawang yugto ng pintakasi (pasabong) sa mga sabungan ng lahat ng bayan, sa loob ng isang taon? Dito lamang kaipala sa taong ito ng 1936. Bakit? Sapagka't ikaw na mahirap na walang patawad sa larong ito, kahit na magdildil ng asin ang iyong mga anak at asawa. Sa pagsasamantala mo sa larong ito ay ikaw ang napagsamantalahan sa kadahilanang walang ibang inaatupag ang mga tusong marunong at mayayaman kundi ang sa lahat ng sandali ay isipin ang iyong kapanganyayaan.

Ang lahat ng gawaing ito gayon din ang iba pang kauri ng mga binanggit, ay nangangahulugan na, ang pamahalaang pinaganganasiwaan ng mga marurunong at ng mga mayayamang kasapakat nito, magbayad lamang ng licensia itong huli doon sa una, ito nama'y bagama't, siyang makapangyarihan ay pababayaan na ang lahat na iyan at sa gayon, tiyak ng ang kabuhayan ng mga maliliit ay pawang mauuwing lahat sa mga mayayaman at marurunong. Alin ngayon sa dalawang kataga ang tamang itawag sa mga taong ito kung hahatulan ng bayan ang ganitong kagagawan, katalinuhan ba ó kamangmangan?

Sa kabilang dako'y kung hahanapin naman sa mga ito ang damdaming makabayan, tinitiyak namin sa bayang walang matatagpuang damdaming katulad ng binanggit sa ganyang mga uri ng Pilipino. Itinuturing naming ganap na lalaki at tunay na bayani ang isang taong bagama't matalino'y hindi naman marunong magmahal sa buhay at sa tunog ng salapi alang-alang sa tinubuang lupa. Ang mga lalakeng marunong lumisan sa asawa at mga anak sa mga sandali ng pangangailangan ng bayan; mga lalakeng marunong magtanggol sa kapakanan ng marami kaysa sarili, iyan ang mga lalaking hinahanap namin sa bunton ng mga marurunong at mga mayayaman ngayon.

Sinasabi ng mga marurunong sa panahong ito na, ang taong alipin at mamamayan ng isang bansang sakop na pumasok ng paglilingkod sa pamamagitan ng pagiging kawal ng panginoon, ang taong ganito ay may ganap na kabayanihan. Itinuturing ng mga yaon at ng mga ito pa man na isang dakila at kapuri-puring gawain ang maglingkod sa bansang nakasasakop at kung masawi man sa pakikihamok, sa ibabaw ng kanilang kasawia'y itatayo naman sa pangalan nila ang bantayog. Kung ito nga ang kabayanihan sa kanilang pagpapalagay, sinasabi naming ito ang kabaliwang walang pangalan. Alipin kang maglingkod sa panginoon na walang hangad kundi ang ikaw ay purihin at dakilain,—iyan na ang talagang pagpapakabusabos at paglulublob sa lusak ng kaalipinan. Ganito ba ang kabayanihan?

Magsabi ang bayang ito kung sa papaanong paraan maaaring tawaging bayani ang mga matatalino at mayayaman ng bayang alipin at kung alin namang kabayanihan ang nagawa ng mga ito sa kapaanyuan ng buong lahi! Kung sa pasimula ng kanilang pagkakaroon ng kaalamang dayuhan at pagugit sa pamahalaan ng panginoon, ay may kabayanihan ng nagawa ukol sa bayan ang mga taong ito, tatanggapin naming kami'y bulaan sa aming sinasabi. Matuwid pang sabihin na, ang katalinuhan at kabayanihan ng mga marurunong at mayayaman sa panahong ito, ay kabayanihan sa salapi, sa pagsakyod, sikwat at kad-

(May karugtong sa tiping 3)

Kung Bakit Ayaw Unawain ang Adhika ng mga Sakdalista

Ibinabadha ng di Pagtanggap sa Panayam

Ang katotohanan, ilihim man ay lilitaw ding katotohanan, at ang matuwid, siilin man ay gigitaw ding matuwid. Kung bakit ay sapagka't ang kasinuñgaliñgan ay pangsandalian lamang katulad din ñg paniniil.

Noong una, ang mga Sakdalista ay ipinalagay na katulad din ñg mga pulitiko na kung kaya lamang lumahok sa halalan ay dahil sa tungkulin at kayamanan. Ang palagay na iyan ay naparam pagka't napatunayan ñg bayan na ang bintang na iyan ay doon tumatamá sa mgá nagbibintang.

Ipinalagay na mgá kumunista ang mga Sakdalista upang may pagbatayan sa paguusig at pagsirá sa karañgalan ñg mgá tapat sa kalayaan. Lumipas din ang paratang na iyan pagka't lumitaw ang katotohanan.

Ano naman ang paratang sa mga Sakdalista pagkatapos mabigo ang hañgad na masirá ang kanilang pagkakaisa sa paguusig ñg kalayaan sa pamamagitan ñg paninira ñg mga sañgasañgang dilá? Pinalilitaw na ang mga Sakdalista'y mga manggugulo, kaaway ñg katahimikan at katiwasayan ñg bayan, kalaban ñg pamahalaan, mapangwasak, di kanaisnais atbp.

Upang ang mga paratang na iyan ay kanilang mapasinuñgaliñgan ay minarapat ñg mga Sakdalistang magpaliwanag at makipagunawaan, ipaliwanag ang kanilang mga hañgarin at ang kahulugan ñg kanilang paninindigan. Upang iyan ay magawá nila at mabatid naman ang maging pasiya ñg pamahalaan ay sinikap nilang makapanayam ang Pangulong Quezon, ñguni't ang hañgad nilang ito ay nabigo pagka't hindi lamang hindi sila pinahalagahan kundi hindi pa pinahalagahan ang kanilang karapatan sa pagka mamayang Pilipino.

Naniniwalá ñgayon ang mga Sakdalista na kung kaya hindi silá binigyan ñg pagkakataong makapanayam ang Pangulong Quezon ay nang huwag magkamatuwid ang mga Sakdalista sa pagsasabing wala sa matuwid ang palagay ñg mga taong pamahalaan. Nguni't iba naman ang pagkakilala ñg mga Sakdalista.

Ang palagay ñg mga Sakdalista ay lalo silang dapat magpatuloy sa kanilang mapayapa at makataruñgang kilusan hangga't nagwawalang-bahalá ang pamahalaan sa karapatan ñg mga dukhang mamamayan; lalo silang dapat magsikap na maibandilá ang katotohanan hangga't ang katotohanang ito ay inalilihim; at kailañgang lalong sikaping mapagitaw ang matuwid hangga't ang matuwid na ito ay niyuyurakan. Manapa'y mawawalan ñg matuwid ang mga Sakdalista kung pagkatapos na sila'y magpaliwanag ay nalaman nilang kung ano ang adhika nila'y siya ring adhika ñg mga umuugit ñg pamahalaan. Nguni't ang pangyayaring hindi man lamang silá pinahalagahan ay siyang maliwanag na saksi na saluñgat ang mga umuugit ñg pamahalaan sa kanilang mga adhika.

Ano ang ginawá ñg mga Sakdalista?

Ang hindi nila nasabi sa Pangulong Quezon ay ipinahayag nila sa bayan sa pamamagitan ñg pahayagan at bahala na ang bayan upang siyang humatol at magpasiya.

Paano kaya mapaniniwalaan na kaaway ñg katiwasayan ñg bayan ang mga Sakdalista samantalang ninanais nilang madulutan ñg kasaganaan ang mga dukhá—madulutan ñg sariling hanap-buhay, sariling tahanan at sariling lupá? Paano kaya mapaniniwalá ang isang may matinong pagiisip na kaaway ñg katahimikan ang mga Sakdalista samantalang hinahañgad nilang mapalayá ang lupang tinubuan?

Ang pananakop ñg isang bayan ay pagnanakaw, panglulupig at pagsasamantalá. Sa kalagayang ito ay sino kaya ang tunay na kaaway ñg katahimikan at katiwasayan? Ito kayang nagnanakaw, nanglulupig at nagsasamantala o ito pang pinagnanakawan, nilulupig at pinagsasamantalahan?

Ang isang bayang sakop at pinagsasamantalahan ay maáaring mapatahimik, ñguni't katulad lamang ñg isang bilanggo na laging walang kibo, paminsanminsan ay tumatawa, ñguni't mahahaká na ñg kahit sino na wala siyang laging iniisp kundi ang makalaya. Samakatuwid ay laging may lihim na haka ang isang taong nasa ganyang kalagayan na siya rin nanang kalagayan ñg isang bayang sakop. Iyan baga ay tahimik.

Ang mga Sakdalista'y ayaw ñg katahimikang paimbabaw at ayaw ñg tawang pinañgañganluñgan ñg lihim na pagbabanta. At iyan ang tunay na naghahañgad ñg likas na katahimikan at katiwasayan.

Magtiis Nguni't...

Kung walang hirap ay walang pagtitiis at kung walang pagtitiis ay walang tagumpay. Kaya ano ang kailañgán sa ganitong pangyayari na ating nadadama sa ñgayon?

Noong una, sa mga tubigan ang pag-aani ay para sa lahat nguni't ñgayon ay kung sino lamang ang ibig papag-anihin nang mayamang may lupa o kaya'y kung sino ang kaututang-dila nang nakikilaking magsasaka ay siya lamang nakapag-aani. Nagtitiis magpitis ng tiyan, makasunod lamang sa pañgañgailangan nang pamahalaan upáng maging mabuti daw mamayan, ñguni't ikaw pa rin ang sasamsaman nang mga kagamitang buhatin sa bahay, at katapustapusan, kung wala ka nito (kasangkapan) ay pati saplot mo sa katawan (salawal) kung hindi makabayad sa sedulang tatak nang pagkaalipin ay samsam-pati, ay ano ang matibay na kalasag? Pagtitiis!

Ngayong mataás ang halaga nang bigas nguni't walang pagkakitaán ng maibibili ay ano ang mabisang sandata? At ano ito bayan? Nagtayo nang lupon sa bigas ang ating mga patnugot Bansa upang malunasan daw ang ganitong tagbisi nang panahon ukol sa mga dukha, ñguni't nalunasan baga ang pamamayani nang gutom? Ikaw bayan ang makasasagot.

Kung sa ganitong pamamayani nang kasalatan ay may mangyayaring mga nakawan, harangan, dambuñgan, o anumang kaguluhan ay sa tahimik na mamamayan (Sakdalista) ibabagsak ang pinakamalupit na parusa nang batas. Ano ito? Ito'y ilang kawing lamang nang tanikala ng pagkaalipin na inihahambalos sa ating mga gulugod.

Kaya ano ang kailangan?

Magtiis... magtiis, ñguni't lantad ang noo at itaya ang dibdib sa paglalaban nang katuwirang tungo sa madaliang ikatutuklas nang Ganap na Katubusan.

—Pablo R. Evangelista

SARILING WIKA AT PAG-IBIG SA BAYAN

Sinulat ni Victor de los Reyes

(Katapusan ng sinundang labas)

"—Hindi, hindi po ginoo,—ang pakumbabang sagot ni Basilio,—hindi po ako humahalukipkip, ako'y gumagawa na gaya ng paggawa ng iba upang maibangon sa labí ng nakaraan ang isang bayan na ang kanyang mga tao'y nagtutulungan at ang bawa't isa sa kanila'y dumadamdam sa sariling budhi't kabuhayan ng kalahatan. Nguni't kahi't anong sigabo ang taglayin ng mga tao sa ngayon ay nakikilala naman na sa malaking gawaang bayan ay dapat magkaroon ng paghahati-hati ng gawa; pinili ko ang aking gagawin at tinungo ko ang karunungan.

"—Ang karunungan ay hindi siyang hantungan ng tao—ang wika ni Simoun."

"—Siya ang tinutungo ng mga bansang lalong bihasa."

"—Oo, nguni't parang isang kaparanan lamang sa paghanap ng kaligayahan."

"—Ang karunungan ay siyang walang paglipas, lalong kagalingan ng katauhan, lalong ukol sa sangsinukob—ang sagot ng binata sa isang sulak ng kalooban.—Sa loob ng ilang daang taon, pag ang katauhan ay matalino na't nahango sa kinalalagyan sa ngayon, pag wala na ang mga lipi, pag ang lahat ng bayan ay pawang malalaya na, pag wala ng alipin at umaalipin, sakop ng bayan at nakasasakop, pag ang naghari ay isang kapangyarihan na lamang at ang tao'y naging namamayan ng sanglupalop, ay walang malalabi kundi ang pananalig sa karunungan, ang salitang pagibig sa bayan ay magkaroon ng kahulugang dalubhasang pananalig at ang sa panahong iyan ay magbunyag ng kanyang taglay na pagibig sa bayan ay marahil kulungin na waring isang mapanganib na may sakit, isang manggugulo sa pagkakasundo ng lahat."

Si Simoun ay napangiti ng malungkot.

"—Oo, oo—ang wikang iniiling ang ulo—datapuwa't upang sumapit ang gayong kalagayan, ay kailangang huwag magkaroon ng mga bayang manggagahis, ni mga bayang mangaalipin, kailangang ang tao'y malaya saan man pumaroon, matutuhang igalang sa karapatan ng iba ang kanyang sariling pagkatao, at upang mangyari ito'y kailangan munang magsabog ng maraming dugo, ang pagtutunggali'y kailangan... Upang daigin ang matandang pananalig, na sumisiil sa mga budhi, ay kinailangang ang marami ay matupok sa apoy, upang sa pangingilabot ng budhing bayan ay ihayag na malaya ang budhi ng bawa't isang tao. Kailangan din naman na ang lahat ay tumugon sa katanungang sa araw-araw ay ginagawa ng bayan na inilalahad sa kanila ang kamay na nakatanikala. Ang pagibig sa bayan ay magiging pagkakasala sa mga bayan lamang na manglulupig sapagka't ang pagnanakaw naman ay lalagyan ng isang mainam na pangalan: nguni't kahi't maging wastong-wasto na ang katauhan ay magiging isang kabanalan din ang pagibig sa tinubuan, sa mga bayang sakop, sapagka't sa lahat ng sandali'y may kahulugang pagibig sa katwiran, pagibig sa KALAYAAN, pagibig sa karangalan. Ang kalakhan ng isang tao'y hindi na magpauna sa kanyang kapanahunan, na hindi naman mangyayari, kundi ang hulaan ang kanyang mga adhika, tugunan ang kanyang mga pangangailangan at turuan siyang magpatuloy sa lakad. Ang mga 'genio' na inaakala ng karamihan na nagpauna sa kanilang kapanahunan, ay namamalas lamang na gayon sapagka't, tinatanaw silang mula sa malayo ng mga sumusuri, o inaakalang daang taon ang buntot na [illegible] ng mga nahuhuli."

Si Simoun ay tumigil. Nang malamig na kaluluwang iyan, ay gumamit ng ibang pangangatwiran, at tumanong na iniba ang pagsasalita.

"—At sa ala-ala ng inyong ina at kapatid, ano ang ginagawa ninyo? sukat na ba ang sa taon-taon ay pumarito at tumaghoy na wari'y babae, sa ibabaw ng libingan?"

At tumawa ng pakutya.

Tumama ang tudla; si Basilio'y nagbagong anyo at humakbang ng isang hakbang.

"—Ano ang ibig ninyong gawin ko?—ang tanong na nagngangalit.—Walang pagkunan ng kailangan, walang katangian, matatamo ko baga ang katwirang laban sa mga pumatay sa kanila? Isa pa akong masasawi, at madudurog akong kagaya ng kaputol na salaming ipukol sa isang batong buhay. Ah, masama ang ginawa ninyong ipaala-ala pa sa akin sapagka't, iya'y isang walang kabuluhang pagtangki sa sugat."

"—At kung ihandog ko sa inyo ang aking tulong?"

Iginalaw ni Basilio ang ulo at nag-isip.

"—Lahat ng pagtatagumpay ng katwiran, lahat ng higanti sa lupa, ay hindi makapagbibigay-buhay pang muli sa isang buhok man lamang ng aking ina, hindi makapagpapasariwa ng isang ngiti sa mga labi ng aking kapatid? Matulog na silang mapayapa.... ano ang mahihita ko kahi't maghiganti?

"—Iwasan na tiisin ng iba ang inyong tiniis, upang sa susunod ay maiwasang magkaroon pa ng mga anak na pinatay at mga inang napilitang maulol. Ang pagpapaumanhin ay hindi laging kabaitan, siya'y kasamaan pag naguudyok sa paniniil; walang mangaalipin doon sa walang napaaalipin. Ay, ang tao'y sadyang may kasamaan, na kailan ma'y nagpapakalabis pag nakakatagpo ng umaalinsunod: Gaya ninyo'y ganyan din ang paghahaka ko, at alam ninyo kung ano ang aking sinapit. Binabantayan kayo gabi't araw ng mga may pakana ng inyong kasawian; Naghihinalang kayo'y nagaantay ng isang sadyang panahon; inaakalang isang mahigpit na hangad na makaganti ang inyong pagpupunyaging matuto, ang inyong hilig sa pagaaral, sampu ng inyong pananahimik... Ang araw na magagawang kayo'y pawiin ay papawiin kayo na gaya ng ginawa sa akin, at hindi kayo papayagang lumaki, sapagka't kayo'y kinatatakutan at kinamumuhian."

"—Kamuhian ako? Kamuhian pa ako matapos ang masamang ginawa sa akin—ang tanong na pamangha ng binata."

Si Simoun ay humalakhak.

"—Katutubo ng tao ang mamuhi doon sa inapi niya, ang sabi ni Tacito na pinatibayan ang 'quos loeserunt et oderunt'ni Seneca. Kung ibig ninyong masukatan ang mga ginawang pang-aapi o kabutihan ng isang bayan sa kapuwa, ay wala kayong ibang dapat gawin kundi tingnan na lamang kung kinamumuhian o minamahal. At sa ganyan ay naliliwanagan na kung bakit ang ilang yumaman dito, mula sa mga matataas na katungkulang ginanap, ay pawang pagalimura at pagalipusta ang ipinatutungkol sa kanilang pinahirapan, pagbalik sa Espanya (America), Proprium humani ingenii et odisse quem loeseris.

"—Datapuwa'y kung ang mundo ay malaki, kung binabayaang matahimik sa kanilang kapangyarihan... Kung wala akong ibang hinihingi kundi ang gumawa, bayaan akong mabuhay..."

"—At magkaroon ng mga anak na mapayapa na pagkatapos ay ilalaan sa pahirap,—ang patuloy ni Simoun na pakutyang ginayahan ng pagbigkas ni Basilio ng mga salita.—Kay inam na kinabukasan ang inihahanda ninyo sa kanila, at pasasalamatan sa inyo ang isang kabuhayang pawang pangangayupapa at paghihirap! Mabuti, binata! Pag ang isang katawan ay hindi na kumikilos ay hindi na kailangang siya'y patibayin. Dalawang pung taong ganap na pagkaalipin, na pangangayupapang walang likat, walang hulaw na pagkakaratay, ay nakalilikha sa kaluluwa ng isang pag-[illegible] isang araw. Ang mabubuti o masamang kalooban ay ninamana at nagkakasalin-salin sa mga magulang at mga anak. Mabuhay na ang inyong kaiga-igayang mga paghahaka, mabuhay ang pangarap ng alipin na walang hinihingi kundi kaunting bunot na susat maibabalot sa tanikala upang mapigilan ang kalansing at ng huwag masugatan ang kanyang balat! Ang hinahangad ninyo'y isang tumitung tahanan na may kaunting kaluwagan; isang asawa't kaunting bigas; iyan ang lalaking pinakamagaling sa Pilipinas! Siya, kung ipagkakaloob sa inyo ang bagay na iyan ay sukdulan na ninyong kayo'y mapalad."

Giliw na bumabasa, nilagot kong sadya ang paguusap ng dalawa ni Basilio at Simoun sa dakong ito ng kabanata. At hayan ang makabayang diwa ng martir natin sa Bagongbayan!

Kung kayong tumutunghay sa talatang ito na isinipi ko sa aklat ng FILIBUSTERISMO ni Dr. Jose Rizal, ay kapatid ko sa Simulain, sa pagkaalam kong kayo ay tumutugon sa dakilang adhika ng pagibig sa bayan, gayong sa lahat ng bagay, [illegible] ng higit sa inyong ginagawa sa ngayon.

At...Kayo, kayong mga nagpapanggap na hari at prinsipe ng balagtasan; kayong nagsasabing ama ng wika; kayong mga makata at manunulat sa sariling wika; kayong mga nobelista at kwentista; kayong dramaturgo sa wika ng ating ina at kayong mga guro at pantas sa akademiya ng wika, kayo...oo, ano ang inyong nagagawa sa kapakanan ng ating bayan? Hindi na kayo nahiya ni natakot man lamang sa ating mga bayaning dumadaliri sa inyong mukha, sa pamamagitan ng kanyang Filibusterismong kinaroroonan ng diwang tumutukoy sa sariling wika at pagibig sa bayan, gayong sa lahat ng sandali'y ang kadakilaan ng bayaning ito ang namimilaylay sa inyong mga labi? Mayroon baga kayong maituturo sa harap ng bayan na nagawa na ninyo sa kapaanyuan ng buong lahi? Makikisig kayo sa pananagalog datapuwa't bakit hindi ninyo makuhang pagtibayin ng mga kinatawan na, maging wikang pambansa ang wikang tagalog? Aminin ninyong pakitang tao o pagdusta sa bayani ang pagmamahal sa wikang sarili samantalang kabilang kayo sa pagpapatibay ng Commonwealth na sagisag ng kaalipinan ng bayang Pilipino. Kung mapait sa inyong sarili ang malayo sa kurdon ng mga banyaga, lupigin na kung lulupigin ang sariling wika, huwag lamang panaktan kayo ng sikmura subali't, matakot kayo sa kasaysayan; matakot kayo sa anino ng mga bayani at matakot kayo sa bayang susumpa sa inyo pag nagkataon.

Saka, mga maginoong mambabatas, mga taong matitino kung magpanggap, hindi na ba ninyo magawan ng paraan upang ang wikang tagalog ay maging wikang pambansa sa Kapuluan? Ang paggamit ng wikang hindi atin ay hindi katinuan sa harap ng bayan, iya'y kamangmangan at kaalipinan ng kanyang sarili. Ang akala ba ninyo'y pinupuri kayo ng bayang ito sampu ng bansang nakasasakop, sa paggamit at pagpapadalubhasa sa wikang Ingles at Kastila? Magmuni-muni kayo mga kababayan!

Kung sinabi man ng bayaning Rizal na: "Kabataan, nasa inyo ang pag-asa sa araw ng bukas."—ang pag-asang iya'y naglaho na. Bakit? Nagpapakadalubhasa ang kabataan sa karunungan at wika 5—Sariling wika at..... —G'cia ng dayuhan. Sinangayunan ninyo ang pagkaalipin sa pamahalaang Commonwealth. Matamis sa inyo ang wikang Ingles at Kastila na, mula sa paaralan, sa sasakyan at hanggang sa tahanan ay gumagamit kayo ng wika ng panginoon. Ang malambing na taguri sa ama't ina na, "tatay at nanay" ay pinalitan ng "papa at mama" at ang ganito'y itinulot naman ng tarantadong magulang. Nasaan ang inyong damdamin at bayan? Alipin at busabos. Saksi pagiisip? Ano kayo sa harap ng ang kasuotan, ang kabarutan na nakahihiya sa Diyos at sa bayan.

Kaya, mahiya kayo sa mga bayani; mahiya kayo sa sarili. Walang pagsulong kung tayo ay alipin at walang kabihasnan kung nasasakupan.

Mayroong katutubo ang lahing ito at iyan ang ating mahalin, igalang ng dahil sa Diyos at sa bayan.

Lalagyan Ng...

(Karugtong ng nasa tiping 1)

ano ang masasabi nang mga taga ibang bansa...! Ah, lubhang balintuna ang takbo nang panahon sa kasalukuyan sa Pilipinas...! Ang puti ay puti at ang kayumanggi ay kayumanggi. At marahil ay mapagtitibay sa kalooban ñg mga taga pamahalaan na huwag nangang umalis sa pamahalaan nang ibang bansa

Ang Pilipinas ay hindi na dapat kumilala nang utang na loob sa mga taong nabanggit, lalong-lalo na sa España, sapagka't huwag ang pagkasakop ng España rito sa ating bayan disin sana'y isang bansang malaya ang Pilipinas at kasalukuyang niyuyukuran ñg mga bansa sa kanluran na katulad ñg Japon sa kasalukuyan. Ano ba ang naidulot nang España sa ating bayan? Wala kung hindi ang mabansot ang ating kabihasnan at mahutok ang paniniwala ñg bayan sa santong mapagmilagro na ang minimilagrohan ay ang salapi ni Juan de la Cruz.

Itong Filipinas at ang mga mamamayan dito'y pawang maibigin sa kabutihan ñg pagsulong nang kanilang kabuhayan. Ang pilipino ay hindi mauunahan ñg ni kahit sino kung sa ñgalan nang kabutihan ang paguusapan. Huwag ang Praile at ang pamahalaang kastila ay nagpasasa sa katas natin ay sigurong ang kahit aling bansa sa boong sangdaigdig ay hindi maaring makagiri sa atin bayan kahit na saang kabutihan paraanin. Katunayan; ang Hapon sa kasalukuyan ay siyang kinikilala na pinakamalakas palibhasa'y walang nakabatuta at nasarili ang takbo ñg pamahalaan at lubhang maibigin sa kabihasnan. Ito mang Filipinas ay gayon din sana huwag lamang ang mga kastila at Praile.

Ano ang religion sa atin...! Ngayon ba at nakapagdala ñg religion dito ang kastila ay masasabi bang iyan ay utang na loob natin? Mahanga'y pa nga ay masasabi ko na ang religiong ito ang nakabansot sa ating kabihasnan. Bakit ba ang Hapon sa kasalukuyan; ang religion nila ay hindi katulad nang religion natin, sila'y naniniwala sa kay Buda. Bakit sila may kabihasnang pangbihira ang pagkasulong?

Kaya ko nasabi ang ganito ay sapagkat may balak na ilagay ang mga larawan ñg mga taong siyang maykagagawan ng ating pagkaalipin sa silid ng Gobernador Heneral sa Pilipinas, bagay na lubhang kapunapuna.

—Toribio A. Gatdula

Mga Diwang Banal

Tinipon ni Kabo Rasul

Mga Aral ni Gat. ANDRES BONIFACIO

Ang kabuhayang hindi ginugol sa isáng malaki at banal na kadahilanan ay kahoy na walang lilim kundi damong makamandag.

@ @ @

Ang gawang magaling na buhat sa pagpipita sa sarili, at hindi sa talagang nasang gumawa ng kagaliñgan, ay hindi kabaitan.

@ @ @

Ang tunay na kabanalan ay ang pagkakawang-gawa; ang pagibig sa kapuwa; ang isukat ang bawa't kilos, gawa at panguñgusap sa talagang katuwiran.

@ @ @

Maitim man at maputi ang kulay ng balat, ang lahat ng tao'y magkakapantay: mangyayaring ang isa'y higtan sa dunong, sa yaman, sa ganda, nguni't di mahihigitan sa pagkatao.

@ @ @

Ang may mahal na kalooban ay iuuna ang puri kay sa pagpipita sa sarili, ang may hamak na kalooban ay iuuna ang pagpipita sa sarili kay sa puri.

@ @ @

Upang ipagtanggol ang usapin ng bayan ay di lamang ang lakas ng loob at tapang ang kailangan.

@ @ @

Pagkatandaang lagi, na, ang pagibig sa Dios ay siya ring pagibig sa tinubuan, at iyon din ang pag-ibig sa kapuwa.

@ @ @

Itanim sa inyong puso na ang tunay na kahalagahan ng puri't kaginhawahan ay ang ikaw ay mamatay ñg dahil sa ikaliligtas ng Inang Bayan.

@ @ @

Katungkulan ng lahat na ang nabibingit sa malaking kapahamakan sa pagtupad ng kanyang tungkulin, ay iligtas, sukdulang ikapariwara ng sariling buhay at kayamanan.

@ @ @

Sa taong may hiya, ang salita ay panunumpa.

@ @ @

Huwag mong sayangin ang panahon; ang yamang nawawala ay mangyayaring magbalik. Nguni't ang panahong nagdaan ay di na muling magbabalik.

@ @ @

Ipagtanggol mo ang inaapi at bakahin ang umaapi

@ @ @

Ang taong matalino ay ang may pagiingat sa bawa't sasabihin, at matutong ipaglihim ang dapat ipaglihim.

@ @ @

Sa daang matinik ñg kabuhayan, ang lalaki ay siyang patnugot ng mga anak. Kung ang umaakay ay patungo sa kasamaan—ang inaakay ay sa kasamaan din.

@ @ @

Ang babae'y huwag mong tingnang isang libangan lamang, kundi isang katulong at karamay sa mga kahirapan gamitin mo ñg buong pagpipitagan ang kanyang kahinaan, at alalahanin ang inyong ina na pinagbuhatan at nagiwi sa iyong kasanggulan.

@ @ @

Ang di mo ibig gawin sa iyong asawa, anak at kapatid, ay huwag mong gagawin sa asawa, anak at kapatid ng iba.

@ @ @

Ang kamahalan ng tao ay wala sa pagkahari, wala sa pagka matangos ng ilong, at puti ng mukha, wala sa pagka pari na kahalili (raw) ng Dios, wala sa mataás na kalagayan sa balat ng lupa. Wagas at tunay na mahal na tao, kahit laking gubat at walang nababatid kundi ang sariling wika, yaong may magandang asal, may isang pangungusap, may dangal at puri, di umaapi, yaong marunong magdamdam at marunong lumiñgap sa bayang tinubuan

Ang mga japones sa Davao at Mindoro ay hindi darami at hindi kakapal kung hindi sa kapahintulutan ñg gobierno amerikano sa Pilipinas. Sabihin ñgayon na nañgañganib ang Kasarinlan ñg Pilipinas dahil sa pagdagsa ñg mga japones na iyan ay maliwanag na sila rin ang gumagawa ñg nuno at sila rin ang natatakot. Ang totoo, kaya nila pinababayaang dumami ang mga japones sa Davao at Mindoro ay upang ipanakot sa atin. At ang mga japones namang iyan ay pumapayag na gawin silang panakot sa pag-ibig sa Kalayaan ñg mga pilipino.

Isang Pagtutuwid sa Nakaraang Lathala

Sangayon sa mga kapanalig na nagsadiya dito sa Patnugutan na buhat sa San Ildefonso, Bulacan, ay pinasisinungalingan ang balitang napalathala ng nakaraan na tumutukoy sa pulong panghalalan na idinaos sa Nayon ng Umpukan, ang paghahalalan ay naganap, datapua't ang ibang bagay gaya ñg pakikialam ng isang guro, ito ay hindi totoo; ang kadahilanan ñg munting lathalang ito ay upang ilagay sa tumpak ang mga bagay sa kaniyang dapat kalagyan.

—Ang PATNUGUTAN

Pulong Panglalawigan sa Kabite

Malugod na inaanyayahan ang lahat ng Sakdalista lalong-lalo na ang mga Pañgulo at pangalawang Pañgulo na pambayan at pang-Nayon ng mga lupong nakatatag sa buong lalawigan, sa pulong panglalawigang idaraos sa Dasmariñas, Kabite sa ika 7 ñg Hunio mula sa ika 8:34 ñg umaga.

Mahahalagang bagay ang pagpapasiyahan at dahil dito'y inaasahan ang lahat sa pagdalo. Sa tahanan ng kasamang Jacinto Remoto gaganapin.—LUIS JAVIER, Pangalawang Pañgulo, Lupon Lalawigan.

Ang kabayanihan...

(Karugtong ng nasa tiping 2)

yot nito sa kayamanan ni Juan de la Cruz at pagsakal sa lalamunan ng bayang naghihirap. Iyan ang tama at siya namang tutoo.

Sa ganitong pangyayari, katulad ng nadadama namin, maitutuning bagang katalinuhan at kabayanihan ang gawaing iyan ng mga taong ito, na nasabi pang nagsunog ng kilay sa pagaaral sa iba't ibang baitang ng paaralan na ang kinatutuhan lamang naman pala ay magsamantala at lupigin ang kanilang kababayan. Kung gayo'y may matuwid kaming magsabi na, higit na matalino at may damdaming makabayan ang mga taong hindi man lamang nakatungtong ng paaralan na, kung bagama't wala silang kaalaman sa mga aklat ay may sarili namang karanasan sa buhay. Dahil diya'y bago ang lahat, ang nalalaman nila'y ang bayan muna bago ang sariling kapakanan.

Iyan ang mga matatalino at bayani sa aming pagpapalagay. Samakatuwid, nasa mga mangmang ang kapaanyuan at KATUBUSAN ng ating bayan.

Payo at Mga Aral

Sinulat ni Bb. LUZ P. BAYLON

Ano ang ating ginagawa kung nagkakasunog? Hindi baga nagbabalot tayo upang sakaling maparamay ang ating tahanan, ay mailigtas naman ang ating mga damit? Nguni't sa buhay ng tao ay madalas magkasunog, datapuwa't hindi natututuhang iligtas ang sariling karangalan.—Na, natutupok at nagiging abo. Ibig kong sabihin: Marami ang nagpapakalasing at nasisilaw sa salapi, marami ang naging maliit ang puso at napasuhol, marami ang naglaro sa sariling karangalan at lalong marami ang nalilimutan ang pagmamahal sa angking pagkatao, kaya napakasangkapan sa pita ng iba. Iyan ay hindi tama. Ang inyong ilawan ay dapat papanatilihing maniñgas, upang kayo'y huwag mabalaho. Marami sa mga tao ang natisod at nabalaho, pagka't pinababayaang mangulimlim ang kanilang ilawan hanggang sa patuluyang mamatay.

Ang inyong sarili, kung kaya hindi matumpak at natutulad doon sa mga nasunugan, sa dahilang hindi natututuhang iligtas ang sariling mga kasangkapan at mga damit. Tayo'y hindi dapat mag-aksaya ñg panahon. Kailangang pag-aralan natin ng mataman ang mga nangyayari sa buong buhay ng mga tao.—Kung kaya tayo'y inaayop ng ating kapuwa, at kung kaya ang pagkatao'y laging inaabá ay dahil nga sa hindi natin karunuñgang gumamit ng hiyas ñg isip na sa ati'y kaloob ñg Maykapal.

Ilan diyan ang nagiging katawatawa? Ilan sa mga tao ang nawawalan ng katuturan? Bakit sila nagkagayon, bakit nga? Pagka't ipinalalagay na ang kanilang sarili ay aba at hamak, gayong kung susuriin sila ay katulad din ng iba na kanilang hinahangaan. Nariyan ang pagkakamali at dahil sa pagkakamaling iyan naman kung kaya nananatiling imbi at walang kakabukabuluhan sa mata ng daigdig.

At marami diyan,—bukod sa nagpapakaayop sa kanilang sarili ay napauulol pa at napabubulag. Iyan ang lalong imbi sa lahat ng gawi ng tao. Walang kailangang kayo'y kumain ng kanin at asin, walang kailangang magsuut ñg gulanit, huwag lamang maduñgisan ang hiyas ng inyong pag-iisip. Iyang pag-iisip ay siyang tunay na kayamanan ng tao. At ang may maliwanag na pag-iisip, ang may malinis na pagkukuro, ay siyang mawiwikang maligaya. Kaya marami sa mga tao ang nagiging katawatawa ay dahil sa kanilang hindi mabuting gawi. Sa halip na magpakatao at ihayag ang malinis na pagkukuro, ay di gayon ang ginagawi kundi napauulol sa kapuwa at napabubulag. Bakit kayo pauulol at pabubulag? Dahil baga sa kayo'y maralita? Dahil baga sa kayo'y walang maraming napag-aralan? Kung iyan ang magiging katuwiran, ay lalo kayong nagpapakababa sa inyong sarili. Hindi ngayo't maralita kayo ó kaya'y hindi nakapagaral ay paulol na at pabubulag na sa iba. Hindi. Kayo'y may hiyas ng pag-iisip na katulad ng sa iba na siya ninyong maipagmamalaki sa lahat ng sandali sa kabuhayan.

Iyang isip ay siya ninyong ilawan sa buhay. Kung madilim ang loob ng inyong bahay, hindi baga kayo ay nalulungkot? At ano ang inyong ginagawa kung kayo'y nadidiliman? Hindi baga ang unaunang naiisip ay ang humanap ng ilawan upáng ang dilim ay mawala? Kung iyan ang inyong ginagawa sa loob ng tahanan, bakit hindi rin siyang gawin sa inyong pagkatao? Ang inyong pagkatao ay walang iniwan sa isang bahay na nañgagañgailangan ng isang maliwanag na ilawan, at ang ilawang iyan ay walang iba kung hindi ang ating pag-iisip. Hindi nga matuwid na tayo'y magpabaya; hindi matuwid na ang hiyas ng pag-iisip ay pagkulimlimin, at lalong hindi matuwid na magpakaayop, paulol at pabulag sa iba.

Calauan, Laguna, K.P.

Kung Sino ang Manonood Lamang ay Siya Pang Naiinip

Sa mga panahong ito ay hindi lamang mga commonwelista ang naiinip sa pagdating ng Patnugot Ramos. Kung minsan ay langkaylangkay na mga Sakdalista ang dinadalaw ng kainipan. Ang mga mapagkurong mga comonwelista ay naniniwalang darating ang Patnugot, sapagka't ang pinagbabatayan nila ay ang hindi pagkamatay-matay ng Lapiang Sakdalista sa kabila ng mga pang-gigipit. Naniniwala sila na ang pagdating na ito ay siya ng katapusan ng lahat ng mga bagay na nakakikilabot na mga guniguni. Ang kalagayan ng ating Patnugot ang nagdudulot sa kanila ng ibang pangitaing nakasisindak, gayon man ay nananatili rin sila sa pagasang hindi sila pababayaan ng kanilang sinasambang Amerika.

Sa kabilang dako, ang mga naiinip na mga sakdalista ay sarisari ring mga kuro-kuro ang bumabagabag. Sinabi ko ritong ganito ang mga sakdalista sapagka't kasama na rito ang mga nakikisakdal. Nangaiinip sila at sa kanilang pagkainip ay mayroong nangagsasabing malalamig na ang Sakdal, ñguni't dinadalaw din ng gayong mga lupon sapagka't wala na silang pag-asa. Mayroon namang ang pagkainip ay lalong tinitimyasan ng pagibig sa kaniyang pagka-sakdal sapagka't ang pagkainip na yaon ay pagkauhaw sa mga banal na paglilingkod na siyang simulain ng ating lapian.

Ang lahat ng mga ito na lubhang naiinip sa pagdating ng ating Patnugot, maging commonwelista, sakdalistang pseudo at sakdalistang matitimyas ay hindi nakatatalos ng mga nangyayari.

Ang katulad natin ay isang kumpol ng mga tao sa harap ng isang tribuna na pagpapalabasan ng isang dula. Tayong mga manonood ay lubhang inip na inip sa hindi paglabas ng unang tagpo, nguni't ang hindi naiinip ay ang mga taong gaganap ng dula. Sapagka't sa atin ay may mga manonood lamang at hindi siyang ganap ng mga bagay na itatanghal kung kaya sila ay nañgaiinip.

—Anselmo M. Rivera
San Antonio, N. E.

Labag Sa Batas Ang Paniningil Ng Upa Sa Mga Tulay

Ganyan Ang Palagay Ng Mga Nabibigatan Sa Pagbabayad

Ang paniniñgil ñg upa sa mgá sasakyang nagdadaan sa mgá tulay ay malamang panggaliñgan ñg malaking salitaan sa hukuman pagka't may mañgisangisang ayaw magbayad kung sila'y sinisiñgil. Ang iminamatuwid ñg mga ito ay nagbabayad ñg lisencia sa Obras Publicas ang mga automobil at truck maging paupahan at hindi, at ang tsuper naman ay nagbabayad din ñg lisencia bukod pa sa piso na idinagdag sa sedula ukol sa mga lansañgan at mga tulay. Pagukulan natin ñg pagaaral ang bagay na ito at tila ñga may matuwid ang ayaw magbayad sa tulay.

Basahin natin ang ating sedula at sa dakong itaas nito, kaliwang panig, ay nasasabi ang ganito:

Cedula Tax	₱1.00
Road and Bridge fund	₱1.00

Samakatuwid ang tunay na halaga ñg sedula ay piso lamang, at ang piso ay nauukol sa gugulin sa mga tulay at lansañgan. Kung gayon, ang lahat ñg lalaking tumutuntong sa gulang na labingwalong taong gulang ay nagbabayad ñg piso o naguukol ñg halagang ito upang siyang masama sa gugulin ñg pamahalaán sa mga lansañgan at tulay. At ang pagbabayad ay hindi minsan lamang kundi sa loob ñg apatnapu't-apat na taon kung mabubuhay ñg mahigit sa animnapung taon ang isang lalaki. Samakatuwid sa taontaon, ang pamahalaan ay may inauukol nang gugulin sa mga tulay at lansañgan. Nguni't ang ginagawá ñg pamahalaan ay sinisiñgilan ñg bayad ang bawa't sasakyang magdaan sa isang tulay na bagong kapapagawá hangga't hindi nababawi ang nagugol sa pagpapagawá ñg tulay, maliban ang mga tulay na patuñgong Baguio na habang panahong pinauupahan. Kung gayon at talagang may nalalaan sa pagpapagáwá ñg mga tulay at lansañgan ay saan dinadala o saan naman inilaan ang halagang kinikita sa mga tulay?

Ang sinisiñgil sa tulay ay hindi maaaring tawaging buwis pagka't ang buwis, sangayon sa kasalukuyang "derecho constitucional" ay kinakailañgang magkaroon ñg uring palagian. At kung buwis ay tutoong maraming buwis na maibayad ang isang magpapalakad ñg automobil o truck.

Ang tawag sa sinisiñgil sa tulay ay "toll bridge". Kung walang sinisiñgil na buwis upang iyukol sa mga tulay at lansañgan o kaya'y isang tao o isang samahang hiwalay sa pamahalaan ang nagpagawá ñg tulay ay hindi kailañgang maniñgil ñg upa sa mga tulay.

Kaya naungkat ang mga bagay na ito ay dahil sa ilang pangyayari sa tulay ñg Cainta, Rizal. Ilang tsuper ang tumangging magbayad, at nang pinipilit ñg maniniñgil ay ipinakita ang kanyang sedula. Ang sabi niya (ñg tsuper) ay dalhin siya sa hukuman upang doon lutasin ang salitaan, ñguni't hindi naman ginawá ñg maniniñgil at hindi rin napilit na magbayad ang tsuper. Marahil, kung marami ang hindi magbabayad ay dadating din sa hukuman ang salitaan.

IPINAHAYAG ANG PANGATLONG PANGKAT NG HUKBONG DAGAT NG JAPON

Noong ika 2 ñg Mayo ay ipinahayag ñg hukbong dagat ñg Japon ang pagbuo ñg pañgatlong pangkat ñg nasabing hukbong dagat sa pamamagitan ñg paghahati sa unang pangkat. Ang mga pangdigmang Nagato at Fuso ang magiging pañgunahin sa unang pangkat, at ang Haruna at Kirishiga ay inalipat sa pañgatlong pangkat.

Magkakaroon din ñg pañgatlong pangkat ñg hukbong himpapawid na bubu-uin naman ñg isang tagadala ñg mga aeroplano at dalawang destroyer.

Sangayon sa mga pinuno ñg hukbo ay ipinagutos ang paghahati sa unang pangkat ñg hukbong dagat upang madali ang pagsasanay ñg mga almirante.

Sa kabilang dako ay ipinalalagay naman ñg mga matatakuting nagmamasid na ito'y tandang malapit nang pumasok sa malaking pakikidigma ang Japon.

-: Nakikiramay Kami :-

Ang Pañgulong Pangbayan ng mga Sakdalista sa nayon ng Tonsuya, Malabon, Rizal, na nagngañgalang Lucas Santos, ay sumakabilang buhay na noong ika 23 ñg Mayo. Nakaiwan siya ng isang anak at isang kabiyak na namimighati

Si G. Santiago Gabalones, dating masugid na Sakdalista, taga nayon ñg Pinagsanghan, Pagsanhan, ay namatay noong ika 29 ñg Mayo sa gulang na 61 taon. Walang iniwang tagubilin sa mga kasama ang namatay kundi magpakatibay at magtiis hanggang sa matamo ang ganap na kalayaan ng bayan.

Si Bb. Matilde de la Fuente, anak ni G. Pablo de la Fuente sa nayon ñg Umpukan, San Ildefonso, Bulakan, ay sumakabilang buhay noong ika 2 ñg Mayo na nakaraán. Naging lalong kahinahinagpis ang pagkamatay na ito ni Bb. Fuente pagka't sa ganyan ding araw nabingit sa kamatayan ang buhay ng kanyang kapatid na si Delfin noong ika 2 ñg Mayo, 1935.

—Kabalitaan.

Ang mga sakdalista sa Pandacan, ay nagluluksa ñgayon dahil sa pagkamatay ñg pañgulo ñg Lup. Nayon sa Beata, G. Victor Gonzales.

Sumapayapa nawa ang kapatid na ito, alang-alang sa kanyang mahahalagang gawain na gampanan na.

—Francisco Robles

Ang kapatid at Pañgulo sa lupon blg. 3 sa loob ng kabayanan ng Heneral Trias, Kabite na si G. Francisco Luna, ay namayapa na, matapos ang malaong pagkakasakit. Ang kanyang tungkulin ay iniwan sa kanyang anak na si Domingo Luna, na katulad ng kanyang ama ay isa ring masugid na Sakdalista.

Inihatid sa lumang libingan ñg kanyang mga kapanalig at mga kamag-anak noong linggo ng hapon ika 31 ng Mayo.

Nagkaroon ng abuluyan ang mga kadamdamin at ito'y ipinagkaloob sa mga anak at asawa.

Ang lupon pambayan ay nagpapahatid ng pakikidalamhati sa kanyang ginang na si Aling Gitang.

—Vic. de los Reyes

(May karugtong sa tiping 4)

Nagbabalang Mag-alsa Ang 2,000 Mamumwisan Sa Hacienda Ezperanza, N. E.

Makasaysayang Liham ni Rizal Sa Ating Mga Kababaihan

Sa Kalupi ni Lakan Bayan

(Katapusan ng sinundang bilang)

Pagdating sa España, ipinalimbag agad, na siya raw ay nanuluyang minsan sa Kapampangan, kumain, natulog, at ang maginoong babaing nagpatuloy ay gumayo't gumayon sa kaniya: ito ang iginanti sa napaka-tamis na loob na babai. Gayon din ang unang pahili ng pari sa nadalaw na kastila, ay ang kanyang mga masunuring dalagang tagahalik ñg kamay, at iba pang kahalo ang ñgiti at makahulugang kindat. Sa librong ipinalimbag ni Dn. Sinibaldo de Mas, at sa iba pang sinulat ng mga pari, ay nalalathala ang mga kasalanang ikinumpisal ng babai na di ilinilihim ng mga pari sa mga dumadalaw na kastila, at kung magkaminsan pa'y dinadagdagan ñg mga kayabañgan at karumihang hindi mapaniwalaan. Di ko maulit dito ang mga di ikinahiyang sinabi ng isang fraile kay Mas, na di nito mapaniwalaan. Sa tuing maririnig o mababasa ang mga bagay na ito'y itinatanong namin kung Santa Daria kaya bagang lahat ang babaing kastilá at makasalanan na kaya baga ang lahat ng babaing tagalog; ñguni kung sakali't magsusumbatan at maglalathalaan ñg puri'y marahil. Datapuwa't lisanin ko ang bagay na ito, sapagka't di ako paring confesor, o manunuluyang kastila, na makapanira ñg puri ñg iba. Itabi ko ito at ituloy sambitin ang katungkulan ng babai.

Ang Binatang Dapat Ibigin Ng Isang Dalaga

Sa mga bayang gumagalang sa babaing para ng Filipinas, dapat nilang kilalanin ang tunay na lagay upang ding magampanan ang sa kanila'y ini-aasa. Ugaling dati'y kapag nangliligaw ang nagaaral na binata ay ipinangangaryayang láhat, dunong, puri't salapi, na tila baga ang dalaga'y walang naisasabog kundi ang kasamaan. Ang katapang-tapanga'y kapag napakasal ay nagiging duag, ang duag na datihan ay nag-wa-walang hiya, na tila walang inaantay kundi ang mag-asawa, para maipahayag ang sariling kaduwagan. Ang anak ay walang pantakip sa hinanang loob kundi ang ala-ala sa ina, at dahilan dito, nalunok nang apdo, nagtitiis ng tampal, nasunod sa lalong hunghang na utos, at tumutulong sa kataksilan nang iba sapagka't kung walang natakbo'y walang manghahagad, kung walang isdang munti'y walang isdang malaki. ¿Bakit kaya agad di humiling ang dalaga sa iibigin, ng isang marangal at mapuring ngalan, isang pusong lalaking makapagaampon sa kahinaan ñg babai isang marangal na loob na di papayag magka-anak ng alipin? Pukawin sa loob ang sigla at sipag magingoong asal, mahal na pakiramdam, at huwag isuko ang pagka-dalaga sa isang mahina at kuyuming puso. Kung maging asawa na, ay dapat tumulong sa lahat ng hirap, palakasin ang loob ng lalaki, humati sa panganib, aliwin ang dusa at aglahiin ang hinagpis, at alalahaning lagi na walang hirap na di mababata ng bayaning puso, at walang papait pang pamana, sa pamanang kaalipustaan at kalipinan. Mulatin ang mata ng anak sa pag-iñgat at pagmamahal sa puri, pagibig sa kapuwa, sa tinubuang-bayan, at sa pagtupad ng ukol. *Ulituliting matamisin ang mapuring kamatayan sa alipustang buhay!* Ang mga babai sa Esparta'y sukat kunang uliran at dito'y ilalagda ko ang ilang halimbawa:

Mga Babaeng aTñging Nag-aanak Ng Lalake

Nang iniaabot ñg isang Ina ang kalasag sa pasasahukbong anak, ay ito lamang ang sinabi: *"ibalik mo o ibalik ka"*, ito ñga umuwi kang manalo o mamatay ka, sa pagka't ugaling iwaksi ang kalasag nang talong natakbo o inuwi kaya ang bangkay sa ibabaw ng kalasag. Nabalitaan ng isang ina na namatay sa laban ang kaniyang anak, at ang hukbo ay natalo. Hindi umimik kundi nagpasalamat dahil ang kaniyang anak ay naligtas sa pula, ñguni at ang anak ay bumalik na buhay; nagluksa ang ina ng siya'y makita. Sa isang sumasalubong na ina sa mga umuwing galing sa laban, ay ibinalita ng isa na namatay daw sa pagbabaka ang tatló niyang anak.—*"Hindi iyan ang tanong ko*, ang sagot ng ina, *kundi ¿nanalo o natalo tayo?—Nanalo*, ang sagot ng bayani. — *Kung ganoo'y magpasalamat tayo sa Dios!*—ang wika at napasa-simbahan.

Minsa'y nagtago sa Simbahan ang isang napatalong hari nila, sa takot sa galit ng bayan, pinagkaisahang kulungin siya doon at patayin ñg gutom. Nang papaderan na ang pinto'y ang ina ang unang naghakot ñg bato. Ang mga ugaling ito'y karaniwan sa kanila, kaya nga't iginalang ng boong Grecia ang babaing Esparta—sa lahat ng babai, ang pula ng isa, *ay kayo lamang na taga Esparta ang nakapangyayari sa lalaki.* —Mangyari pa, ang sagot nang taga Esparta, *sa lahat ng babai ay kami lamang ang nagaanak ñg lalaki.*—Ang tao, ang wika ñg mga taga Esparta, ay hindi inianak para mabuhay sa sarili, kundi para sa kanyang bayan. Habang nanatili ang ganitong mga isipan at ganitong mga babai, ay walang kaaway na nakatuntong ñg lupang Esparta, at walang babaing taga-Esparta na nakatanaw ng hukbo ng kaaway.

"Tubo Ko Ay Dakila Sa Puhunang Pagod"

Diko inaasahang paniwalaan ako alang-alang lamang sa aking sabi: maraming taong di natiñgin sa katuwiran at tunay, kundi sa hábito, sa puti ng buhok, o kakulañgan kaya ñg ñgipin. Nguni't kung ang tanda'y magalang sa pinagdaanan kong buhay hain sa ikagagaling ñg bayan, ay makapagbibigay ñg tanda sa akin, kahit maikli man. Malayo ako sa pagpapasampalataya, pag didiyos-diyosan, paghalili kaya sa Dios, paghahañgad na paniwalaa't pakinggang pikitmata, yuku ang ulu at halukipkip ang kamay; nguni't ang hiling ko'y mag-isip, magbulay-bulay ang lahat, usigin at salain kung sakali sa ngalan ng katuwiran itong pinaninindigan mga sabi:

Ang una-una. Ang ipinagiging taksil ñg ilan ay nasa kaduwagan at kapabayaan ñg iba.

—*Ang ikalawa.* Ang iniaalipusta ñg isa ay nasa kulang ng pagmamahal sa sarili at nasa labis na pagkasilaw sa umaalipusta.

Ang ikatlo. Ang kamangmañga'y kaalipinan, sapagka't kung ano ang isip, ay ganoon ang tao: taong walang sariling isip, ay taong walang pagkatao; and bulag na taga sunod sa isip ng iba, ay parang hayop na susunod-suno sa tali.

Ang ika-apat. Ang ibig magtago ng sarili, ay tumulong sa ibang magtago ng kanila, sapagka't kung pabayaan mo ang iyong kapuwa ay pababayaan ka rin naman: ang isa isang tingting ay madaling baliin, ñguni at mahirap ang isang bigkis na walis.

Ang ikalima. Kung ang babaing tagalog ay di magbabago, ay hindi dapat magpalaki ñg anak, kundi gawing pasibulan lamang; dapat alisin sa kaniya ang kapangyarihan sa bahay, sapagka't kung dili'y ipagkakanulong walang malay, asawa, anak, bayan at lahat.

Ang ika-anim. Ang tao'y inianak na paris-paris, hubad at walang tali. Di linalang ng Dios upáng maalipin, di binigyan ng isip para pabulag, at di hiniyasan ng katuwiran at ng maulol ng iba. Hindi kapalaluan ang di pag samba sa kapuá tao, ang pag papaliwanag ng isip at ang paggamit ñg matuwid sa anomang bagay, Ang palalo'y ang napapasamba, ang bumubulag sa iba, at ang ibig papanaigin ang kaniyang ibig sa matuwid at katapatan.

Ang ikapito. Liningin ninyong magaling kung ano ang religiong itinuturo sa atin. Tingnan ninyong mabuti kung iyan ang utos ng Dios o ang pangaral ni Cristong panglunas sa hirap ng mahirap pangaliw sa dusa ng nag dudusa. Alalahanin ninyo ang lahat ng sa iniyo'y itinuturo, ang pinapatunguhan ng lahat ng sermon, ang na sa ilalim ñg lahat ñg misa, novena, cuintas, calmen, larawan, milagro, candila, correa, at iba't iba pang iginigiit, inihihiyaw at isinusurot araw araw sa inyong loob, taiñga at mata, at hanapin ninyo ang puno at dulo, at saka iparis ninyo ang religiong iyan sa malinis na religion ni Cristo, at tignan ninyo kung hindi ang inyong pagka-Kristiano ay paris ng inaalagaang gatasang hayop, o paris ng pinatatabang baboy kaya, na di pinatataba alang alang sa pagmamahal sa kaniya, kundi maipagbibili ñg lalong mahal at ñg lalong masalapian.

Magbulay-bulay tayo, malasin ang ating kalagayan, at tayo'y mag-isip-isip. Kung itong ilang buhaghag na sabi'y makatutulong sa ibinigay sa inyong bait, upang ding maituloy ang nasimulan ninyong paglakad.

"Tubo ko'y dakila sa puhunang pagod." at mamatamisin ang ano mang mangyari, ugaling upa sa sino mang mangahas sa atin bayang magsabi ñg tunay. Matupad nawa ang inyong nasang matuto at hari na ngang sa halamanan ng karunuñga'y huag makapitas ng bungang bubot, kundi ang kikitli'y piliin, pagisipin muna, lasapin bago lunukin, sapagka't sa balat ng lupa lahat ay haluan, at di bihirang magtanim ang kaaway ñg damong pansira, kasama sa binhi sa gitna ñg linang.

Ito ang matinding nasa ng inyong kababayang si

—JOSE RIZAL.

Sa Talaan Ng...

(Karugtong ng nasa tiping 1)

dor" pagkatapos ng dalawampung taong pagsubok at pagtitiyaga. Si Stephenson (isang inhinyierong ingles) ang nakatuklas ñg kaunaunahang tren (lokomotora) sa loob ng labinglimang taong pagpupunyagi. Si Titian, ang gumuhit ng maestrang "huling hapunan" sa loob ñg pitong taon. Si Cyrus W. Field, ang nagtatag ñg kable sa pagitan ng Amerika at Europa, sa loob ng sampung taon (natapos noong 1866), at si Dr. J. P. Rizal, ang sumulat ng "Noli Me Tangere" sa loob ng labingwalong taong singkad.

Ang formula ni Thomas A. Edison, sa kanyang pagkatuklas ng Ponograpo, Hatching machine, Oilcoat bombilya at Pelicula ay ganito: Talento—uno por ciento (1%) at ang Pagsisikap—noventa y nueve por ciento (99%). Samakatuwid ay kasangayon si Edison ni Bernard Godowsky, na ang lihim ng tao sa pagtatagumpay nito ay ang pagpupunyagi, pagtitiyaga at pagsisipag sa gawain. At dahil nga sa sipag, tiaga at pagpupunyagi ng mga lalaking inisa-isa ko sa itaás nito ay naging titik na ginto ang pangalan nila sa "Talaan ng karangalan".

Meykawayan, Bulakan.

Hindi Na...

(Karugtong nang nasa tiping 1)

buti.

Hinihiling namin sa lahat ng kababayan na limuting sandali ang lahat ng nauukol sa suliranin ng pulitika at ipalagay nating tayo ó ang sino man sa atin ang nasa kanyang kalagayan. Pagkatapos ay itanong natin sa ating sarili kung ano pa ang nalalabi sa ating paraan upang mabuhay nang matiwasay nang walang magagawang labag sa kanino mang linikha. At yayamang ang nasabing ginoo ay humihingi ng payo ay sabihin natin kung ano ang nararapat na ipayo sa kanya.

Nagawa na niya ang dumulog sa pamahalaan, sa mayayaman at sa lahat na tao na inaakala niyang maaaring makapagbigay kahi't anong gawain. Nakagawa na rin siya ng sariling pagsisikap upang kumita ng ikabubuhay. Ang lahat ng iyan ay nawalan ng halaga. Maaaring sabihin natin sa kanyang magpalimos, subali't hindi natin natatarok kung ang gawaing ito ay kaya ng kanyang kalooban. Ipagpalagay na nating kaya niyang magpalimos, nguni't kung maraming anak na pinakakain ay maaaring hindi makasapat ang kikitain sa panghihingi ng limos. Magpatuloy sa paghanap ng mapapasukan? Tama, nguni't paano ang mga anak, paano ang asawa, paano ang sariling katawan samantalang walang mapasukan? Mangutang? Walang magpapautang sa isang taong walang pagkukunan ng ibabayad. Maaaring mangisda, manguha ng kahi't na mga bungang kahoy ó anumang maipagbibili. Tama rin ang payong iyan, nguni't ang pangingisda ay nangangailangan ng kaunting puhuan. Kung mahirap ang panghuhuli ng isda ay pagod lamang ang mapapala, at kung mapagod ang isang walang makain ay lalong masama. Paalila? Maaari, kung nagiisa, pagka't ang pagpapaalila ay hindi maibubuhay nang matiwasay sa mga anak at asawa. Bukod sa rito ay nagiging matamis pa kung minsan ang mamatay kay sa maturang napaalila. Mangdukot, mangharang, **magnakaw, manulisan? Labag sa batas. Magpakamatay?** Masaklap **nga ang** mamatay, bukod pa sa labag sa batas ng tao at **batas ng** Dios. Walang **pinakamadaling** payo sa kanya **kundi taimtim na dumalangin sa Dios** at magpatuloy na magsikap sa paghahanap ng **ikabubuhay**; humingi ng **tulong sa** mga kaibigan at kamag-anak, makisama nang tapat sa mga kababayan. Iba ang paghingi ng tulong sa pagpapalimos at pangungutang. Ang isang taong mabuti sa kanyang kapwa ay hindi mawawalan ng maaawa. Kung ang mga bagay na ito ay hindi makapagdudulot ng kabutihan ay ipinababahala na namin sa kanya ang lahat. Maaaring gawin na ang lahat ng bagay at bahala na ang Dios na humatol. At kung may pagkakataong makatulong sa paguusig sa kalayaan ay tumulong pagka't walang makapagdudulot ng tunay na kapanatagan at katiwasayan sa mga dukha kundi kalayaan.

Pulos Na Dukha...

(Karugtong nang nasa tiping 1)

dahil sa kakulangan ng pangangalaga ng pamahalaan. Nalalaman ng mga kinauukulang pinuno na may tinagong sama ng loob ang mga taong pinalayas sa Asyenda Tuason. Sangayon sa mga ulat ay makakita lamang ng nagpapastol ng kalabaw ang bantay sa nasabing asyenda ay binabaril na.

Sina Silvino Bernardo at Domingo Gutierrez naman ay napapasok lamang sa loob ng asyenda sa paghahanap ng kalabaw ay hinandulong na ng taga ng nagbabantay. Gayon pala't bawal ang pumasok sa nasabing asyenda ay bakit hindi ipinagutos na pabakuran nang mahigpit? At kung walang tagubilin sa bantay ng asyenda na magmalupit ay hindi ito bibigyan ng baril. At bakit lumakas ang loob ng bantay sa asyenda? Sapagka't nalalaman niyang "Banco de las Islas Filipinas" ang kanyang panginoon at nalalaman din niya na pamahalaan ang katulong ng mayari sa pagpapalayas sa mga dating naninirahan sa asyenda.

Saansaan pa malimit magkaroon ng ligalig?

Sa Cavite, sa Tayabas, Laguna, Tarlac, Pangasinan, Pampanga, Bulacan. Sa Kabisayaan, magulo rin ba? Magulo rin, pagka't sangayon sa mga ulat ng ilang taga Bisaya ay marami na rin ang nagugutom doon. Hindi na kakaunti ang namamatay sa lalawigan ng Cavite dahil sa mga nakawan. Talaga bang katutubong magnanakaw ang mga taga Cavite? Walang taong katutubong magnanakaw. Kaya nagnanakaw ang isang tao ay kung napipilitan dahil sa iba't-ibang dahilan.

Anong hakbang ang ginagawa ng mga taong pamahalaan upang malunasan ang maligalig na pamumuhay ng mga Pilipino? Wala, maliban sa pagpapalaki ng mga bilangguan at pagdaragdag ng mga puesto. Ang pagangkat ng bigas sa Saigon ay ginagawa upang magtubo. Ang isa pa'y ang pagdaragdag ng mga kawal at pulis at mga tiktik. Nguni't alin ang mabuti sa magpalaki ng bilangguan at magdagdag ng mga uusig kay sa sa iligtas ang mamamayan sa paglabag sa batas? Sapagka't kaya maraming nakakagawa ng labag sa batas ay dahil sa kawalan ng tangkilik ng pamahalaan. Ano ngayon ang nararapat gawin ng mga dukha? Walang iba kundi MAGKAISA at MAGDAMAYAN. Lahat ng dukha, maging ano man ang simulain, ay dapat magsamasama at magunawaan. Ito'y hindi nangangahulugang ituturing na kaaway ang lahat ng malaki nguni't hindi kailangang pagbutihin ang pagpili ng kakasamahin kung malaki rin lamang. Hindi rin naman ito nangangahulugang paghihigantihan ang lahat ng malalaki nguni't kailangang matutuhang ipagtanggol at damayan ang isang inaapi.

Ang paghamak ng isang dukha sa kapwa dukha ay dapat ituring na kasumpasumpa, kaya't ang pag-api ng isang maliit sa kapwa maliit ay dapat magkamit ng katapat na parusa. Sa pagpapaparusa ay hindi kailangan ang dahas. Maaaring gamitin ang tinatawag na "ostrasación social" na ang ibig sabihin ay paglayo, pagkakait ng tulong at di pakikitungo sa ano mang kawain ó salitaan.

Kaya ganito ang nangyayari sa buhay ng mga Pilipino ay sapagka't alipin ang kanilang bayan. Kung magkakanikanya tayo ng lakad ay ano ang mangyayari sa atin kundi nga ang magkaganito—tayotayo ang nagpapatayan at nagiiringan—na siya naman talagang ninanais ng mga nangaalipin upang huwag mapuna ang kanilang pagnanakaw. Magbago tayo..., magbago, mga kababayan! Iligtas natin ang ating mga anak sa lalong kasakitsakit na kapalaran na siyang tinutungo ng lakad ng buhay na ito.

Wala Pa Ring...

(Karugtong nang nasa tiping 1)

boong kapulungan nito upang isaalang-alang ang pagkakasakop ñg Italia sa Etiopia. Hinihiling din ñg Argentina na isaalang-alang din ang pagpaparusa sa Italia dahil sa ginawang paglabag sa kasunduan ñg Liga.

Ang kalatas ng Argentina ay boong higpit na nagtatagubiling ang pagpupulong ay ipailalim sa tuntuning ika-10 ñg kasunduan ñg Liga.

Ang tuntuning ika-10 ñg kasunduan ng Liga ay nagsasabing "ang mga kasapi sa Liga ay nananagot na gagalang at magtatanggol sa karangalan ng lupain at kalayaan ng isang kasapi sa Samahan laban sa paglusob ng kapwa bansa. Kung mangyari ang ganyang paglusob o kaya'y may panganib na iya'y mangyari, ang sanggunian ng Samahan ay magpapasiya ukol sa nararapat na hakbang upang ang pananagutan ng bawa't isa ay maisakatuparan."

PANAHON ITO NG PAKIKITUNGGALI NG WALA LABAN SA MAYROON

Ganyan ang lakad sa lahat ng panig ng daigdig..

Marami ang nagtataka kung bakit tutoong maligalig ngayon ang mga tao sa lahat halos ng dako na tila baga kung gaano kainit ang hininga ng isang lahi ay gayon din ang lahat. Walang dapat ipagtaka.

Maaaring tutoo ang kasabihan ng mga palaaral sa mga bituin na talagang may panahong ang planeta Marte ay siyang nakapangyayari sa mga tao sa ibabaw ng lupa. Nguni't kung iyan naman ang katotohanan ay bakit hindi sabaysabay kung dumigma ang mga bansa? Gayon man ay mapapansin natin na, ngayon, ang lahat ay waring nauuhaw sa dugo ng kanilang kapwa, baga man at may mga bansang tila pinaghaharian ng takot, katulad ng Amerika, Inglaterra at Francia. Pagaralan natin kung bakit nagkakagayon.

Ang Inglaterra ay maraming nasasakupan, ang Francia ay gayon din, at ang Amerika, kung baga man at kakaunti ang nasasakupan, ay nagaangkin naman ng malaking lupain. Samakatuwid ang mga bansang maraming pinagkukunan ng kayamanan at napagbibilhan ng mga kalakal ay siyang tila natatakot sa digma

Alinalin naman ang mga bansang tila sabik na sabik mapadigma? Ang Alemania, Italia at Japon. Nalalaman ng daigdig na ang mga bansang ito ay nagangailangan ng mga pamilihang mapagdadalhan ng kanilang mga kalakal. At kung ano ang nagiging dahilan ng pagkakainisan ng mga bansa ay siya rin namang dahilan ng pagkakainisan ng mga tao, at upang ito'y mapatunayan natin ay magmasidmasid tayo.

Ang mayayaman ay gustong lalong yumaman. Sa pagpupunyagi nilang lalong maging mayaman ay ang mahihirap ang tutoong nasasaktan pagka't hangga't yumayaman ang isang tao ay lalong malakas magsamantala sa kanyang kapwa. Walang iniwan sa isang linta na hangga't lumalaki ay lalong malakas humitit ng dugo. Kaya naman ano ang nagiging bunga? Nanganganib nang pagdimlan ng pagiisip ang mga pinagsasamantalahan. Ganyan din ang nangyayari sa mga bansa—halos wala nang nakikilalang batas ng sangkatauhan ang mga bansang nangangailangan ng kaluagan.

Bakit ngayon lamang dinamdam ng mga tao ang ganitong kabalighuan ng lakad ng buhay? Sapagka't ngayon lamang umabot sa sukdulan ang pangangailangan ng mga wala. Kaya kung magkakaroon ng digmaan ang mga bansa o kaya'y magkakaroon ng ligalig sa isang bayan ay mangangahulugan lamang iyan ng paglalabanan ng isang wala at isang mayroon.

Huwag Nating...

(Karugtong nang nasa tiping 1)

talaga na ang lahat, mangyari na ang mangyari ay hindi na siya makauurong pa. Maaáring sa mgá sandaling ito'y may karamdaman siya at nararatay sa banig ñg hirap at pagtitiis, walang sapat na gugulin na hindi katulad ñg mga maharlika, ñg mga katiwalá ñg mga Amerikano na kung magkasakit ay hindi totoong alintana kung saan kukuha ñg salaping kailañgan, sapagka't may mgá sadyang nakalaan na ukol doon, salaping tumataginting ñg inaaliping bayan. Maaári ñgang ito'y magkatoo dahil sa mga huling larawang ating namalas ay halatang-halata na ang pamamayat ñg ating Patnugot isang babala na talagang ang hiram na lupang katawan ay salantang-salantá na sa walang humpay na pagbalikat ñg mabibigat na passaning iniatang sa kanya ñg mga aping mamamayan.

Kayá sa panahong ito ang malaking maitutulong lamang natin kay Patnugot ay iyong hindi makapagpapabigat pa sa kanyang lakad. Bayaan na nating siyá ang magbalitá ñg kanyang mga nagawá na, ginagawá pa, at gagawin pa, sapagkat higit sa kaninoman ay siyá lamang ang tañging nakatatalos ñg lahat niyang kilos. Tayo naman dito'y dumalañgin sa Dakilang Bathalá na nawa'y pahabain pa ang hiram na buhay ni Patnugot upang ang gawang nana lubos at nang sa gayo'y mapinasimulan ay maitagpos ñg lumatapos na ang pangbubusabos.

Ang nauukol naman sa kanyang pagdating ay paniwalaan nating "Bawat Araw Na Lumipas Ay Tanda Nang Paglapit Nang Kanyang Pagdatal." Sa ibang pagsasabi'y hindi nalalayo ang paguwi dito ni Patnugot, nalalapit ñga habang lumilipas ang mga araw, at kapag nagiisa na sa mahabang tagdan ang watawat na may isang araw at tatlong bituin, at malayang nagwawagayway sa silong nitong lañgit ñg sangkapuluan, makaaása at makatitiyak na tayo na narito na at makakaulayaw na natin ang AMA nating si BEN RUBEN.

Huwag natin siyang kainipan ang panahon ang nagsasabi at magsasabi na hawak na niya ang TAGUMPAY at wala nang lakas na makahahadlang at makapipigil pa liban na lamang sa Dakilang Maykapal na siyang inaasahang lulutas sa ating dustang kaalipinan.

Dinggin nawá ñg Ama nating Bathala áng ating mga hinaing upang tayo nama'y makapaglingkod ñg ganap sa Kanya, at dito sa lupang kaloog Niya sa atin.—KABO RASUL.

ISANG KAHILINGAN

Ipinagbibigay alam ng kasamang Marcos Infante na mangyari lamang sumama sa libing ng kasamang Filomeno Sitjar ang lahat na Kapanalig sa San Nicolas, Maynila, at hinihiling pa na huwag nang sasakay pagka't ang lahat ay sasamang lakad, hanggang sa huling hantungan ng kasamang yumao, na gaganapin sa ika 2:00 n. h. araw ng Linggo ika 7 ng kasalukuyan.

Iba Na Ang...

(Karugtong ng nasa tiping 1)

sa bagong gabinete.

Hindi pa nalalaunang malathala sa mga pahayagan na ang patakaran ni Blum at Delbos ay laban sa pagpapaumanhin sa ginagawang pagpapatibay ni Hitler sa purok ñg Rhin, kaya hindi malayong pagkatapos na makapanatag sila sa kanilang mga tungkulin ay maririnig na lamang natin at sukat ang dagundong ñg digmaan sa kalagitnaan ñg Europa.

PAKULUTAN
Naglilingkod araw't gabi
7¢ sang tubo
Tapat ñg Post Office, Baliuag, Bulacan
May-ari at tagapamahala
CARIDAD S. ESTEBAN

Madaling Nagpadala Ng Mga Kawal Na Kustable Sa Kuyapo Upang Sumugpo Sa Gulo

Noong ika 3 ng kasalukuyan ay biglaang ipinadala ng pamahalaan ang maraming kawal na kustable sa Cuyapo, Nueva Ecija upang sugpuin ang may dalawang libong mamumuwisan sa Hacienda Esperanza sa paglusob sa mga tahanan ng mga may-ari at mga katiwala sa nasabing hacienda. Sinasabi ng mga balita na ang naging dahilan ng pagbabalang ito ng gulo ay ang pagkakabugbog kay abogado Teodulo M. Cruz na siyang kumakatawan sa mga mamumuwisan.

Noong Martes nang hapon ay sinalakay ng mga butangero ang abogado Cruz samantalang naghihintay ng sasakyan upang magtungo sa Cabanatuan. Maraming palo ng bakal ang kanyang tinamo kaya't naratay siya sa pagamutan.

Ang pagkakilala ng mga mamumuwisan ay umupa ng mga butangerong Maynila ang kanilang mga katunggali upang siyang bumugbog sa kanilang abogado.

Si abogado Cruz din ang nagbalita sa mga maykapangyarihan na malamang dumanak ang duko pagka't galit na galit ang mga mamumuwisan.

Noong Martes ay nagkaroon ng paghaharap ang mga kinatawan ng mga mayari ng hacienda at ang mga kumakatawan sa mga mamumuwisan, at dito'y nagkaroon ng mainitang pagtatalo at matatalim na parunggitan. Ang hinahabol ng mga mamumuwisan ay ang kaparti nila sa kanilang inani sa nakaraang taon na ayaw daw ibigay sa kanila.

Ang ganyang mga kagusutan ang kinakailangang lunasan ng pamahalaan sa lalong kasiyasiyang paraan pagka't kung lulubha nang lulubha ang kaapihan ng mga dukha ay hindi nga malayong sa ibang araw na dadating ay sumiklab ang malaking gulo.

China Laban Sa...

(Karugtong nang nasa tiping 1)

Ang pamahalaang Nacionalista sa Nanking ay hindi makapagpasiya sa kahilingan ng Canton na magpahayag agad ng pakikidigma laban sa Japon dahil sa mga ginagawa nito sa dakong hilaga ñg China.

Samantala, ang galit ng mga Intsik ay patuloy na lumalaganap sa boong China dahil sa walang humpay na pagpapasok ng mga kalakal japones sa hilagaan nang hindi nagbabayad sa aduana at sa pagdaragdag ng mga kawal japones na nagtatanod sa Tientsin at Peiping.

Ang tagubiling nagbuhat sa Canton ay nagsasabi na walang paraang nalalabi upang mapanatili ang karangalan ng China kung hindi ang pakikidigma laban sa Japon. Ang nakakagulat na balitang ito ay sumunod sa balita ng Domei, isang sanga ng pahayagan ñg pamahalaang japones, na ang pamahalaan sa timugang-kanluran ñg China ay nagpahayag ng pakikidigma laban sa pamahalaan ng Nanking upang mahadlañgan ang nabalitaang bantá ñg Generalisimo Chiang Kai-shek na lulusubin ang mga lalawigan ng Kwantung at Kwangsi maliban na lamang kung ang mga taga timog ay makipagkaisa sa pamahalaan ng Nangking.

Ibinabalita rin ng Domei na sa lahat ng sandali ay maaaring sumipot ang isang panghimagsik ng Canton.

BOONG INGAT NA NAGMAMATYAG ANG JAPON

Ipinahayag ng mga pinunong japones na ang Japon ay boong ingat na nagmamatyag sa maselang na kalagayang nalikha ng Canton. Ang pamahalaan ay ayaw magpahayag na ikinababahala nito ang pamamahayag ng Canton na humihiling na ipahayag ng Nanking ang pakikidigma laban sa Japon. Isang pinuno ang nagsabing ang gayong pahayag ay nauukol lamang sa sariling kapakanan ng China.

Sa kabilang dako, ang mga japones sa Shanghai ay tumanggap na ng mga balita na nagsasabing nagsimula na ang "guerra civil" ng hilaga at timog ng China. Ang balitang ito ay boong tigas na pinasinungalingan ng mga galamay ng pamahalaang nacionalista ñg China.

LUMALALIM ANG HIWAGA

Ang hiwaga ng mga pangyayari sa hilaga at timog ng China ay lalong lumalalim nang tumanggap ang mga nagmamasid, maging Intsik at maging taga ibang mga bansa, ng balita ng isang kinatawan ng mga bagaybagay na panglabas ang nagpabulaan sa balita ng mga japones na ang Canton ay nagpahayag ng pakikidigma na laban sa Nanking.

Ukol sa pamamahayag na humihikayat sa pamahalaan ng Nanking upang makidigma laban sa Japon, ang tagapagsalita ng pamahalaan sa Canton ay nagsabing "ang paghahamong digmain ang isang kaaway ay siya nang nagsasabing hindi maaaring magkaroon ng "guerra civil."

NAKIKIRAMAY KAMI

(Karugtong ñg nasa tiping 3)

Namimighati ang magasawang Benita at Candido Rubis dahil sa pagkamatay ng kanilang bunsong si Ricardo na yumao noong ika 15 ñg Mayo, nagpapasalamat sa mga nagsipagabuloy at sa lahat at bawa't isang dumalo sa paghahatid sa libingan, gayon din naman sa Lupong Sto. Cristo na nagabuloy ñg P1.50 sa pangangasiwa ni Celestino Policarpio.

MAMATID, Laguna.—Ang kasamang Alejandro Edroso, masugid na alagad ng Sakdalismo, tagapagtanggol ng Kalayaan ng Inang Bayan at kasalukuyang nagdurusa pa sa loob ng bilangguan ay nañguñgulila sa pagkamatay ñg kanyang Ginang nuong ika 31 ñg nakaraang Mayo. Ang yumao ay nakaiwan ng anim na anak, na, ñgayon ay pawang akibat sa puso ang matinding dalamhati—dahilan sa nabibilanggo pa ang kanilang Ama ay nilisan pa sila ng Ina nilang mapag-aruga na si Gng. Josefina Magsino at paglisang kailan man ay hindi na muling magbabalik pa sa piling nila. Samantala'y... si G. Edroso, bagama't labis na nagdaramdam sa pagkakalayo nilang magsing-palad ay hindi naman nagbabago ang tigas ñg kanyang puso sa dagsa ng sapin-saping dusa at pighati at lalong nagtitibay ang pagasa at pananalig sa Simulain.

Ang yumao ay inihatid ng maraming kawal ng Sakdalismo sa kanyang mapanglaw na hukay noong ika-1 nitong Hunio.

—*A. Miranda Naval*

Ang mahinhing Ginang ñg kasamng G. Laureano Recamora, kagawad ñg Lupon 2a zona ñg Atimonan, Tayabas, na noong nabubuhay ay tumutugon sa pañgalang Magdalena Villareal may 25 taong gulang ay payapang sumakabilang buhay noong nakaraang ika 30 ñg Mayong nagdaan. Ang lumisan ay nakaiwan ñg dalawang bunsong anak at isang kabiak na para-parang kalong ñg matinding pagpipighati.

R Ang masugid na kasamang Pedro Rigat binatang may 20 Abril lamang sa gulang, anak ñg kas. Domingo Rigat, Pangulo ñg Lupon—Nayon Mambangnan, San Leonardo Nueva Ecija ay lumisan na sa buhay na ito noong ika 23 ñg Marzong nakaraan at inihatid sa Libiñgan ñg nasabing bayan kinabukasan Marzo, 1936 ñg kaniyang mga kaanak kakilala, at mga kaibigan.

Ang mahal na kas. G. Filomeno Sitjar, may 40 taong gulang at kapatid na buó ñg kas. G. Julio Sitjar, Pangulo ñg Lupon Blg. 10, ñg San Nicolas, Maynila, ay payapang sumakabilang buhay noong madaling araw ñg Miercoles ika 3 ñg kasalukuyan—Inilagak ang bangkay sa isang Funeraria at ang libing ay itinakda ñg mga nañgulila sa kaniya na idaos sa Lingong darating Junio 7, 1936.

Mahalagang Paunawa

Pasimula sa Martes ika 9 ñg kasalukuyan ay ang papel ñg musica na pagsasaliwan ñg awit Sakdalista na ang kabooan ñg letra ay nahayag na sa pahayagang ito noong nakaraang buwan ay handa ñg ipamahagi sa sinomang may nais magkaroon ñg isa o ilan mang sipi sa pamamagitan ñg kabayarang50¢ bawa't isa. Dapat matalastas na ang magiging kabayaran sa bawa't sipi ay katimbang lamang ñg mgá gugol na pinagbayaran namin sa mgá materiales, ganting-pala sa nagayos ñg mgá nota at kabayaran sa Imprenta. ANG PASULATAN.

Salvador Shoe Store
Subukin ang sa kalahi, bago ang sa dayuhan
336 Carriedo, Quiapo, Maynila

PINAGTIBAY ANG KABLE NI BEN RAMOS

We hold these truths to be self-evident: That all men are created equal; that they are endowed by their Creator with certain unalienable rights; that among these are Life, Liberty and the pursuit of Happiness. That to secure these rights, governments are instituted among men, deriving their just powers from the consent of the governed; that whenever any from of government becomes destructive to these ends it is the right of the people to alter or to abolish it and to institute a new government laying its foundation on such principles and organizing its powers in such form as to them shall seem most likely to effect their safety and happiness. (American Declaration of Independence, July 4, 1776).

These are the great and fundamental principles of the Republic founded by Washington, Jefferson and others, and in the light of these principles we are upholding our rights which are the rights of our country's freedom and of the honor of all Filipinos.

SAKDAL

Malayà, walâng pañginoon kundî ang Bayan

Kinikilala naming ang mga katotohanang ito ay nangungusap nang buoñg kaliwanagan; na ang lahat ng tao ay pantaypántáy ná nilikhá; ná silá'y pinágkálooban ng kanilang Bathalá ng mgá karapatang di mapupuwing; na sa mga kárápátang ito'y kabilang ang nauukol sa Buhay, Kalayaan at sá págsisikáp sá ikaliligaya. Na, upáng matamo ang mga karapatang ito áy itinátág ng mgá táo ang pamahalaan na magtatagláy ng kapángyáriháng dulot ng mgá pinámámáhalaan. Na, maging anuman ang uri ng pamahalaán ná sisirá sá gánitong hángáriñ ay karapatan ñg mga tao na baguhin o ibagsak at mágtátág silá ng pámáhalaan na masasandig sa mga simulain at ayon sá lálong mákátutugon sá kanilang kaligtasan at kaligayahan. (Pamaháyág sá Págsásárili ng Estádos Unidos).

Iyan ang dakilang aral at simulain ng Republikang itinatag nina Washington át Jefferson át sá iláw ng mgá simulain at aral na ito ay itinatayo namin ang aming Katuirán na siyáng Katuiran ng Kalayaan ng aming Bayan át ng Káráñgalan ñg lahat ñg pilipino.

Tanggapan: 2326 J. Luna, Int. 15, Maynila | Pangsamantalang Tagapamahala: MARCELINO TENORIO | SABADO, HULYO 11, 1936 | 5CTS. Bawa't Sipi | Taong VII | BLG. 282

Itinitigil Muna Ang Partido Sakdalista

May Kilusang Sakdalista Sa Tsina

Iya'y Nagpapakilalang Hindi Tayo Bigo

Pinatutunayan sa atin ñg pangyayari, na hindi lamang sa Kapuluang Pilipinas lumalaganap ang damdamin Sakdalista, pagka't maging sa China man ñgayon at maging sa India, ay iniwawagayway nila doon ang Patakaran ñg Lapiang Sakdalista bilang pagtugon sa damdaming ikapaglalapit-lapit ñg mga taga Silañgan at ñg mga Lahing may kulay at magkakakulay.

Gaya ñg naipagtapat na sa atin ñg ating Sugong Ramos, na tapos na ang kanyang mga gawain, at ang tañging nalalabi na lamang ay ang hintayin siya ñg bayan sa kanyang pagbabalik,—ay nagpapatingkad sa kasalukuyan ñg pananalig at pag-asa ñg kanyang mga iniwan pagka't hindi ñga bigo ang kanyang pakikipagtalas-tasan at pakikipagunawaan sa mga bansang makatutulong ñg malaki sa

(May karugtong sa tiping 4)

ANG PAGDAMI NG PARE SA KAPULUAN AY BABALA NG DARATING NA SALOT

Iyang Kongreso Eukaristiko Ay Batong Tuntungan Lamang

Sa kongreso Eukaristiko na gaganapin dito mulá sa Febrero 3 hanggang 7 sa darating na taon ay gugugol ang mga pare ñg ₱70,000 sa pagpapagawá lamang ñg altar na diumano'y itatayo sa luneta. Ang tanong ñg bayan ay ganito: May inilaan kaya ang santo papa na ganyang gugugulin upang isagawá ang pangdaigdig na pagtitipon ñg mga pare o iyan ay bahagi lamang ñg salapi sa lukbutan ñg mga pari dito na natamo sa kanilang pañgañgalakal. Kay hirap sagutin ñg tanong na ito. Tila tiwali ang paggugol ñg gayong halaga na kukunin sa nakaimpok nang salapi sa kaban ñg papa, sa gayong pagtitipon. At kung ito ay tutoo, makapapayag kayá ang mga kinauukulan na ganapin iyan sa bayang hindi puti? Hindi mawawalan ñg magsasabing iyan ay nauukol sa pananampalataya sa ikalalaganap ñg Kristianismo.

Ang pagdadaos ñg kongresong iyan ay may natatagong hiwaga. Hindi dapat pagtakhan sapagka't ang marunong magsuri sa lakad ñg pangyayari, lalo't isasa-alang-alang ang pagtighaw ñg mga pare ñgayon, ay hindi maliwag na sapantahain na iyan ay may kinalaman sa kanilang lumagpak na kaharian. Ang inam pa nito ay ang gagamitin sa paguusap ay ang wikang latin upang iliñgid sa kaalaman ñg bayan ang kanilang gagawin. At ang mga pareng Pilipino naman palibhasa ay walang nagagawá kung hindi ang sumunod sa kapritsohan ñg nakatataas sa kanila ay walang gagawin kundi ang sumagot ñg OPORUM, SIYA PORUM, TAMA RUM....

Nguni't ang nakasasamá sa mga kababayan ay kapag ikaw ay naguukol na ñg pansin na tandisang ipinahiwatig ñg panahon ay ikaw pa rin ang masama. Dañgan ñga lamang ang mga taong ito ay totoong batiñgoñgol. Iyan bagang kagagawan ñg mga pare

(May karugtong sa tiping 4)

Naniniwala Kaming ang Pasiyang Ito ang Magbibigay Wakas sa mga Hindi Pagkakaunawaan

Sa ipinaganyayang pulong na ginanap sa Patnugutan noong Huwebes ñg umaga ay pinagtibay ñg walang tutol ang kautusan ñg Patnugot na itigil na muna ang Partido hanggang sa kanyang pagbabalik. Ang lalawigan ñg Rizal, Tayabas, Laguna, Cavite, Bulacan, Pampanga, Batangas, Tarlac, Pangasinan, Nueva Ecija, Leyte, Samar, Camarines Sur, Iloilo at Maynila ay may kani-kanilang kinatawan sa idinaos na pulong kaya't masasabing ang nagsipag-pasiyang ito ay siyang kabuuan ñg lahat ñg Sakdalista dito sa Pilipinas.

Dapat alamin ñg sambayanan na ang pasiyang ito ay hindi nañgañgahulugan na ang Partido ay lansag na. Hindi, kundi itinitigil lamang muna hanggang sa pagbabalik ñg Patnugot. Iba ang ibig sabihin ñg salitang itinitigil muna kay sa lansag. Nililinaw namin ito sapagka't ang ganitong hakbang ñg mga Sakdalista ay baka samantalahin na naman ñg mga kaaway at ipagsigawan sa kanilang mga pahayagan na binuwag ñg mga Sakdalista ang kanilang partido sapagka't sila ay bigo na. Ang ibig ñgang sabihin ñg pagpapatigil munang ito ay hindi nañgañgahulugang lansag ang partido at lalo namang hindi masasabi na ito ay bigo. Ang pagpapatigil na ito ñg patnugot ang siya pa ñgang matibay na katibayan na talagang ang mga Sakdalista ay tapos na ñg gawain at sapagka't tapos na ay ipinagutos ñg kanyang Patnugot ang pagpapatigil muna sa Partido upang manahimik ang lahat at maghintay na lamang sa kanyang pagbabalik. Kaya't dahil sa pagkakapagpatibay na ito sa utos ñg ating Sugo ang partido simula ñg ito'y pagtibawin ay tigil na sa lahat ñg uri

(May karugtong sa tiping 4)

Hindi Magkamayaw Ang Mga Pulitiko

MAY TAONG KINIKILALA NG MGA SAKDALISTA NA NAGUUTOS NG KAGULUHAN?

Ang Sinuman Ay Di Dapat Sumunod

Tumanggap kami ñg balita na may isang tao na kinikilala sa loob ng lapian na naguutos ng kaguluhan. Kung ito ay tutoo ay ipinagtatapat namin na iyan ay di Sakdalista kundi kaaway na lihim ñg mga Sakdalista na ang nagiging salalayan pa ng kanyang maitim na hangad ay ang partidong ito ng mga aping mamamayan. Sinasabi ng balita na ang taong ito ay may kinausap nang mga tao sa lalawigan at sapagkat ang mga taong ito na kanyang kinausap ay may pagtitiwala sa kanya ay sinasabing ang mga pinagsabihan namang ito ay nalalaang tumupad. Diumano'y gagawin ang panggugulo bago matapos ang buwang ito.

Muli't-muli naming ipinagbibilin sa lahat ng kapanalig na huwag silang susunod sa sinumang naguutos ñg ganyang kabuktutan. Ang ganyang paguutos ay maliwanag na gawa ng kaway sa hangad na biguin ang pagmamalasakit ng ating Patnugot. Ang paulit-ulit na paggawa nila ñg ganitong alingasngas ay siyang nagpapatutoo na lalong malaki ang kinalaman nila sa mga nagagawa ng patnugot kay sa ating nalalaman. Kung ang naguutos naman niyan ay Sakdalistang nakikilala ninyo ay iyan ay Sakdalistang nawalan na ng pagasa at sapagkat walang pagasa ang gusto ay kaguluhan. Ipinababatid namin sa lahat na ang isang tao ay Sakdalista hanggang ang taong ito ay sumusunod at napapailalim sa patakaran ng mga Sakdalista sa pagkamaibigin sa katahimikan, ñgunit sa sandaling ang taong ito ay lumihis sa ipinaguutos ng matinong kaisipan, ang taong iyan ay di na Sakdalista at anuman ang gawin niya ay di pananagutan ng pangkatin.

Lahat ñg Sakdalista ay dapat manahimik at tumulong sa pagbabantay sa katahimikan. Huwag kayong maniniwala sa mga taong nagsasabi na sila ang kaugnayan ng patnugot. Kung anuman ang ipaguutos

(May karugtong sa tiping 4)

Ligalig Sila Sa Kasarinlang Darating

Hindi namin matiyak kung bakit gayon na lamang ang pagkabalisa ñgayon ñg mga pulitiko. Nguni't nahiwatigan din namin ang dahilan, sa naipagtapat ñg karapat-dapat paniwalaan na kaututang dila sa itaas.

Tiniyak sa amin, kung bakit ligalig ñgayon ang mga pulitiko, dahil umano kay G. Ramos at sa kanyang mga nagawá, bagama't kami'y walang lubos na paniniwalá sa nagtapat, pagka't di malayong kami lamang ay kanilang sinisilo o inuurat lamang, ñguni't matay man naming paglaruin ang palapalagay ay walang ibang nagiging lundo, kundi ang kami'y manahimik at maghintay sa kanilang ibinabalita ñgayon.

Ang kaaway ay kaaway. Iyan ang tuntuning moral sa pasimulá pa, na siya namang sinusunod at ipinalalagay ñg

(May karugtong sa tiping 4)

Sa Hapay Ng Talahib

Ni BRAULIO ABAD

Isang kilalang senador na demokrata sa Estados Unidos na naging masigasig na tagapagtanggol kunwari ñg ating kalayaan, ang sumulat sa isang ginoo na ñgayo'y nasa Hapon at sinasabing kung maaari raw lamang ay pumunta ito sa Amerika upang tumulong sa nasabing senador sa paggawá ñg mgá hakbang upang mabuksang muli ang suliranin ñg Pilipinas sa Kongreso Amerikakano. At sinasabi rin naman sa sulat na sa lahat ñg gastos—sa pasaje at sa loob ñg panahong ititigil ñg ginoong ito sa Washington ay wala itong aalalahanin. Sa lahat ñg ito ay ang magiting na senador ang sumasagot.

Palibhasa'y nalalaman ñg ginoong tinutukoy dito na ang lahat ñg ito ay paraaan lamang upang siya ay paglalañgan at palibhasa'y batid rin naman niyang ito'y panay na pangurat lamang, kaya't ang ganito'y ni hindi sinagot ñg kinauukulan.

Nang hindi tumatanggap ñg kasagutan ang senador, ang ginawá ay nagpautos ñg dalawang kinatawan sa Hapon upang pakipagkitaan ang ginoong nabanggit at alokin ñg isa sa pinaka-mataas na tungkulin sa pamahalaan ñg amerikano dito sa Pilipinas o di kaya naman ay sa amerika na manirahan at siya'y may tatanggaping sapat na pension sa ipagkakaroon ñg mariwasang kabuhayan. Ngunit ang alok na ito ay may kapalit at ito'y ang pagtigil sa kampanya ukol sa kalayaan ñg Pilipinas.

Nahirapan ang dalawang kinataman ñg senador bago nakita ang hinahanap na ginoo at hindi pa makakausap kundi sa kapahintulutan na ñg may katawan. Bago dumating ñg Hapon ang dalawang taong ito ay napagalaman ñg mga kaibigan ñg taong pinaghahanap ang kanilang pakay. Kaya't ang mga kaibigan nito ay kinausap siya at sinabi ang ganito:

—Napagalaman namin na may dalawang puti na naghahanap sa inyo at ang layunin ay alokin kayo ñg tungkulin na ang kapalit nito'y ang pagtigil ñg inyong kampanya ukol sa kalayaan ñg inyong bayan. Ipinagbibigay alam namin sa inyo na kung iyan ay inyong tatanggapin ay masasayang na lahat ang inyong mga pagod sampo na-

(May karugtong sa tiping 4)

ASIA ASIATIKA

Sinulat ni Prof. Takeyo Nakatani

* * *

Ang Pangangailangan Ng Kapatirang Pang-Asiatiko

I

Ang politika ng mundo ay malapit nang humangga sa isang malaking pagbabago ng kanyang kasaysayan sa paglitaw ng Estado ng Manchuria. Ang kalayaan ng Manchukuo, ang pinaka-batang estado ng daigdig ay siyang una at nangungunang pangyayari na may uring politika na simula ng matapos ang Digmaang Pang-daigdig ay nagbigay ñg malaking halimbawá sa kaisipan ñg mga tao. At ito'y isa lamang pauna sa malaki at malawak na ipagbabago sa politika ng daigdig na darating sa di nalalayong panahon. Sa ibang pañguñgusap ang malawak na ipagbabagong ito ay nangangahulugán ng PAGBUBUO NG SILANGAN at PAGBUHAY NA MULI SA KALAYAAN AT KALIGAYAHAN NG ASIA, ANG INA NG KABIHASNAN. Ito ang ipinakikita na siyang susunod sa kalayaan ng Manchukuo. Ang Manchuria ay siyang dati'y huling hadlang laban sa paglusob ng mga puti; ngayon siya'y tiyakan nang naging malayang estado. Sa pagkakaroon ng katotohanang ito na siyang dapat pagsimulan, ay malaking pagmamalasakit ngayon ang dapat ibaling sa pagbuo at pagbuhay na muli sa buong Asia.

—II—

Ang kontinente ng Asia ay isang pangkat ng mga

(May karugtong sa tiping 4)

Payo at Mga Aral

Sinulat ni Bb. LUZ P. BAYLON

Mga kababayan namin:

Ang aming masasabi sa buhay na ito, ay ang kasalukuyang panahon ay paghuhukom sa mga pulitikong minahalaga ang sariling kapakanan kaysa sa kapakanán ñg Bayan. Bakit na sa kasalukuyang paghuhukom ang buhay at mga kabuhayán ñg ating mga pulitiko? Sa dahilang kapag sukdulan na at naglaho iyang isip ñg mga mamamayan, mapaparam at maglalahó ang tulad ñg mga ipinalalagay na ama ñg Bayan na nakikita natin ngayong: na patangi ang bayang ito sa lahat ñg bayang may dalawang pambansang watawat, bayang ikinukuha ñg kalayaan na ipinaglubugan sa utang, mga Pinunong walang pinahihirapan kundi ñg kababayan at wala namang pinaglilingkuran kundi ang mga dayuhan.

Sa oras na dumating ang paghuhukom, ang buwis na ginawa sa panahon ñg kasaganaan ay ganap ñg mawawalá, mágkákáhanapbuhay na ang láhat, na di tulad ñgayong ginigipit at sinisikil. Mawawala na rin ang nakikita nating mga pinunong kahit ano ang gawin sila parin ang banal at walang kasalanan, na walang nalalamang takutin kundi ang mga taong-bayan na nagsisigamit ñg kanilang pag-iisip. Iyang hukumang dukha at alkagwete sa pagnanakaw ng malalaki, iyang pamahalaáng walang nalalamang pagbutihin kundi ang mga bilangguan, samántalang hindi naman nagsisikap na pagkalooban ñg hanap-buhay ang mga tao, pamahalaang siyá pang parang nágbubunsod sa mga tao na maging magnanakaw, mápághiganti at walang nalalamang ibigay na hanap-buhay sa mga babae kundi ang magbailarina sa ogoy-ogoy, ñg mga pinunong kung umakyat sa pamahalaan ay payat kung manaog ay bundat,—kaya ayaw nang umalis sa tabi ñg katiñgan. Ang nakikitang iyang ñg mga mamámáyan ay namiminto na sa nagbabalang paghuhukom.

—Iyang nakikita nating mga pinunong may sueldo na kuñg nasa gobierno, may sueldo pa din kung wala na sa gobierno, iyang nakikita nating kapalakaran ñg pamahalaan na mahigpit magpausig sa mga dukhang di makabuwis, na kung magbigay naman ñg biyaya (gratuity) at pension sa malalaki ay limpak-limpak, iyang nakikita natin sa pamahalaang malaki pa ang pagmamalasakit sa mga hayop kaysa sa mga taong maralita, at iyang nakikita nating

(May karugtong sa tiping 4)

Manalamin Po Tayo

Ani Diwa M. Lakan

Ang Makabagong Magulang

Ang mga makabagong magulang ay makikita nating katulong pa ñg kanilang mga bunso sa pagpapalimot sa sariling bayan. Sila ang mga taga-akay sa maling simulaing nagbubuñga ñg lubhang mapait. Sila ang mga taga-akay sa kadiliman.

Sa isang tahanang dinalaw ko ay ganito ang uri ñg magulang na aking namalas. Isang inang Pilipina naman subali't gayong kay tanda na ay nakasuot pa ñg isang bestidong nararapat lamang sa mga dalaga. At sa aming paguusap ay buong pagmamalaking sinabi sa aking siya ay nayayamot sa ibang makalumang magulang. Ang kanyang anak daw ay 'ilustrada', may pinagaralan, nagsasalita ñg wikang inggles at kastila. At aniya pa:—"Pinag 'make-up' ko ang aking anak na dalaga sapagka't iyan ang sibol sa panahong ito." Bagay na bagay sa anak niya diumano ang mga hakab na damit sapagkat lalong nakikita ang magandang hubog ñg katawan nito. Siya man daw ay hindi napahuhuli sa kanyang anak upang hindi siya ikahiya. At ñg dumating ang kanyang anak ay buong pagmamalaking sinabi sa akin na napakaganda ñg kaayang anak.

Ang anak na ipinakilala sa akin ay isang magandang manyikang nakukulapulan ñg kolorete, isang kaluluwang magara lamang ang labas, yaong katawang nakikita at kinababaliwan ñg mga tao. Subali't isang pusong nahihibang sa karangyaan. Katulad ñg kanyang inang nagturo sa kanya ay walang pagmamahal sa kahapon. Ayaw magsuot ñg saya at barong babae sapagka't hindi raw bagay sa kanya, hindi kaagpang, at saka ayaw ñg kanyang ina pagkat yao'y para sa mga tagabukid lamang.

Sa isang tahanan naman ay ito ang nakita at namasdan ko. Ang ina katulad ñg una ay Pilipina at

(May karugtong sa tiping 4)

Ang Illegal Association

Sa Septiembre 7, 8 at 9, 1936

Ang mga ginoong nananagutan sa FIANZA ñg mga sakdalistang nasakdal sa kasalanang "Illegal Association" sa Hukumang Unang dulugan sa Maynila, na kilala sa pañgalang FAR EASTERN SURETY and INSURANCE Co. Inc. ay nagpadala sa Tanggapang pang-bansa ñg LAPIAN ñg patalastas na sumusunod:—

FIANZA BLG. 3782

June 8, 1936

"Ang pagsusuri (vista) ñg "inyong Causa Criminal blg. "51558 sa Hukumang Unang "Dulugan sa Maynila, ay itinakdang madaos sa ika 7, 8, "at 9 ng Septiembre 1936, na "pasisimulan sa mga ganap "na ika 8:30 ñg umaga, alinsunod sa patalastas na tinanggap namin na nananagutang (fiadores).

"Kaya ñga hinihiñgi sa mga "kinauukulan na nañgasasakdal na sila ay humaráp sa "Kgg. na Juez Sabino Padilla "ñg ikaitlong (Sala) ó tanggapan ñg nasabing Hukumang Unang Dulugan ñg "Maynila, sa mga araw at oras na natatakda sa unahan. "Ang hindi pagharap sa Hukuman ñg alin man sa mga "nasasakdal ay magiging katuwirang sila ay ipadakip at "samsamin ang halagang lagak na ipinananagot sa kanilang fianza.

Gumagalang,

FAR EASTERN SURETY CO. INC.

By Alfredo del Rosario

Minarapat ñg Tanggapan Pangkalahatan na paratiñgin sa mga kinauukulan ang babalang natititik sa unahan sa pamamagitan ng lathalang ito, upang kanilang matalastas at mapaghandaan.

Nagpipitagan,

Gaudencio V. Bautista

Kalihim.

Ang Katangian Ng Isang Haponesa

* * *

Halaw Sa Free Press

Hunio 27, 1936

* * *

Si G. Ramon Paz Crespo, naging Kalihim ñg Sugong Ben Ramos ñg isugo ñg Lapian sa Amerika noong 1933 at ñgayo'y nasa Hapon ay nakipagisang dibdib kay Bb. Mitgiko Saso, 24 na taong gulang, anak ni Coronel Saso at kapatid ni Capitan Saso ñg Hukbong Hapones sa Manchukuo (Manchuria). Ang ñgayo'y ginang ñg kasamang R. Crespo ay isa sa mga kilala at tanyag na pianista at mangaawit, sa bansang nasabi, at ang katangiang ito ang siyang naging tulay na matatag sa pagnanais na maidaos at maisakatuparan ang kanilang pinagtaling palad.

Sa pagkikipagkita sa magsing-irog ñg isang pilipinong manglalakbay na mamamahayag sa kanilang tahanan ay napasin nito, na si kasamang Crespo, gayong may asawa na ay hindi ipinagtapat sa kaniya sa una pa nilang pagkikita. At sa mahaba nilang paguusap ay nabanggit sa dumalaw ang mga katagang: "Iniibig ko ang aking bayan ng higit sa alin mang bagay sa ibabaw ñg lupa laan ang aking sarili at lahat ñg makakaya sa kanilang ikatatampok. Ako'y nag-asawa sa babaeng kaharap natin ngayon sapagka't naniniwala akong siya ay nalalaan ding maglingkod at itulong ang lahat na makakaya, hindi

(May karugtong sa tiping 4)

¡DOON!

* * *

Dito, karaniwang makita ng mga tao, na ang tao ang siyang niluluhuran ng batas.

Dito, kung sino ang katutubong taga rito, siyang manunuluyan at ang sinusunod ay ang nararapat na siyang sumunod.

Dito, ay inaaruga at minamahal ang mga taong kasangkapan sa pang-aalipin, at siya pang itinatanghal at minamahal.

Dito, ang kinahuhumalingan ng mga tao ay ang ugali, kilos, pananalita at mga kagamitan ng mga taga ibang bansa, samantalang ang kanyang katutubong kinagisnan ay siyang pinangririmarimang gamitin at mahalin ng higit sa lahat. Walang magaling sa kanila

(May karugtong sa tiping 4)

¡DITO!

* * *

Doon, sa bayang namamaibabaw ang katarungan, ang mga tao ang siyang luluhod sa batas.

Doon, sa bayang pinamamayanan ng katutubong mga mamamayang sila ang nasusunod hindi sila ang sumusunod.

Doon, sa bayang nakakaunawa ng tunay niyang tungkulin, hindi pinahihintulutang mabuhay ng dalawang buwan ang mga kasapakat ng mga mang-aalipin.

Doon, sa bayang may pagkakasulong hindi pinahihintulutang ang isang manunuluyan, ay makakuha ñg malalawak na lupain, ñg mina at ng mga mahahalagang kagamitan sa ikasusulong ñg kanyang bayan, ang mga taga ibang bayan.

(May karugtong sa tiping 4)

SA PAGTIGIL NG KATAWAN AY HINDI NAMAN TUMITIGIL ANG TIBOK SA P…

SAKDAL

Nagtatag: BENIGNO RAMOS (Ben Ruben)

Pahayagang Linggühan na walang Pañginoon kundi ang Bayan



MARCELINO TENORIO
Pangsamantalang Tagapamahala

Tanggapan: 2326 Juan Luna, loobang 15, Gagalañgin, Maynila

LUMALABAS TUWING SABADO NG UMAGA

Pauná ang bayad sa pagpapadala. Sa Pilipinas: ₱2.50 sangtaón; ₱1.50 sa kalahating taon. Sa E. U. at Haway: $2.00 sangtaon; $1.50 sa kalahating taon. Sa ibang Lupain: $2.50 sangtaon at $2.00 sa kalahating taon.—5 Sentimos bawa't sipi.

Lahat ñg liham at pagbabayad ay ipadala sa ñgalan ñg aming Pangsamantalang Tagapamahala. Hindi kami nagsasauli ng anomang palathala, malagay man o hindi.

Maglingkod ka sa Bayan nang hindi magiimbot ñg anumang katungkulan, biyaya o ganting-pala, pagka't ang tunay na pagmamahal ay ang pagbibigay nang walang hinihintay, pag-ibig nang walang kapalit, pagpapakasakit ñg sarili para sa kabutihan ng lahat. Ang mga katungkulan ay nakasisira ng loob, nakagigising ng pagsasamantalá, naguudyok sa pagdaya at paglinlang sa kababayan. Samantalang wala kang sarili ay magtiis ka sa iyong kalagayan. Ang paninilbihan sa iba ay pagpapahaba lamang ñg panahon ñg iyong pagkaalipin.

SARILING DIWA

Ipinasiya ñg Samahan ñg mgá Bansa na huwag kilanlin ang pagkakasakop ñg Italia sa Abisinia, at gayon din ang sa Mantsukuo.

Ito kayang babalang ito ñg Liga ay makita na nang daigdig ang tunay na katuparan? Hindi kaya ito'y pa *Consuelo de bobo* lamang sa maliliit na bansang iyan upang mapawipawi ang hapdi ñg kanilang kaapihan? Kapag tinotoo ñg Liga ang kanyang pahayag na ito, ang daigdig ay makasasaksi nang tunay na labanan ñg mga hari.

Ang kaparusahang pagka-bilanggong labinglimang taon kay Harry T. Thompson, isang pinuno ñg hukbong dagat ñg Estados Unidos sa pagbibili ñg mga balita ñg mga kilusan sa hukbo sa mga Hapones, ay kaparusahang napakaliit sa nagawang kasalanan.

Ang pagtataksil sa bayan ay pagkakasalang walang kapatawaran, kaya't ang parusang kamataya'y hindi pa sapat sa ganyang uri ñg pagkakasala.

NATUPAD DIN ANG LAYON NG AMERIKA

Ang pinakamalaking kaaway ng isang bayang api, ay walang iba kundi ang maitim na pagnanasa. Ang pagnanasa sa salapi, kalayawan at kaginhawahan. Kapag naipunlá nang nakasasakop na bayan sa bayang nasasakupan ang ganyang mga pagnanasa; ay maaari na siyang matulog nang mahimbing, pagka't nasunod na niya ang tunay na kasawian ng nasasakop at pagaaway-away ng magkakalahi.

Ang malaong pagsasama ñg malayang si Tio Sam at ñg aliping si Huwang nasa krus, ay maliwanag na saksi sa bagay na ito. Sinunod ng Amerika ang nais natin sa pagkakaroon ng malayang pangungusap, malayang pamamahayag, at kasama na rin diyan ang pagkakaloob ng karapatang makasigaw hanggang ibig sa paghiñgi ñg ating Kasarinlan.

Nguni't kasabay niyan, ginising tayo, lalong-lalo na ang ating mga kabataan sa kabuhayang lipos ng kaluwagan. Subali't nakita sa wakas na anak lamang pala nang malabis na katusuhan ang uri ng kabuhayang pinagdalhan sa atin; sapagka't habang tayo'y nagiging sibilisado sangayon sa palagay ang mga amerikano at sa palagay nang mga kayumangging amerikano, ay lalo namang nauubos ang kanilang kalakal dito sa Pilipinas. Pinalitan natin ng mga mahal na damit ang dati nating kasuutan, pinalitan natin ng ilaw dagitab ang dating kingke, tinghoy at sulo, at ang dating dapugan ay hinalinhan nang *pugon de gas* at iba pa.

Ngayon, hindi ba't ang lahat ng pagbabagong iyan ay kapakinabangan lamang lahat ng ating panginoon? Nawala ang dating mabining taga-bukid na kabit-kabit ang buhol nang supot, at ang napalit ngayo'y mga taong nakabalatkayo.

Nawala na ang mayamang taga-lalawigang nagaalis ng amag sa kanilang salapi, kumakain ng masarap at minsan lamang sa limang taon kung maluwas ng Maynila. Ang napalit ngayo'y mga taong nagpapaliit ñg sikmura huwag lamang mawalan ñg panggasolina, pangogoy-ogoy, pang-sine at iba pang bisyo.

Natupad din ñg Amerika ang kanyang tunay na layon, inilagay tayo sa landas na patuñgo sa pagpapayamang lalo ñg kanyang mga mangangalakal at lubos namang pagka-palayo sa ating Kasarinlan!

ANG TAAS NG ATING LIPAD

Bagama't lubos ang aming pagdaramdam na banggitin pa ang malubhang sakit nating mga Pilipino, ay napipilitan kaming ilahad sa bayan ang mapait na katotohanang ito upang malapatan ñg lunas sa lalong madaling panahon.

Ang sakit na ito'y walang iba kundi ang mga kapalaluan na siya nating ikinahihigit sa lahat na yatang bansa sa daigdig. Hindi tayo makaalis sa ating tahanan, makadalo sa alin mang pagtitipon at liwaliwan nang hindin natin taglay sa katawan ang lahat nating hiyas na katulad ng alpiler sa kurbata, singsing, relos, hikaw, galang, butones na ginto at iba pa. Masasaksihan natin ang mga kapalaluang ito sa mga pistang bayan na lamang, pagpapabinyag, pagpapakumpil, pagpapakasal at paglilibing; ay katakot-takot na salapi ang ating nagugugol at naitatapon na para lamang bibinga.

At....saka sasabihing mahirap ang salapi, subali't kung sa mga kaululang katulad niyan, ay naguunahan tayo sa pagpapataasan ñg lipad. Kaya naman, marami sa mga taong iyan na ating dinadakila at hinahangaan sanhi sa kanilang pagbubuhay maharlika; ang walang ano-ano'y tinatawag na lamang sa hukuman upang papanagutin sa kasalanang pagbibili nang apyan, pagsira ng salaping hindi kanya, pañgañgalakal ñg laman, pangharang at kung ano ano pang ikalalagay nang kanilang pañgalan sa maputing talaan ñg karañgalan.

Itanong natin ngayon sa ating sarili na, kung ang ganyang sakit nating mga Pilipino ay maaaring makalikha ñg isang kabataang malinis, matipid at punong-puno nang kabayanihan.

ANG PAGIBIG SA SARILI

Dapat nating malaman na, tayong mga Pilipino'y hindi tinuturuan ñg mga dayuhan na bumili nang kanilang mga paninda, subali't tayo ang nagpapakaulol na nagaagawan sa pagubos ñg kanilng kalakal. Walang pumipilit sa ating sino man na mahalin ang wikang dayuhan at talikdan ang sariling wika; datapwa't nagkukusang loob na paalipin sanhi sa pagkukulang ñg pagmamahal sa ating sarili at lubos na pagmamalasakit sa mga kayamanang ipinamana sa atin ñg ating mga magulang.

Ngayo'y panahon nang dapat itakwil ang lahat ng iyan. Sikaping itanim sa kalooban ñg lahat ang panamalig at pagliñgap sa kalahi; at pagkukulang tiwala naman sa lahat ñg dayuhan na, sa mula't mula pa'y nagdulot na nang ating mga kapahamakan. Pagpunyagiang matanghal ang ganang sariling wika, kalakal, at pagtalikod naman sa lahat ng mga lako ñg dayuhan.

Ang kalahi, dapat matalos na yumaman man ay maaari pa nating mahingan ng tulong; subali't kung ang dayuhan ang yayaman, ay lilisanin tayo ñg walang paalam at ni hindi magunitang pagukulan man lamang kahi't piping pasasalamat ang mga Pilipinong sa kanila'y tumangkilik at nagpala.

Kailañgan nating matutuhan inuulit namin ang pagkakaroon nang pagmamahal sa sarili sa ibabaw ñg lahat.

LIMBAGAN NG
"DIA FILIPINO" PRESS. INC.
Gawaan ñg mga titik at madlang kagamitan sa Imprenta
...14-30 933 R. Hidalgo, Maynila
Sakdal—Hulio 11, 1936

Hindi Lamang Kalaban Ang Nais Magwasak Ng Ating Lapian Kundi Mga Kapanalig Na Rin

KATOTOHANAN SA IBABAW NG LAHAT

Sinulat ni Celerino Tiongco

Ang magandang sopas, animo, dito ay baka samsaming lahat ni Tio Sam ang may dalawang daang angaw na dollar ($2.00.000,000,00) na natitipon doon upang ilaan sa pananagutan ng kung ano anong katungkulan ng pamahalaang Pilipino, halagang natipon sa mga buwis nang nangasingil, at doon inilagak daw dahil sa matatag silang maghawak kay sa atin. Kung magkaganito'y mababaligtad kaya naman si Presidente Quezon sa Malakanyang? At kung magkakaganito, walang dapat sisihin kundi si Presidente Quezon gawa ñg politikong pabalibaligtad at lubhang makasarili, sapagka't noong umalis siya upang kumuha sa Estados Unidos ng batas na lalong magaling, akala mo'y lintik sa Persia noong tumutulak, nguni't pagdating doon ay nabaligtad, naging maamong tupa, hindi sinunod ang tagubilin ng Lehislatura, kundi ang sinang-ayunan ay ang M. T. na di umano'y iba sa H. H. C, na kanyang binatikos bago umalis. Papaanong hindi magbabaligtaran ang mga bagay, ay sa simula pa'y pababaligtad na at ang nagtataguyod ay laong baligtarin. Itinititik namin sa pahayagang ito, na sa loob ñg panahong ito ñg pagsubok (transicion), tayo ang masusubukan at hindi tayo ang makasusubok, bagay na nailagan sana ang lahat ng ito, kung ang pagsasarili ang pinagmamalasakitan ni Presidente Quezon, sangayon sa kapasiyahang dinala niya.

Ating ipagpatuloy:

Sa bahagi ñg mensahe na nauukol sa MGA MAMAMAYANG DAYUHAN DITO, at ng banggitin ang suliraning Hapon sa Dabaw ay ganito ang winika:

x x x x x x r

Maraming nalathala sa mga pahayagan dito at sa ibang bansa, tungkol sa pag-aari ñg mga hapones sa Dabaw. May nagpapalagay pa, na ang Dabaw, sa kasalukuyan, ay pag-aari na ng mga hapones. Hindi totoo ito.

Ang boong lupaing ari, binubuwisan o sinasaka ñg mga hapones sa Dabaw ay mga 60.000 hectarea, bahagi ng mga dalawang angaw na hectarea, na siyang kabuuan ng lupang bayan sa tinurang lalawigan. Totoo, na malaki na ang napupuhunan ng mga hapones sa Dabaw at may mga pagaalinlangan pang nahayag hingil sa pagkalabag sa batas ng ilang kasunduang ginawa ñg mga pilipino at hapones, tungkol na mga lupang bayan na pinauupahan ñg pamahalaan sa mga pilipino...

Kahit ganito ang lagay ng suliraning hapones sa Dabaw, kahit anim na pung libong hectarea ang nakukuha ñg mga hapones, isa ring maliit na tadyang ito ng ating Inang Bayan. Hindi dahil sa maliit ay pababayaan na sa kamay ñg dayuhan, at pawawalang kabuluhan ang mga pagod at salaping ginugol ng pagyayao't parito ñg mga katakot takot nang mga taong pamahalaan, na pawang ginugulan ng salapi ng Bayan. Yaon nga lamang, kung susuriin ang karapatan ñg mga hapones sa Dabaw, ayon sa ating mga batas, kinakailangang suriin din ang karapatan ng ibang dayuhang nagtatangkilik din ng mga lupaing nalalabag sa batas. Walang dapat itanging sino man, sa lahat at sa bawa't dayuhan, kinakailangang ipakita natin ang bisa ng ating mga batas. Hindi dapat nating panatilihin, na ang ating mga batas ay matulad lamang sa bahay gagamba, na walng nahuhuli kundi mga lamok, nguni't nawawalat ñg mga bañgaw. At kung sakaling kinakailangan ang pagtatangi tangi ng mga dayuhan, ang dapat itañgi ay mga puti, sapagka't ang lahing ito'y hindi kadugo (no es asimilable) ñg mga pilipino, na isang lahing oriental. Balintuna mandin, sa ating pagbibigay sa mga puti ay tayong tagarito ang mawalan, ó mawalan ng karapatan dahil sa ating pagka oriental.

Ang tungkol sa KAAYUSAN AT KATAHIMIKAN, ganito ang sinasabi ni Presidente Quezon sa kanyang mensahe.

Kailan man ay hindi naging ganap... Gayon man (a) ay may pañganib na mangyari din ang mga putaputaking ligalig, katulad ñg ginawang pagbabangon ñg mga sakdalista ñg buwan ñg Mayo noong taong nakaraan. Ang mga naghahanap buhay sa panglilinglang (demagogo), mga taong nabubuhay (b) sa pagsasamantala sa mabuting paniniwala ñg mga pinagpapahayagan ng mga TUNAY O GUNIGUNING KAAPIHAN ñg mga hindi nasisiyahan, ang mga ito'y siyang nagsusulsol sa mga karaniwang taong bayan sa bisa ñg mainapoy na talumpati at babasahin....

(a) Inaakala namin, na ang sinasabi ditong putaputaking ligalig, ay siya ding "kasawian at pagkabalisang" binabanggit din niya sa unang bahagi ng kanyang mensahe. Kung ito ay siyang ibig sabihin, lalabas, na, sa bahaging ito ay kinikilala niyang isa siya sa mga propetang binabanggit doon, na kung manghula ng isang bagay ay hindi siyang nangyayari, ñguni't pag hindi nanghuhula o walang mahulaan ay saka nangyayari. Nguni't siya din ang nagsabing "huwag paniwalaan" ang mga ganitong mga hula hula, sapagka't "maliwanag na ang ninasa lamang ay maging ama ng mga balitang ganyan. Mabuti at nalaman namin.

Na, ang makakatulad ay ang pagbabangon ng mga sakdalista noong Mayo ng taong nakaraan, malungkot na halimbawa ito. Nguni't may bahaging katotohanan, na ito ay ang kasalukuyang paghihikahos ng mga mahihirap ay lumalaganap at ayaw lunasan ñg Pamahalaan katulad ng pagka tanggi ni Gobernador Cailles sa abuloy na inialok ng Cruz Roja sa mga napinsala ñg bagyo, at iba pang

(May karugtong sa tiping 3)

Kaya't Mag-ingat At Magpakatibay

Sa kabila ñg di mabilang na payo at mga aral ñg ating mga kapanalig na natutunghayang lagi sa bawa't labas ñg pahayagan ay marami pa rin tayong mga tunay na kasama na talaga yatang aáyaw sa katámihikan. Dahil sa bagay na iyan ay marami tuloy ang humihina ang loob na kung minsan ay hinihila na pati tuhod sa kawalan ñg pag-asa. Datapuwa't dapat na malamán ñg lahat na, ang suliranin ñg Kalayaan na malaon na nating pinaglulunggatian ay tapos na at wala tayong dapat gawin kundi ang manahimik at umiwas sa pakikipagsabuyan ñg putik sa sino pa man. Iyan din naman ang laging iniaaral ñg ating Patnugot subali't, marami pa rin sa mga kapanalig na ito ang hindi yata nasisiyahan sa paggunitang ito kaya giiugulo at nililigalig ang mga kapatid na tumatalima sa utos na ito.

Mga kapatid na mabilis na humakbang sa lakád ñg Lapian at hindi gumagalang sa karápatan ñg mga nanunungkulan, ang madalas ay siyang lumilikha ñg ganyan sangayon sa aming pagkasuri Kung sila'y gumawa ay sa kanila lamang sarili at hindi na isinasangguni sa mga may karapatan sa pananagot ñg buong Lapian. Dahil diya'y ang nangyayari tuloy ay madalas na mapasangkot ang pañgalan ñg iilan lalong lalo yaong mga nasa pamunuan samantalang ang tunay na may kasalanan ang siyang m a l i m i t na makaiwas. Lapastañgan ang ganitong uri ñg mga tao na kung tayahin ay tila baga ang mga ito'y naaanib sa itatatag pa lamang na bagong Patnugutan.

Ang pagyurak sa karapatan at tungkulin ñg mga tapat na kasama kung magkaminsan ñga nama'y nakapagkukulang tiwala sa mga taong mapapatay mo sa katapatan kung ganyan ang gawain ñg mga walang magawa ñguni't, ang gayon bang gawain ay nagtatagumpay? Hindi, pagkat ang pagiimbot ay hindi pinagpapala ñg Bathala.

Ang ukol sa gawaing iyan ay masasabi kong, nito lamang mga ilang araw ay bigla na lamang nagulat ang mga tahimik na Sakdalista sa balitang hinihikayat na namang magbañgong muli ñg isang himagsikan. Mabuti na lamang at ang mga lalawigang Kabite, Laguna at Nueva Ecija na, siyang mga lalawigang kinabalitaan nito ay hindi nadala sa ganyang pakana. At kung nagkataong nagkatotoo ang balitang ito, ay sino na naman ang paghuhulihin? Ukol dito'y hindi makalíligtas ang mga pamunuang lalawigang at marahil pati ñg Patnugutan. Salamat na lamang at matunog sa bagay na ito ang mga kapanalig datapuwa't,

Ang mga japones sa Davao at Mindoro ay hindi darami at hindi kakapal kung hindi sa kapahintuluwanag na sila rin ang gumagawa ñg nuno at sila rin tan ñg gobierno amerikano sa Pilipinas. Sabihin ñgayon na nañgañganib ang Kasarinlan ñg Pilipinas dahil sa pagdagsa ñg mga japones na iyan ay maliang natatakot. Ang totoo, kaya nila pinababayaang dumami ang mga japones sa Davao at Mindoro ay upang ipanakot sa atin. At ang mga japones namang iyan ay pumapayag na gawin silang panakot sa pagibig sa Kalayaan ñg mga pilipino.

Apat Na Yugto Ng Buhay

Sa Kalupi ni ROBESPIERRE

UNANG YUGTO

Sa himlayang mabulaklak, ang puso ko'y nahihimlay
at wala pang panganorin ng 'pighating natatanáw,
ang diwa ko'y natutulog sa 'banig ng kalikasán
at sa tuwing magigising, sa noo ko'y may 'liwayway___
sa umaga ang palaging nasa 'isip ay laruan
kumakáin sa sandaling sa gutom ay makaramdám;
hikahos man kami'y di ko nakikita ang kawalán '
paka't ang aking akala'y langit 'itong kalupaán___
nang mamatay ang ama ko't maulila'y hindi alam'
ang láhát nang pagdurusa ng 'ina kong mapagmahál,
ang labi ko'y nakañgiti, ang mata ko'y kumikinang
habang itong palad nami'y parang tinghoy, lumalamlám__.
(Oh, 'sa buhay nati'y unang yugto itong kamusmusán,
bawa't tagpo'y may halakhak nang mabangong panágimpán.)

IKALAWANG YUGTO

Katulad ng isang ibon, sa alaga'y 'nagkapakpák
nilipad ang papawiring dati'y hindi nalilipád, '
ang yumaong kamusmusang may tamis pang nalalasap
sá lángit nang aking puso'y nagdaraang 'alapaáp__.
kawañgis ko'y 'isang buko, nang yumabong at bumukad
ang nakita'y paralumang sa bayan daw'y isang hiyas;
kung tunay 'mang sa puso ko'y daming pusong naghahañgad
tunay namang sa puso ko'y hindi 'pansin silang lahat__.
ang sungit ng aking buhay, unti-unting kumikisláp
kaya't noon, sa puso ko, ang 'pighati'y nagumiláp;
nang pumasok sa lipunañ ay noon ko binalangkás
ang tahanang balang araw'y maliligo sa bulaklak...
(Oh, ang buhay ñg 'binata at dalaga'y bagong landas
ikalawáng yugto itong may ligaya at 'may saklap.)

IKATLONG YUGTO

Ang gusaling itinayo sa rurok ng himpapawid
walong taong nagiñg pugad ng ligaya 'at hinagpis;
ang dati-dating pagliñgap ñg 'kabyak ñg aking dibdib
ñgayo'y nawalan ñg sigla't naging bangkay na malamig...
kung hindi sa mga bunsong kayamanan sa daigdig '
ñgaliñgali kong 'kitlin na ang yabong ñg aking bagwis,
ang natipon kong salapi'y nalusaw na parang pagkit
habang ako'y may ngiti pa sa 'buhay na walang támis;
oh, talaga yata akong sa dalita'y tinitikis
pagka't ang anim kong anak, malimit 'na magkasakit__.
mátitiis ko áng lahat, nguni't ang di matitiis'
na magpasan nang dalita'y ang anak ko kahi't 'saglit;
(Ito ay ikatlong yugtong sa kalbario pumapanhik
hinahagda'y pagdurusang bawa't baytang ay may tinik.)

IKAAPAT NA YUGTO

Parang sangsang ñg pabañgong pinalipas ñg panahon
ang buhay kong tila 'rosas ñg damdaming naluluoy,
ang supling ñg aking puso'y isa-isang tumaluntón
sa 'landas kong dinaanan na sa libiñgan hahañtoñg...
ngayon áko'y 'párang yagit, maparito't maparoon
kung sakaling may hinampo 'sa anak kong nagaampon;
kung hindi sa katabilan ng lima kong apong sanggól
ay hiñdi 'pa magbabawa ang dalitang suson-susón___
sa gitna nang págiisa ay lihim ña nananaghoy
pagka't sa 'dulá náng buhay, nakikita ko ang lambóng;
ang langit kung malasin ko'y tila laging umaambón
pagka't pawang sálaghati 'ang nadadama ko ngayón;
(Oh, sa buhay natin itong katandaa'y huling buhol
át siyá 'riñg huling yugtong sa libingan magtutulóy.

Hulio 11, 1936

ANG USAPAN NG DALAWANG MAG-AMA

Pati Diyos ay kakalabanin ng mga Politiko

—Tatay, sino po ang may gawa ñg lahat ñg bagay dito sa daigdig na hinahangaan nating mga tao?

—Ang Bathala ang may gawa ng lahat ng ating hinahangaan. Iyang mga bituin, iyang karagatan, iyang lupang walang hanggan, iyang mga halamang ikinabubuhay, mga ibong lumilipad, ang lahat ñg ayin ay sa kanya natin utang.

—Bakit kailan man ay di na natin nakita ang muhka ñg Bathalang iyan upang ating pagpasalamatan?

—Iyan ang dapat mong isipin. Gumagawa siya ng lahat ng ating kabutihan nang hindi napakikita, pagka't kung pakikita ay mapaparis nga naman siya sa ating mga pulitiko na bahagyang makagawa ng isang maliit na bagay ay labas agad sa mga periodiko ang kanilang larawan at halos ay ipagsigawan sa buong sansinukob ang kanilang nagawa.

—Samakatwid po, tatang, ay "burot" pala ang mga politiko mapagmarunong at palalong di katulad ng Bathala?

—Hindi ka nagkakamali anak ko. Hindi lamang palalo ang mga iyan kundi sila pa ang nagbili at nagkanulo ng bayan nating ito sa mga dayuhan.

—Kung ang politiko po kaya ang natutong gumawa ng kahoy at mga halaman ay ano po kaya sa akala ninyo ang kanilang gagawin upang maipamarali na sila ay talagang marunong?

—Ah, di sasalang aakyat kaagad ito sa mataas na puno ng niyog at pag nasa dulo na ay titiñgala sa lañgit at sasabihin ang ganito:—Oy, Dios, bumaba ka sa lupa at ako ang lalagay diyan sa kinalalagyan mo, ako ang may kapangyarihan sa iyo buhat ñgayon.

Sa ganitong kasagutan ñg ama, ang anak ay napakagatlabi at pailing na nasabi ang ganito:—Mabagsik din pala ang pulitiko, pati Dios ay kinakalaban. Lintik din naman... talagang may "kolokatok" ang ulo nila.

---

kung ang napagsabihan nito ay katulad nila ang kapusukan na walang iniintindi sa buhay, lalo na't sumasala sa oras dahil sa masamang pañañgasiwa ñg mga nagpupuno, hindi malayong magkabasagan na nang buñgo.

Kung ano ang sanhi at nagkakaganito ang ilang kapanalig natin na, pawa pa namang matitibay sa Lapian? Hindi na ako ang sasagot. Ukol sa bagay na iyan ang bayang Sakdalista ang makatutugon at may karapatan namang magsabi ñg tiyak na kadahilanang pinagkakamatayan ñg mga kasamang humahakbang sa karapatan ñg may mga pananagutan.

Kaya kailañgang lumayo ang lahat sa ganyang uri ñg mga tao upang hindi mapahamak o masawi ang lahat o ang Lapian.

Dasmariñas, Kabite.

—GLORIA B. JAVIER

Nasa Katotohanan ang Ipagtatagumpay ng mga Maka-Kalayaan

Sabihin na ang lahat ng maaaring sabihin ng laban sa amin ng mga taong kasalungat ñg simulaing tandisang ipinagtatangol ng maka-kalayaan, ang Pagsasarili ng Pilipinas ay tiyak na darating at sinasabi naming walang bagáy at alaming ang nagsasabi ñg katotohanan ay hindi marunong magpalalo. Matuwid ang pinagbabatayan namin sa katotohanang ito at upang mapatunayán ay bubuksan namin ang patotoo ñg Diyos sa Kanyang aklat ng kabanalan.

Ganito ang sinasabi: *Mapalad ang mga mapagpakumbabang loob sapagka't kanila ang kaharian ñg 'mga lañgit. Mapapalad ang mga nahahapis sapagka't silay aáliwin. Mapapalád ang mga maáamo sapagka't mamanahin 'nila ang lupa. Mapapálad ang mga mahabagin sapagkat sila'y kahahabagan.' Mapapalad ang mgá malinis ná puso sapágka't makikita nila ang Diyos. Mapapalad ang mga mapagpayapa sapagka't, sila'y tatawaging mga anak ng 'Diyos. Mapapalad ang mga pinagusig dahil sa katuwiran pagka't kanila ang kaharian ñg 'mga lañgit. Mapapalad kayo pagka't kayo'y inaalimura at pinaguusig at pinagwimikaan kayo ng sarisaring masásáma na, pawang kasinungaliñgan dahil sa akin.' Magagálak kayo at mágsayang 'totoo sapagka't, 'gayon din ang kanilang pagkausig sa mga propeta ng nañguna sa inyo. Kayo ang asin ñg lupa ñguni't, kung ang asin ay tumabang 'ay ano ang ipaáálat? Wala nang ano pa mang kabuluhan, kundi upang itapon sa labas 'at yurakan ñg mga tao. Kayo ang ilaw ñg sanglibutan, ang isang báyang matátáyo sá ibabaw ñg isang 'bundok ay hindi maááring maitago. Hindi rin nga pinininiñgasan ang isang ilawan at inilalagay sa 'ilalim ng isang takalan, kundi sa talagang lalagyan ñg ilaw; at lumiliwanag sa lahat ñg nanga sa 'bahay. Lumiwanag na ñgayon ang inyong ilaw sa harap ñg mga tao upang 'makita* nila ang inyong gawang mabubuti *at kanilang luluwalhatiiin ang 'inyong ama na 'nasa mga lañgit.* (Mat. 5:3,16)

Magsabi ñgayon ang mga sinuñgaling, kung nagkamali ang mga maka-Kalayaan sa kanyang kaálipin. Ang katotohanan nito ay haya't nangyari na at nangyayari pa rin sa mga maka-Kalayaan ang nasasaad sa Banal na aklat.

Ang bagay na iya'y inihahayag namin doon sa mga taong Sakdal sa buñgañga datapuwa't Sandal naman sa gawain. Doon sa mga Sakdalistang mahihina ang tuhod gayon din sa mga kasamang pusakal namang mapagimbot. Angkop din ito doon sa mga taong bukod sa kasalungat na'y makapraile, maka-puti ni Hudas upang mula roon sa kanilang maling pagpapalagay sa gawain ng mga maka-kalayaan, ay madama sa panahon ang sásápiting kagipitan kung sakali.

At sa lubos pang ikauunawa na ang láhat ñg bagay ay sumasapit sa kanyang katuparan, inilalakip pa rin namin dito ang mga talatang hindi mapupuwing ñg sino mang pantas at doktor sa batas at ito'y ang mga sumusunod:

Kayo ay magsipasok sa makipot na pintuan sapagka't 'maluwang ang pintuang malapad ang daáng patuñgo sa págkapahamak at masasawi 'ang doo'y magsisipasok sapagka't makipot ang pinto at makitid ang dáán patuñgo sa buhat kakaunti 'ang makasusumpong; mangag-ingat kayo sa mga bulaang propeta na paparito sa 'inyo na may damit tupa datapuwa't, sa loob ay may mga lobong maninila. Sa kanilang mga buñga ng inyong makikilala sila 'na, nakaputi baga ng mga ubas sa mga tiikan o ñg mga igos sa mga dawagan, 'ang lahat ñg mabuting 'kahoy ay magbubuñga ñg mabuti at ang masamang punong kahoy ay magbubuñga ñg masama at ang 'masamang punong kahoy ay magbuñga ñg mabuti___Bawá't punong kahoy 'na di nagbubuñga ñg mabuti ay pinupotol at iginagatong sa 'apoy kaya't sa kanilang mga buñga ay makikilala ninyo sila. (Mat. 5: 13)

Alin ang punong kahoy na binabanggit dito? Ang bayang api ay makatutugon dito ñg malakas na tinig na,—"Ang mga pulitiko." Alin pa? —"Ang mga mayayaman at ang mga marurunong," May matuwid na sumagot ñg ganyan ang bayang naghihirap sapagka't, hindi maitatanggi ñg mga taong yaon ang kahirapang niyayakap ñg mga mamamayan ay sila ang may likha. Alin ang dapat na pagbatayan ukol sa bagay na iyan? Ang katotohanan, pagka't ang ipinagtatagumpay ñg isang gawain ay nababatay sa matuwid.

Kaya hanapin natin ang katotohanan sa mga taong ito at iyan ang magpapalaya sa Pilipinas—ESTEBAN SAQUILAYAN.

Sipon—Sinat—Lagnat

Kinubabangan Na Tayo Ng Sakit Simula Pa Sa Unang Araw Ng Pamamahala Ng Amerikano

Kaululan ang maghintay ng kapanatagan hanggang walang kalayaan. Kung ang iyong kababayan ay nanghahapdi na ang tiyan ay huwag kang umasa na matatahimik ka, sapagkat ang kanilang mga daing ang di magpapakali sa iyong kabuhayan. Ito ang tandaan mo: Hindi ka maaaring matahimik habang ang mga kapit bahay mo ay sakmal ng ligalig. Sa gitna ng gabi ay di ka matutulog, ang sigaw ng mga kawawang ito na magiging malakas sa gitna ng katahimikan ang di magpapatulog sa iyo. Dahil dito ay makukuro mo na, tayong lahat ay dapat magmalasakit sa ipagkakaroon ñg kasiyahan ang lahat at bawa't isa sa atin. At ito ay mangyayari lamang kung tayo ay nagsasarili na.

Kailan pa nagsimula sa buhay natin ang ganitong kalagayan? Dapat mabatid na ito ay di ngayon lamang. Matagal na itong dumapo sa atin hindi lamang natin naramdaman dahil sa kakapalan ng balat ng mga politiko. Kung baga sa sakit ay sipon muna, pagkatapos ay sinat at pagkaraan ng ilang araw ay naging lagnat na. Ang lagnat ay may kasamang ginaw, ubo at paghihinawa sa pagkain. Ito na ang pasimula ng matinding sakit pag di nasawata.

Kinubabangan na tayo ng sipon simula pa sa unang araw ng pamamahala ng mga amerikano dito, subali't hindi natin pinansin. Sumunod ang sinat ng matatag na dito ang Asamblea, ñguni't hindi rin natin pinansin. Nang matayo ang senado ay lumagpas na sa pagka-sina ñguni't wala pa sa lagnat at hindi pa rin pansin ng mga magagaling natin. Ngayong mapatatag ang Komonwel ang sinat ay lumala at humantong na sa pagiging lagnat, may kasama nang ubo, panglalamig ñg buong katawan at ang mga paa't kamay ay namamaluktot na. Ipinagwalang bahala ang sipon at sinat at ngayong dumapo ang matinding lagnat ay saka inabot ang ilan natin kababayan na nadaya ng maling paniniwala, na manalangin sa Dios at itinatanong kung ano ang pinagmumulan ng sakit na ito.

Huwag na sa Dios kayo manalangin. Kami na lamang ang sasagot sa inyo: ang pinagbubuhatan po nito ay ang ating pagiging alipin. Subukan ninyong maging malaya tayo at makikita ninyong tatapong lahat ang ginaw, ubo at lagnat na ito.

Tiyak Nila Tayong Nililipol

Karugtong Ng Labas Noong Biernes

Hindi maikakait na ang mga kapisanan ñg mga mananagalog ay itinatag sa pañgalan ñg kasayahan, halimbawa'y ang escursion, piknik, sayawan, timpalak sa kakuririan, pag-gugol ñg salapi sa walang kabuluhang bagay, palatuntunan, parada at pagdiriwang. Sa tribuna'y animo'y kung sinong lintik sa Persia kung magsipañgusap, lalo na kung mapataon sa kaarawan ñg mga bayani. Naisasaloob ñga tuloy ñg mga nakikinig na talagang bayani ang nagsasalita sang-ayon sa mga ipinañguñgusap datapuwa't, saan humahantong ang mga iyan pagkatapos ñg mga katsang at putak? Sa sabuwatan at sa pagkalinglang ñg mga kapanalig hanggang sa pahesusan tuloy ang kanilang alituntunin. Naging wikang pambansa na ba ang wikang tagalog at naipaturo na ba ito sa paaralan sa pamamagitan ñg mga kapisanang ito? Kung ang mga kapisanang iyan na nagpapanggap na sisikapin nila sa mga kinatawan ang pagpapatibay nito at samantalang unang-una na sila na, yumayakap sa wikang dayuhan, ay walang matuwid na umasa pa o aniban ñg bayan ang ganyang mga uri ñg kapisanan!

Sa kabilang dako'y ano naman ang kahulugan ñg kapisanang may simulaing damayan? Damayan ang kanilang mga bulsa at huthutin ang bulsa ñg mga mulalang kaanib at kung nag-iisa na ang nalinlang ay bahala ñg mañgulila sa katahimikan.

Ang tangkilikang nagkakaroon na ñg tindahan sa daang Sto. Kristo na, nakalibang din naman sa mga mamamayan na ñgayo'y hindi na maunawaan ang mga aksion ñg mga mahirap, ay muling lumaganap ñgayon at nagbibihis ñg damit sa pañgalang dayuhan sa pamamagitan ñg isang mayamang mestiso. Tangkilikan na naman ang itinuturo sa bayan na animo'y ang bayang ito'y walang kaloob-loob na tangkilikin ang sariling industria ñguni't, suriin mo naman at sa pañgalan lamang nito'y makikilala ñg unang-unang kalaban ñg tangkilikan. Tingnan naman kung ano ang ipinatatangkilik upang bilhin ñg mga mamamayan ay tiyak na tatambad sa bayan ang mga kayong seda na yari sa ibang bansa. Ganito ba ang tangkilikang sinasabi?

At ang kapisanan sa pananampalataya, ano naman ang nagagawá? Sa pamamagitan ñg pagsamba sa tautauhang kahoy na kanilang itinuturo, ang bulsa naman ñg mamayang panatiko ang nililimas. Dahil sa marami ang natatakot sa impiernong ipinañgalandakan ñg mga tuso, ang mga iya'y nagsiyaman at nagkaroon ñg naglalawakang asyenda. Bukod diya'y naglipaná rin ang mga Iglesia na, animo'y mga Hudyong Lagalag sa Kapuluan. Matapos na paawitin ñg pastor-pasturan (si Kristo lamang ang Pastor) ang kanyang mga alagad o tagasunod, ang mga bulsa naman nito ang kinakataran. Sinasabing kung maliit na halaga ang naiabuloy ñg isang walang malay, ito'y hindi pa makararating sa harapan ñg Diyos, datapuwa't kung malaki ang halagang naibigay ñg isang panatismo, ito diumano'y nasa harapan ñg Diyos. Bukod diya'y may tinatawag pang Huwebes de bagol (sinco centimos) at Sabado de billon (20 centimos), na ito'y ukol din sa abuluyan.

Ganyan ang mga tuso kung gumawa ñg panglilinglang. Kaya dahil diyan ang mga tao sampu ñg mga pañgunahing tauhan sa ano mang uri ñg kapisanan ay nagsasabi tuloy na, sa pamahalaang Commonwealth ñg mga Amerikano sa Pilipinas ang lahat ay sumusulong at umuunlad, maging sa uri ñg karunuñgan at pañgañgalakal na, tila baga kahit na ang mga ito'y kumain ñg damong katulad ñg hayop ay hindi na pansin palibhasa'y, yaon ang pagsulong sa kabuhayan. At sapagka't ang ganitong panglilinglang ay binabayaan ñg pamahalaang ito samakatuwid, masasabing ang mga ito'y SSB naman sa mga SSB sa mga puti. Kung gayon ay maliwanag na lumalabas na ang mga kapisanan ay kasangkapan ñg mga Amerikano sa panglulupig sa lahing kayumanggi.

Kung ganyan ang uri ñg mga taong susundin ñg mga Pilipinong nagpapasan ñg hirap, tiyak na malilipol ang lahing ito. Ano ang dapat gawin ñg mga nahihirapan? Lumayo ang bayang maralita sa mga kapisanan at hanapin ang KALAYAAN upang makita ang Diyos at kung makita na ang dalawang ito saka lamang maliligtas ang lahat sa Pilipinas.

—*Victor de los Reyes*

PAKULUTAN
Naglilingkod araw't gabi
7¢ sang tubo
Tapat ñg Post Office, Baliuag, Bulacan
May-ari at tagapamahala
CARIDAD S. ESTEBAN

KATOTOHANAN SA IBABAW NG LAHAT

(*karugtong ñg nasa tiping 2*)

mga pangyayarihang nagpapakilala, na ang mga mahihirap ay hindi dapat dumaing, ni ayaw pakinggan ng pamahalaan, kung dumaing man.

(b) Na ang lahat ñg ito ay gawa ñg mga demagogo, tingnan natin ang kanyang sinasabi na bahaging may pamagat na: WALANG KATARUNGANG PANGKAPISANAN. Kaya kung talagang may demagogo, ang mga ito ay dapat hanapin ni Presidente sa ibang hanay ng mga tao, at huwag sa hanay ng mga sakdalista, sapagka't siyang nagiging "demogado", siyang nahuhuthot, siya ang nilinglang ñg demagogong iyan. Hindi rin masasabi ni Presidente Quezon, na si Gg. Benigno Ramos ay siyang tinutukoy na *demagogo* sapagka't alam niya at inilalathala naman namin, na walang ipinagtatagubilin ito, kundi "kapayapaan, huwag manggugulo at hintayin ang kanyang pagdating". At ang nilalakad niyang kasarinlan ay hindi *demagogia*", sapagka't siya din ang nagsabi, sa isang salo salo ng mga Rotario sa Manila Hotel noong ika apat ñg Huniong kasalukuyan, na ang Pilipinas ay maaaring magsarili ngayon din", kailan ma't nanasain. Palibhasa ang sabing ito ay hindi demagogia sa aming pagka-alam, kaya inaakala naming nagkamali si Presidente ng pagsasalita. Ang dapat sabihin niya ay demo—gago, (gago, walang muang sa kailangan ñg sarilang (pamamahay) na siyang marami; nguni't hind ginagalaw ñg pamahalaan, kahit alam na nakapinsala.

Ipatuloy natin ang bahaging ito: x x x x Isa sa ilang pangyayaring maaaring magbigay pagkakakataon sa panghihimasok ng Amerika ay ang pagkabigo ñg pamahalaan sa pag-iingat ng kaayusan at pagkukulang nang pañgañgalaga sa buhay, ari arian at kalayaan ñg bawa't isa. Sinusubaybayan ng daigdig ang ginagawang pagsubok ñg mga pilipino sa sariling pamahalaan at ang pagtitiwala at pagpipitagan sa hinaharap na tataglayin ng mga bansa (kasama ba ang Hapon) ñg Republika ñg Pilipinas ay masasalig ang malaking bahagi sa ating kakayahang mag-ingat ng kaayusan, kapayapaan at katahimikan at ang mabisang pãngtangkilik sa lahat ng naninirahan sa Sangkapuluan sa panahong ito ñg paghahanda. Sa pagkakilala, gaya ng pagkakilala ko sa malaking kahigitan (a) ng lakas ng pamahalaan laban sa kanino mang pangkat na may masamang pamunuan na maaaring manghikayat sa isang sandatahang panghihimasok, dinaramdam kong isipin lamang, na sa ilalim ng aking pamamahala ay mapilitan ang mga kawal ng pamahalaan, na gumawa ng isang mahigpit na hakbang na hihingi ng buhay ng kababayan (b) buwis na buhay kay sa ginawang pagbabangon ng mga Sakdalista. x x x x

Ang sinasabing kalayaan ng bawa't isa ay naisasagawa lamang kung pinauunlakan ang mga politiko. Sa ibang bagay at lalo na kung ang kalayaang iyan ay gagamitin sa kapakanan ng mga maralita't dukha, sa halip na limiin ang bagay na ipinakikita ay ang lakas ng kapangyarihan, at dahas ng mga sandatahan nila. Kaya ano mang maralita't dukha ay naiinis at ang kalayaang dapat tangkilikin ng pamahalaan ay nawawalan ng kabuluhan sa bisa ng mga masasagwang pamamaraan. At palibhasa ang mga pagmamasagwang ito ng mga may kapangyarihan ay nakapipinsala sa isa sa mga pangyayaring magbibigay pagkakataon sa Amerika upang makapanghimasok sa pamahalaang pilipino, at maiwawalat sa lahat ng mga may kapangyarihang ganyan ay siyang mahigpit na kaaway ng Kasarinlan at kapakanan ñg Pilipinas. Sila ang nagbubukas ng daan upang mariwara ang karapatan ng mga pilipino, pati siya. At kung totoo na tayo ay nasasanusubong kami maaari ñgang mangñgalaga ng sariling kaligtasan at buhay ng mga mamamayang lahat, maralita't mayaman, aba at makapangyarihan, kung makikita na hindi nasusunod ito, at ang umiiral ay ang masasagwang kapakanan, ano ñgayon ang sasabihin ñg mga bansa? Walang ibang sasabihin kundi ang "hindi pagsangayon sa ating pagsasarili," at pagka't pag nasa katungkulan na'y walang iñgat sa mga kundi api-apihin ang mga maralita at dukha, ang maliliit sa kanilang kalayaan, ang ating pagtatangkilik ng pamahalaan". "Wala kayong tinatangkilik kundi ang buhay, kayaman at ari arian ng mga mayaman, nguni't ang ating iyong mga kababayang mahihirap ay pinapatay ninyo sa gutom at sa bala ng ng mga constables, inaapi ninyo sa paggamit ng kanilang kalayaang tinatangkilik ng Saligang Batas at ang mga ari arian ay nasasamsam ng lalong malakas na may maitutustos sa isang usapin, bagay na nagpapakilalang lubha ng mapait na katotohanan, na ang mga mahihirap dito ay manunuluyan lamang sa sarili nilang pamamahay, kalabaw lamang ng mga dakila, "'walang bayan, walang karapatan, nguni't may katungkulan.'"

At (a)ang bahagi pang ito ng mensahe ang lalong mataas na may kapangyarihan ay nagpapayo ng ganito: "huwag kayong manggugulo, baka mawala ang ATING KARAPATAN sa pagsasarili. At MAY SAPAT NA LAKAS na dapat malaman, na ang pamahalaan laban sa alin mang pangkating magbabangon ñg himagsikan, etc. nalalabag sa karaniwang takbo ng mga pangyayari. Walang makatatahimik at laging magulo ang isipan ninyo may nakakaramdam ñg gutom at kaapihan kahit may higit na lakas ang pamahalaan. yang tumahimik kayo kahit gutom ó kahit na api, iyan ay payong pakunuari lamang, hindi pagtatapat ng ibig sabihin. Na walang tunay na kaapihan at ito'y isang demagogia lamang, ating tingnan ang bahagi ñg mensahe na pinamagatang WALANG KATARUNGANG PANGKAPISANAN.

(b) At daramdamin ni Presidente ang paggamit ng isang hakbang na mañgangailangan ñg lalong maraming buwis na buhay kay sa mga ibinuwis na ng mga sakdalista kahimanawari dito'y nagmatapat na si Presidente. Isang patak na luha ni Presidente sa malungkot ña kalagayan ng mga maralita at dukha, ay sapat ng makapagbigay lakas sa mga nadudukhagi upang mabata ang matinding damdamin. Kahimanawari ang mga buhay na ibinuwis ng mga sakdalista ay maging sapat na upang matubos sa kapapihan ang mga nagdaralita kaayon, gaya ñg pagmamasagwa ñg mga kinikilalang dakila. Kahimanawari si Presidente ay magdamdam sa mga nangyayari sa Pantabañgan, Nueba Esiha, na sa sigaw ng mga maralita doon, ang itinugon ng pamahalaan ay ang Ley Marcial, at sa halip na ang ipadala'y pagkain, bala at mga constable ang nagsidating. Kaawa awang kalagayan, na hindi maiilagan ang pag buwis ñg buhay. Kung hindi makakakuha ng palay sa mga putos na bangan, gutom ang papatay; nguni't kung mangangahas kumuha ng ipagtatawid buhay, bala ng constable naman ang papatay. "Entre la pared y la espada", ang wika ñga, umurong at sumulong ang abang maralita, ay kamatayan ang susuuñgan, ang pagbuwis ñg buhay ay hindi maiilagan.

At Kung si Presidente Quezon ay hindi magdaramdan at ipakikilala ang kanyang pagdaramdam sa mga mangyayaring ito, masasabi naming retorica lamang ang laman ñg kanyang mensahe.

(ITUTULOY)

Larawan Ng Kapanglawan

—ni Jvlio Cor. Abranilla—

"Hindi ko makita ang anino ñg kaligayahan sa isang pook na ang mga tao ay walang hanap-buhay at nagihikahos."

—EDWEEN MOSES

—oOo—

Ang Pangasinan, isang lalawigan sa kalagitnaan ñg Luzon na nakilala sa taguring "Bañgan ñg Palay" sa Pilipinas ay na sa kalim ñgayon ñg malubhang paghihikahos. Ang mga tao roon ay bahagya nang makatawid sa panahon. Ang paglala ñg banig, ang paggawa ñg silya sa kawayan at ang pagyari ñg mga banig, ang sawali at mga panganan, na siyang pinagkakakitaan ñg mga tao doon noong una ay natapos na ang pagkakitaan ngayon. Ang iba pang hanap-buhay ng tao sa bayang ito ay ang "asin" na katulad ñg paggawa ñg mga kalan, palayok at tapayang-lupa ay naghihingalo na rin sa kasalukuyan. Ang mga buñgang-halaman, mga itlog ñg manok at mga kakaning katulad ñg puto at bitso-bitso ay hindi na matutulog ipagbili ñgayon, sa kahirapan sa pananalapi ñg mga taong sana'y mañgailañgan nito.

Hindi mabili ang paninda ñg mga taga bukid sa Pangasinan, sapagka't ang mga ito'y nagdarawalang salapi sa kawalan naman ng pagkakakitaang hanap-buhay ng mga ito. Ang mga pakakitaan ay wala ring tangkilik at paglilingap sa mga mamumuhunan walang pamamahala ang mga walang hanap-buhay na ang karamihan ay napipinto na sa pagkadayukdok, na maaaring magwakas sa isang masaklap na pagkasawi ñg mga tao.

Ang nayon ñg Kalomboyan, na sakop ñg San Carlos ay malapit ñg maging nayon ñg mga 'patay'. Ganito ang sabi ko sapagka't nasaksihan kong ang mga taga roon lubha na yaong mararalita ay sumasala na sa oras ñg pagkain. Kahabag-habag na totoo ang kabuhayan ñg mga taga Kalomboyan. Ang mga tao'y naghahalo ñg giniling na mais sa kanilang sinaing. Kumakain sila ñg susong kinapa sa ilog at talangkang maliliit na hinuli sa tabong may kaunting darak ñg bigas na ibinabaun sa putik. Ang iba'y hindi na naguulam samantalang ang iba naman ay tama na ang kumain ñg binusang mais at inihaw na kamote sa kanilang agahan. Ganyan ang hanap buhay ñg mga Pangasinang masusumpuñgan sa mga pook ñg Kapataan, Parayao, Quintong, Tandok, Palaming, Tumbar, Malawa at Kalomboyon, na maaaring makahugot ñg luha doon sa puso ñg mga taong mahabagin sa kapuwa. Nasabi ko tuloy sa aking sarili na ang ating mga kababayan sa dakong ito ñg Luzon ay kahabaghabag naman at kulang na lamang ay mamatay sila sa hirap. Datapuwa't ang lahat nga naman ñg tiisin ay hindi matatanggihan ñg tao kung ito'y dumarating na sa kanilang palad!

Ang mga Pangasinan, sa panahong ito ay laging nasa sa kalungkutan. Salamat sa Dios kung sila'y sapitin pa ñg masaganang kabuhayan sa mga araw na nalalapit. Ang mga "nagaral" sa bayang ito ay laging makikita sa 'likod ñg araro' nagbubungkal sila ñg lupa upang sa ibubuñga nito ay mabuhay sila ñg maluwalhati, mapayapa at marañgal. Ganyan ang matatanaw na kabuhayan ñg mga taong nagtatangkilik ñg bañgan ñg palay ay nagugutom, na isang tunay na "Larawan ñg Kapanglawan."

—Maykawayan, Bulacan

SA MGA KATULONG

Ang mga artikulo, tula at iba pang lathalang hindi lumalabas sa loob ng may dalawang linggo, ay huwag nang asahang lalabas pa. Sa kakulañgan ñg pahina ay di dinaramdam naming hindi mapaunlakan ang masisipag na katulong.

Ang tulang sa *Awa ñg Dios* ni G. Juan T. Gervacio at ang *Ang Dakilang Hañgad* ni G. Numeriano A. Cruz, ay siya lamang napili sa isang linggo sa isang talaksang tulang natanggap namin. Ang mga pagpapadala ng artikulo ay lagdaan po lamang ang tunay na pañgalan ng pagkakakahaban.—ANG PASULATAN

Ang Suka At Pulot

Kung Ano Ang Hanap Ay Matatagpuan

Tula ni F. K. Santos, alias Vidasto

S—a bayan at kagubatan, sa bundok at karagatan
iba't ibang mga hayop ang nagsisipanahanan,
hayop na apat ang paa at hayop na gumagapang
mga ibong sari-sari't iba't ibang mga kulay;
sa dagat ay mga isdang malalaki at munti man
pag inalis mo sa tubig ay hindi na mabubuhay.

A—ng alin mang mga hayop kapag iyong ikinulong
nagdaramdam, nalulungkot, umiiyak nananaghoy;
walang tigil sa pagligid at puwang ang tinutunton
kahi't sila'y iyong bigyan nang pagkaing nakabunton
laya rin ang hinahanap, laya rin ang nilalayon...
hindi gaya mo oh, tao! kay dali mong maikulong.

K—ung tao kang mapamansag nang sariling kabutihan
di mo nais na mabati at punahin ñg sino man,
subali't ang gawain mo'y tila hindi tinitimbang
sa timbangan nang sarili kung mabigat o magaang...
di na yata sinusuri ñg wasto mong kaisipan
na tao ka at dakila kaysa lahat ñg nilalang.

D—ahil dito'y imulat mo ang mata ñg iyong isip
at suriin ang sarili kung kanino nawawangis,
kung sa hayop, itong hayop, may sariling layo't nais
at ang laya sa kanila'y katimbang ñg ating lañgit;
kung sa tao, ay ang tao'y may malayang pagiisip
bakit ikaw na tao rin, kaalipna'y siyang ibig?

A—ko nga ay pasintabing sa tula ko'y tumutunghay
sa pagpunang ginagawa'y huwag sanang masasaktan,
tayong mga Pilipino ay mayroong kawikaan:
na kung sino ang may dala ay siyang nabibigatan
at kung ano ang kinain ay siya ring ididighay...
ito'y diwang naghahayag nang maraming mga bagay.

L—ubos ito at totoo, kaya't dapat na mag-ingat
sa pagkain, sa gawain, sa isipin at sa hangad,
at lagi nang isa diwa na kung anong hinahanap
ay siyang matatagpuan, kundi ngayo'y hangang bukas
kaya nga at ang mithiing paglaya nang Pilipinas
magkaisa ang bayan ko't ito'y siyang magaganap.

Pitak ni A. M. RIVERA

A 4 DE JULIO

Pasanin—Naku, sayang ang pagkaluwas ko. Wala palang inihandang kasayahan ñgayon para sa "a 4 de Julio".

Talosaling—Ay! Mabuti na lamang. Hindi na tayo nalalagay sa isang katayuang alañganin, lalo na ang ating Veteranos de la Revolución e Hijos Adoptivos.

NEPA

Ando—Hindi baga ang adhika ñg NEPA ay matangkilik ang sariling atin?

Bogado—Oo ñga, kaya kailañgan ang sumunod sa lahat ñg mga inia-aral at ginagawa niyan.

Ando—Aba, ay imposible, hindi magtatagumpay.

Bogado—At, bakit?

Ando—Sapagka't, marikano ang magtatagumpay at hindi tayong mga Pilipino.

Bogado—Aba, at bakit na naman?

Ando—Mangyari ay ang NEPA ay wikang Ingles, at kung ano ba ang puno ay di siyang buñga, kaya iyan ay katsang lamang ñg mga Bachelor sa Sining ñg Paglilingkod (S.S.B.).

TULUNGAN MUNA ANG SARILI

Mala-Sakdal—Kung nais ñg lapian ang aking tulong ay maasahan ninyo ako.

Tunay na Sakdal—Tuluñgan mo muna ang iyong sarili at nang makatulong ka sa lapian kung iyong nais. Ang ibig kong sabihin ay wala kang gawaing maitutulong hanggang hindi ka nagpapakasakdal.

TALO ANG HINDI MAGTULOY

Isang mayaman ang nagpadala ng hamon sa isang manggagawa na kakompetensia niya sa paggiik ñg palay sa bukid. Ang pabilin ñg Don ay ganito:—Kung lalaban ka sa akin ñg pababaan ñg upa sa giik, ay gumiik na tayo ñg walang bayad, at pagkatapos ñg giikan ay buntunan natin ñg dayami ang ating paggiik, buhusan ñg petroleo at saka silaban.

Ang pahatid na sagot naman ñg manggagáwa ay gaya ñg susunod:—Ako ay pumapayag na gumiik ñg walang bayad kung siyang pinagkakasunduan namin ñg may bukid, ñguni't hindi ko masisindihan ang aking pang-giik ñg pagayon lamang. Sabihin ninyo na papayag akong sunugin ang aming panggiik, kung silang maganak ay papasok sa loob ñg kanilang aparato, at saka sindihan ang kanilang panggiik, at kami man ay papasok din sa loob ñg aming aparato bago sindihan, at talo ang hindi magtuloy.

TANONG NG SAKDAL SA SAKDALISTA

Sakdal—Alin alin ang mga bansang napasok ñg "kabihasnang" puti, na ñgayon ay mga salantang bayan?

Sakdalista—Ang China, Pilipinas, India Orientales (Borneo, Jaba, Celebes, Moluccas, Sumatra), Bagong Guineo, Kahabaang Malayo, India, Hawaii, China Francesa, Ceylon, Bagong Zelanda, at saka ang boong Aprika, at iba pa. Ang mga katutubo rito ay unti-unti nang napaparam.

Sakdal—Alin naman ang hindi nila naturuan ñg "magaling" na ñgayon ay pañginoon ding kinikilala?

Sakdalista—Ang Hapon.

CANDELARIA BAZAR
Tindahang Tagalog ñg mga sari-sari. Tumatangkilik at napatangkilik sa mga kalahi.
Manuela ni P. Vega, *May-ari*
Candelaria, Tayabas, K. P.

Dalawang Paraan Ng Pananakop. Kailan Pa Kaya Natin Makikilala Ang Ating Kaapihan?

Maglagay kayo ng isang tapayang suka at iilan ang lañgaw na mahuhuli. Maglagay kayo ng isang mangkok na pulot at maraming lañgaw ang mapipikot. Lahat ñg lagaw na mahulog sa suka ay masdan ninyo at nakasimañgot na parang isinusumpa ang pagkahulog nila sa suka. Maasim ang suka kaya lahat ñg lañgaw na mahulog dito ay nakasimañgot. Lahat naman ng lañgaw na mahulog sa pulot ay masdan ninyo't nakañgiti — buka ang bibig, bukas ang pakpak at mandi'y ikinatutuwa ang pagkasawi sa pulot. Nguni't maging nakañgiti at maging naka-simañgot ay iisa rin ang inuwian—Kamatayan.

Nakapagtatakang tutoo na tayong hindi naman lañgaw kundi tao ay tila nagagalak nang mag-salañgaw na namamatay sa tamis ng himas at sarap ng hagod ng mga tuso, aliktiya, hunghang at lanuwang. Gaya na nga ng nasabi sa itaas, mamatay ka man sa suka o mamatay ka man sa pulot ay iyon din: bictima ka rin ng kamatayan.

At hindi lamang iyan. Sa suka ay kakaunti ang nahuhuli, nguni't sa pulot ay katakot-takot. Kung ang amerikano ang nauna sa kastila ay ay matitiyak nang suka ang ipalalagok sa atin nito at kung ang kastila naman ang nahuli ay pulot naman ang ibibigay. Kaya naging suka ang mga kastila ay sapagka't sila ang nauna at kaya naman naging pulot ang mga amerikano ay sapagka't sila ang nahuli. Nakita ñg mga amerikano na ang suka ay di mainam na ipanghuli ñg mga lañgaw sapagka't kakaunti na ay nagmumura pa at nagagalit. Kaya ang ipinain ay pulot. Bukod sa marami ang nahuhuli nito ay nagtatawanan pa at nagaawitan ñg jazz at blues bago mapatdan ñg hininga.

Ang usapan ay ang makahuli kaya't ang kailañgan ay ang lalong mainam na paraan.

At ang sarap mo nito ang pañginoon ngayon ay totoong napakatalino. Bukod sa pina mumulupot na tayo sa pulot ng mga ngiti, halalan, puesto at karangyaan ay kinuha pa ang ating mga bañgaw (ang malalaking lañgaw) at siyang ginawang taga-pamahala sa mga lañgaw, sa mga tuñgaw, sa mga singaw, sungaw, ungaw, kagaw at lugaw. Sa ganito nga namang paraan ay lalong sigurado ang kanyang kalagayan. Tahimik na nakuha ang kagustuhan at ang mga lañgaw, sakali mang makaisip lumipad ay ito pang mga bangaw ang taga-pigil, tagadakip, tagapisil, tagasipa, taga-dagok ....

Kasing-asim ñg sukang Iloko ang ginawang pamamahala dito ñg mga kastila. Kasing tamis naman ng pulot ang ginawang pamamahala dito ng mga Amerikano. Ngayon natin nakilala na ang suka at ang pulot pag ipinanghuli ñg lañgaw ay lalong marami ang nahuhuli ng pulot at nahuli na ay nakangiti pa at siya pang nagpapalagay na may utang na loob sa naglagay ñg pulot. Awa naman ñg Diyos ay hindi lañgaw ang tawag sa atin, kundi tao. Bakit kaya nagiging lañgaw tayo ñgayon?

Kailan pa kaya magigising ang bayan natin upang makilala na sa uri ng pamamahala ang pulot at suka ay pareho at lalo pang mabisa ang pulot sa paglipol sa ating lahi?

......

Idalangin ninyong makabalik na agad ang Patnugot natin upang makilala ñg bayan ang pulot na ito na siyang lilipol sa ating lahi.

NAKIKIRAMAY KAMI

Ang kapatid na Tranquilino Delgado, may 36 na taon ay binawian ñg buhay noong ika 2 ñg Abril. Nakaiwan siya ñg sampong anak at ang kanyang maybahay. Nang nabubuhay pa ang nasabing kapatid ay masugid na kagawad ñg lupon Nayon San Juan Blg. 6 sa Sta. Cruz, Laguna. Sa kanyang pagpanaw na ito ay nakikidalamhati sa mga naiwanan ang lahat ñg mga Sakdalista.

Si G. Marcos Castañeda ñg Lupon Pambayan ñg Mandaluyong, Rizal ay tinawag na sa sinapupunan ni Bathala noong Sabado, ika 4 ñg Julio. Nakikiramay ang kanyang mga kapanalig sa kanyang maagang pagyao.

Si G. Florentino Catindig ñg Lupon Pambayan ñg Sta. Rosa, Laguna ay sumakabilang buhay noong Sabado, ika 4 ñg Hulio at inilibing noong linggo ñg hapon sa malakas na ulan na sinagasa ñg sa kanya'y naghatid sa huling hantuñgan, ay kabilang ang Kas. Filomeno Prodon ñg Meycawayan at G. Gaudencio V. Bautista ñg Rizal at nagkaroon ñg isang palatuntunan bilang pakikibahagi sa taglay na kalungkutan ñg mga naulila, ang yumao ay nakaiwan ñg 4 na anak at ang isa'y na sa libiñgan ñg mga buhay dahil sa pag-ibig sa Kalayaan ñg Bayang Pilipinas.—KABALITAAN

Si G. Francisco Baldemoseda, dating masugid na Sakdalista, taga nayon ñg Bubulung Malaki ay namatay noong ika (2) ñg kasalukuyan sa gulang na (82) taon. Walang iniwang bilin sa mga kasama ang namatay kungdi magpakatibay at magtiis hanggang sa matamo ang ganap na kalayaan ñg bayan.—BARTOLOME SANTOS

Atimonan, Tayabas, Hulio 4.—Kamakailan lamang ay binawi na ñg hiram na buhay ang kapanalig na si G. Felimon Reyes, kaanib sa Lupon ñg Nayong Malusak. Nakaiwan ñg namimighating asawa na lubos na ikinalulungkot ñg Lupong kinaaaniban.

Inihatid ang bangkay niya sa Matandang Libiñgan na ipinatnugot ñg mga kapanalig, kamaganak at mga kaibigang nakikibahagi ñg hinagpis ñg mga naulila.

Samantala namang kagabi lamang, mag-iika 10:00 ay pinapanawan ñg hiniñga ang kapanalig na si G. Irineo Campomanes, 55 taong gulagg, Pañgalawang Pañgulo ñg Lupon ñg nayong Habiian.

Nagluksa ang Lupon sa Habiñgan sa madaling pamama-alam ñg kapanalig na Campomanes na isa sa mga matitigas na katig sa Habiñgan.

Nagdaramdam din ang Lupong pambayan sa pag-alis ñg dalawang mga tapat na kapatid pagka't hindi nila naantabayanan ang pagaabot sa kanilang palad ñg pasalubong ñg ating Patnugot.

—H. R. D. MANALO

SalvadorShoe Store
Subukin ang sa kalahi, bago ang sa dayuhan
336 Carriedo, Quiapo, Maynila

LAURO BUKAS
Registered Nurse and Experienced Masseur Under Prof. F. N. Gonzalez
663 Legarda Tel. 2-63-33
Sampaloc, Manila

ASIA ASIATIKA

(Karugtong ñg nasa tiping 1)

bansa na ang kaalaman, kabuhayan, at kapalaran sa pagka-bansa ay nagkakaisa. Ang katiwasayan, kasaganaan at pagunlad ng mga tao sa Asia ay maaaring mangyari sa ilalim lamang ng isang estado na may matatag na pagkakaisa ng mga taong Asiatiko na lubos na sinasaniban ng kuro-kuro ng sariling pagkamalay na may uring maka-Asia. Ang pagkakaroon ng mga damdamin ng pagkakagalit at pagpapaligsahan ng mga bansang Asiatiko ay magaanyaya lamang sa pakikialam ñg tagalabas at pagpapatibay sa kasalukuyang pañguñguna o mapanglupig na katayuan ng mga kaaway ng Silañgan (Oriente). Ngayon upang maiwasan ang mga dahilang ikapagkakaroon ñg pagpapaligsahan at ipagkakaalit ñg mga bansa sa Silañgan at upang malagyan ñg palagiang hadlang ang "Hatiin at Sakuping" patakaran (devide and rule policy) ng mga puti ay lubhang kailañgan ang pagbubuo ng mga bansang Asiatiko sa isang bigkis na pangláhát sa ilalim ng isang malaking samahan. Ang kaguluhan at pagkakahiwa-hiwalay na ñgayo'y naghahari sa buong Asia ay di lamang magbubulid sa kanyang ganap na katalunan, kundi pupukawin pa ang masamang layunin ng Europa at Amerika at ang ganito'y magbibigay ng matibay na hadlang sa ipagkakaroon ng kapayapaan ng daigdig.

—III—

Ang magbigay ng katiwasayan at muling pagbubuo sa magulong kalagayan ng Asia sa ngayon ay isang tungkuling halos lahat ay napapatong sa balikat ñg Hapon. Isang sa-ikapat ng isang daang taong lumipas sa biñgit ng kapalaran ng kanyang bansa, sinagupa niya ang pananalakay ng nanglulusob na lakas ng imperialistang Russia at napaurong ito, bagay na nagpaiwas sa ganap na pagbagsak ng Asia. At hindi lamang ito, kundi maging ng pagkakaroon ng pagasa sa pagiisip ng mga taong may-kulay para mabalik ang kanilang nawalang karañgalan. Ngayon, ang pangyayari sa Manchuria ay nagbigay sa kanya ng panibagong pagkakataon para kumilos sa dati ring landas na binuksan sa kanya ng makasaysayang kahulugan ng labanang Ruso-Hapones. Siya ay pinakiusapan upang pagalawin ang lahat ñg kanyang lakas sa kaalaman, politika at kabuhayan at kung kinakailañgan ay lakas ng militar pará magkároon ng pagkakaisa at ganap na pagbubuo ng Asia. OO, isang pinagkatandaan nang tungkulin ng bansang Hapones ang makita ang estado ñg pagkakaisa at muling pagbubuo ñg mga bansang Asiatika, at bukod dito'y para itayo ang bagong katiwasayang pang-daigdig sa patakaran ng pagkakapantay-pantay ñg mga tao at pagkakatimbang-timbang ñg pinagkukunan.

—IV—

Sa isang pagmamasid sa takbo ng politikang pangdaigdig, ang pagtatatag ñg "Kapatirang Pan-Asiatiko" (Pan-Asiatic Federation) ay isang bagay na pangkaraniwan. Ito'y isang sangkap na kinakailañgan sa pagunlad ng samahan ng mga tao na ang mga bansa o mga lahi ay magsama-sama sa bigkis ng pagsasamahan upang magtatag ñg maka-kanila, maka-politika, maka-kabuhayan mgá pangkat. Ang lumukso agad sa estado ñg mundo buhat sa kasalukuyang kalagayan ng estado-nacional ay di pangkaraniwan at dahil dito'y di mangyayari. Nasilip sa butas na ito ay pangkaraniwan lamang na ang Samahan ng mga Bansa, samahang pang-daigdig na lumitaw na walang pinagbuhatang mga kinakailañgang pangyayari na makasaysayan sá ilálim ng nangangailañgang kalagayan ng matapos ang digma ay dapat makitang lubhang maaaga para sa kanya ang gumanap sa pápel ng páng-mundong Samahan. At dahil dito'y kinakailañgang ayusin sa kanyang sarili sa pinaka-matingkad na hañgaring pang-kontinentismo o pang nacionalismo. Ang Pagkawalang lakas ng samahan ng mga Bansa, bagama't hindi winawalang kabuluhan ang matapat na pagsusumikap ng mga kasapi upang lumunas sa mga sigalot ng mga bansa o di kaya'y baguhin ang matibay na agos ng maka-kulay at maka-lahing damdamin, ay nagbubuhat sa di anupa mang bagay kundi diyan sa malaking pagkakamali sa bahagi ng mga mapag-mataas na sa kanya'y nagtatag, na linimot ang pangkaraniwang hilig ng samahan ng mga tao, at naghañgad na maalis sa kasalukuyang katatayuan upang patuñgo sa tugatog ng isang maligayang bayan sa daigdig. Ang bagong palakad ng politikang pang-daigdig at kabuhayan sa haharapin ay dapat balangkasin, sa tumpak na pañguñgusap, hindi ng mga bukod-bukod na bansa kundi ng pangkat ng mga bansang natayo sa pantay na kalagayan,, katulad halimbawa ng isang Samahn ng mga Europeo, isáng samahan ng mga Asiatiko, isang samahan ng mga Amerikano, ang Samahan ng mga Soviet, atb. Ang kabuuan ng bagong katahimikan ng daigdig ay dapat matayo sa salalayang bato ng mga ganitong pangkat ng mga bansa na lahat ay nahahanda sa maayos na pagtutuluñgan.

—V—

Sa ganitong katatayuan na dito'y ipinaliwanag na, ang pagkakatatag ñg Kapatirang Pan-Asiatiko ay di lamang isang bagay na hinihiñging mapatatag ng kasalukuyang kalagayan ng mga pangyayari sa kabuhayan na ngayo'y naghahari sa kontinente ng Asia, kundi ito'y pawang hakbang na lubos na kinakailañgan sa ipagkakaroon ng kapayapáán sa daigdig. Kaming mga nagtatag ng "Malaking Samahang Asiatika" (Great-Asia Association) ay naniniwala na ang masusing paghahanap sa kayamanan ñg kaalaman, ñg politika, ñg kabuhayan at makasaysayang simulá ñg maraming bansag Asiatika, gayon din naman sa pagsusumikap upang pagibayuhin ang mabuting pagtitiñginan ng mga bansa dito at upang ipakilala sa kanila ang kaalaman ng Hapon, ay maaaring magampanan sa pamamagitan ñg Samahang ito, at nananalig pa rin kami, na sa matiyagang paggawa sa mga guhit na ito, ang samahan ay makatutulong sa mga pagsasakit sa ipagkákároon ng kapayapaan sa daigdig at ganon din naman sa ikauunlad ng kaalaman ng mga tao. Lubos naming hinahahañgad ang matapat na pagtulong at pagsangayon ng lahat ng mga magkakapatid dito sa Asia sa aming layunin.

(Sa susunod: ANO ANG IBIG SABIHIN NG ASIA ASIATIKA?)

Pangungusap Ng Palaisip

May Araw Tayong Hiniintay

Kung kayo ay magaasawá ay hindi ninyo dapat ilathalá sa mga pahayagan ang magandang larawan ñg inyong asawá, sapagka't sa ganyang kagagawan ay para kayong ngaanyaya na agawin ñg iba ang inyong asawa Sapagka't ang kayamanan ay maaaring iñgatan sa loob ñg kaban, ñguni't ang babaeng maganda ay karaniwan nang naghahanap ñg "makatutukso". Itago mo ang iyong kayamanan upang huwag "nakawin". Ipaglihim mo ang iyong asawa upang huwag agawin.

Layuan ang mga pagkalibang, pagaaliw at pagaaksaya ñg panahon sa walang kabuluhang bagay. Ang nalilibang ay nakalilimot na sa kanyang kaapihan, at pag ganito na ang nangyayari ay mawawalá na rin sa loob pati kasarinlan ñg kanyang lupang tinubuan.

Ipanalañgin ninyo sa Lumikhá na matubos na ang ating bayan. Sa inyong pananalañgin ay nakakausap ninyo ang sariling puso at kalooban at diyan maririnig ang tinig ñg inyong mga Bayaning nasa Lañgit.

Lagi ninyong ilakip sa inyong pananalañgin ang buhay ñg ating Patnugot. Hiliñgin ninyong ibigay sa kanya ang lahat ñg sangkap sa ikapagtatagumpay ñg kanyang gawain. Ito lamang ang inyong gawin ay malaki ang inyong maitutulong, sapagka't may Dios na di magpapabayá sa mgá taghoy ninyong iyan.

Huwag ninyong dinggin ang lahat ñg mga pabalita ñg ating mgá kaaway na maaaring isamá ñg inyong loob o ñg taong pinatatamaan. Karaniwan nang ang pabalita ay sadyang ginagawá upang magkaga-kagalit ang magkakasamá. Ang inyong pakaisipin ay kapag ang isang tao ay nagdalá ñg samá ñg iba sa inyo ay walang sala na ang samá naman ninyo ang dadalhin ñg taong iyon sa iba.

Kapag may nagutos sa inyo na gumawá ñg kaguluhan sapagka't ito diumano ang utos ni Ramos, ang gawin ninyo ay hiñgan ninyo ñg katibayan. Pag may ipinakita sa inyo at natitiyak ninyong hindi iyan galing kay Patnugot ay ipagbigay-alam ka agad ninyo sa mga may kapangyarihan. Pag iyan ay di pinakialaman ñg mgá alagad ñg batas ay asahan ninyong iyan ay pakawala ñg malalaki. Kapag iyan naman ay pinakialaman ay maaaring iyan ay di pakawalá kundi mgá tao lamang na nawalan ñg pagasa at sa kawalang pagasa ang gusto'y kaguluhan.

Kapag ang katibayang ipinakita sa inyo ay di ninyo matiyak kung tutoo o hindi ang gawin ninyo'y ayain siya sa Gagalañgin at iharap siyá sa ating magulang Tobias upang ang ganya'y patibayan. Kapag ito'y hindi sumama, at nagdahilan na walá siyang panahon o kung ano pang dahilan ay dapat na ninyong pañgilagan ang taong iyan.

Anumang pagpaparunggit at pagtuligsa sa ating lapian ang inyong madinig ay huwag na ninyong papansinin kung ganon-ganon lamang. Dapat ninyong mabatid na ang kaisipan ñg mga taong iyan ay napanday na sa papagiging alipin ta dahil dito'y anuman ang gawin ninyo'y walá kayong magagawá. Ang mga matang nasanay na sa dilim ay sadyang natatakot masisilayan ñg liwanag. Pag dinala mo iyan sa liwanag upang makitá niya ang kagandahan ñg daigdig ay magsisigaw iyan at sasabihing inyo siyang binubulag. Bayaan ninyo ang mga ganyang tao—may panahon tayong iniintay at may araw na darating na sa kanila'y magpapamulat.

Sa Hapay Ng Talahib

* * *

(Karugtong ñg nasa tiping 1)

man ñg aming pagmamalasakit sa inyo.

Ang kinakausap ay pañgiting tumugon ñg ganito naman:

—Ipinagtatapat ko sa inyong isang bagay lamang ang aming ipagkakasundo ñg mga taong iyan at ito'y walang iba kundi ang KALAYAAN lamang—maliban diyán ay walá na. Ipinagtatapat ko rin sa inyo na bagama't ako'y mahirap ay nakikilala kong walang salaping maka-bibili sa kalayaan ñg aming bayan.

Sa sagot na ito ay nagalak ang mga kausap at lalo pa manding nagalak sila ñg totohanin nito ang kanyang mga sinabi sa harap ñg dalawang sinugo ñg senador. Ang pagpapanayam ñg ginoo kong tinutukoy at ñg mga nakipagkita ay naging madali palibhasa'y ang pinakipagkitaan ay walang iginit kundi ang pañguñgusap na — isang bagay lamang mga ginoo ang ating ipagkakasundo at ito'y ang pagkilala sa kalayaan ñg aking Bayan.—

Ng umalis ang dalawang panauhin ay nagayaw ñg salita na sila ay babalik, ñguni't ipinagbilin naman ñg kinausap sa kanyang mga kaibigan na kung babalik ang mga nasabing ginoo at iyon din ang kanilang iaalok, ay ipinakiusap na huwag nang tatanggapin sapagka't di na niya pakikipagkitaan. Pagkaalis ñg mga panauhin ay sinabi nito sa kanyang mga kaibigan ang ganito:—Ang mga alok na iyan ang nagpapatunay na ako'y nasasa katwiran sa paguusig sa kalayaan ñg aking bayan, kaya't haba nila akong inaalok ay lalo naman akong magpapakatibay—.

Natuwá ñg ganyan na lamang ang kanyang mga kaibigan palibhasa'y katutubo sa mga taong ito ang pagtiñgin at paggalang sa mga taong tunay na umiibig sa kanilang bayan.

Kapag ang mga lalaking maglalaban ñg isang simulain ay katulad niyan ay aling simulain ang di maipagtatagumpay? Sapagka't dapat malaman ñg lahat na di ang bigat ñg isang simulain ang nagiging dahilan ñg madalas na kabiguan nito kundi ang karupukan ñg puso ñg nagdadala ñg simulain at ang malungkot na di pagkilala sa halaga ñg simulaing ito. Kung hanggang sa ñgayon ay di man lamang natitigatig ang mga Sakdalista at anumang pananakot ñg mga kalaban ang gawin ay lalong tumatapang, iyan ay sapagka't sa matibay nilang pagkakilala sa taong kanilang sinusundan at sa kadakilaan ñg layuning kanilang pinaglalaban. Anuman ang bagyong umabot sa kanila na likha ñg mga kalaban ay magiging parang hañgin lamang dumaraan palibhasa'y ang paniniwalá nila ay katulad rin ñg paninimalá noong taong nagsabi na: Ang bañgo ñg ilang-ilang na ibinuwal ñg bagyo, ay di napaparam—iyan ay nakabitin sa himpapawid.

Hulyo 11, 1936.

May Kilusan...

* * *

(Karugtong ñg nasa tiping 1)

ating kapakanan at kasarinlan.

Tapos, na ang gawain ñg ating sugo. Sa pagtatapos na iyan, ay nakita natin ñg buong ningning na ang kanyang mga kautusan, at pamamalakad sa isang bansang naglulunggating lumayá at magsarili ay di lamang ang tumugon ay ang mga lahing tulad nitong sa atin na lupig at api ñg ibang kapangyarihan, kundi pati ñg mga lahing di nasasakupan ñg ibang kapangyarihan ay kanilang naibigan ang isinasaad ñg Patakaran ñg Lapiang Sakdalista sa Pilipinas, kung kaya ito ñgayo'y kanilang ipinalalaganap sa kanilang lahi, upang ang ikapaglalapit ñg mga magkakauri at magkakakulay ay maisagawá sa lalong madaling panahon. Hindi katakataka ang nangyayari at napatunayan natin sa kasalukuyan, pagka't hindi tayo bigo. Iyan ang aming masasabi.

Ang Katangian...

(Karugtong ñg nasa tiping 1)

lamang para sa akin kundi sa aking mga hañgad at gawain na natutungkol sa aking Inang-bayan.

Sa paguusap ng magkasi isang araw, ang kas. Crespo ay nagulat ñg mga dinanas niya sa buhay, ang kaniyang laging hañgad at pañgarap, at ang kasalukuyang kalagayan ñg kaniyang Inang-bayang Pilipinas. At tinapos sa ganitong salaysay: Ako ay may makabayan at banal na tungkuling dapat isakatuparan. Ang aking bayan ay nasa ilalim ñg pamamahala ñg mga dayuhan at pinagagalaw ñg mga mapagimbot na liders, at sa kaniya ay kailangang italaga ko ang sarili at lahat kong makakaya.

Sa pagdalaw nila at paglilibot isang araw sa isang parke na kinalalagyan ñg mga bantayog (monumento) ñg mga nasawing bayani sa isang labanan sa Shanghai, ang kaniyang giliw ay boong galang at kataimtiman na nagsabi ñg ganito: "Ang mga bayaning nakikita natin dito ay naghain ñg kanilang buhay hindi para sa kanila lamang kundi para sa kanilang bayan. Sa pagdadala nila ñg mga bomba-dinamita sa himpilan ñg mga kaaway ay talos nilang sa pagsiklab ñg mga yaon sila ay ganap na matatapos datapuwat minatamis nila at tinupad na walang pasubali ang kanilang dakilang tungkulin.

Hindi Mag...

(Karugtong ñg nasa tiping 1)

mga sakdalista na kailan ma't ang makakaniig ay kaibayo ñg kanyang simulain.

Mainam at lubhang mahabá. Na kami na rin ang siyang una-unang pagpapasama't sa mga di akalaing magtapat, ñguni't hanggang doon na lamang sa papasukin namin sa isang taiñga at palabasin sa kabilang tainga. Bakit? Pagka't dalok na po ang bayan sa kanilang mga sabi-sabi, na walá namang nangyayari. ?

Ang kaligaligang iyan ñg mga pulitiko ñgayon, hindi nañgañgahulugang sila'y babaksak sa kanilang sariling bigat. Hindi po. Kundi sila'y nagsisisi, na kung bakit di nila napagsumikapang matamo ang lubos, ganap at kagyat na kalayaan. Nguni't ano ang ating magagawá kung ñgayon lamang tayo magpapasimulá, na, lutas na at tapos na ang suliranin ñg Pilipinas? Huwag kayong maligalig ang payo ñg bayan, pagka't darating din ang di ninyo akalaing sumapit sa inyong kamay, opo darating na walang pagsala. Darating at darating, umasa kayo mga ginoong pulitiko. Huwag mabahalá at maligalig.

NAKIKIRAMAY KAMI

Ang kasamang Macario Carrillo, 54 taong gulang masugid na kaanib sa Lupon-Bayan ñg Pila, Laguna, ay mapayapang sumakabilang buhay noong Viernes, Julio ika 3, 1936, sa gitna ñg mati'ding pagpipighati ñg kaniyang mahal na may bahay at mga anak na para-parang nangulila sa kaniyang maagang paglisan sa buhay na itong lipos ñg kaapihan.

Ang nasabing yumao, noong nabubuhay pa ay walang pinapañgarap at nilulungati kundi ang kaligayahan at katubusan ñg kaniyang bayan sa marawal na pagkaalipin at idinadalangin lagi sa Maykapal na masilayan muna niya ang Kalayaang ganap ñg lahing pilipino bago siya bawian ñg hiram na buhay. Ang kaniyang bangkay ay inihatid sa huling hantungan ñg kaniyang mga hinlog, kamaganak at mga kinatawan ñg mga Lupon-Nayon kinabukasan ñg araw na nasabi.

JUAN GACHALIAN.
Pangulo, Lupon-Bayan

LUKSANG TALATA

Isang Concejal na Sakdalista na tumutugon sa pangalang Tomas R. Calupig dito sa Cavinti, Laguna ay tinawag sa sinapupunan ni Bathala noong Hulio 4, ñg taong kasalukuyan Ang mga concejo municipal at mga kapanalig ay boong lungkot na inihatid ang kanyang bangkay sa huling hantungan.

ANTONIO P. VALENTE
Kalihim

Ang kapanalig na Casimiro Mercado naanib sa Lupong pangnayon ñg Lapiang Sakdalista, San Joaquin, San Pablo Laguna ay na ñguñgulila sa kanyang may bahay na tinawag na sa sinapupunan ni Bathala noong Hulio 4 at inihatid sa libiñgan ñg mga ka-anak at mga kapanalig noong ika 5 ñg kasalukuyan.

Nagkaroon ñg kaunting abuluyan ang mga tapat na kapanalig at nagpapahatid din ñg mataos na pakikiramay sa mga nangungulila.

ALFREDO MARQUEZ

Payo At Aral...

* * *

(Karugtong ñg nasa tiping 1)

nagsisiyaman na diumano'y kumukuha ng kalayaan ay iilang sandali na lamang ang sa kanila'y nalálábi.

—Iyang nakikita ñg bayang hangga ñgayon ay walang pinagibhan sa mga hudyo sa panahon ni Kristo na walang sariling pagawaan ñg pinggan, baso, salamin, auto, track; damit; papel na sa lahat iyan ang kailañgan, — iyang nakikita nating sa mga taong sumasang-ayon ná sá pagkaálipin na nágsisibañggit ñg kalayaan na hindi naiintiñdihan ang kahulugan ñg kalayaan, iyang nakikita natin sa mga tao na ang pagkakaálam sa katungkulan ay pagpapayaman; ang pag-ibig sa bayan ay pagsikil sa sambayanan at panunuyo sa dayuhan; ang pagpapatupad ñg batas na parang imbudo na maluwang sa malalaki at makipot sa mga dukha, iyang nakikita natin sa mga pinuno na siya pang tagakandili sa mga kriminal, sa mga bisyoso, sa mga nagsisiyaman sa gayong paraan at sa pagtanggap ñg regalo ñg mga kontratista at ñg mga dayuhan.—Ang lahat ñg iyan ay mawawala na sa pagbabagong ilulual ñg panahon.

At iyang nakikita natin na mga pahayagang mapaglañgis; ñg mga manunulat na nagbibili ñg kanilang pagkukuro; ñg mga empleadong walang nalalakasan kundi ang magpusa at mag S.S. B.; ñg mga obreristang sahod nilugaw; ñg mga pareng nañgañgalakal sa Diyos; ñg mga patriotang nangangalakal ñg Bayan,—iyang nakikita nating magagaling sisigaw ñg "kalayaang dumating at hindi dumating ang kalayaan" na parang walang anuman, ang mga iya'y magsisipagbago na ñg isip,—at iyang nakikita natin na mga taong habang pinaghihirap ay lalo pang nagiging masunurin; habang pinapatay ay lalo pang nagiging mabait; habang kinukutusan ay lalo pang yumuyuko; habang iniinis ay lalo pang nagtitiis; habang sinasakal ay lalo pang nagpapasalamat sa mga sumasakal,—ay sa mga araw na darating silang lahat ay magsisipagbago kapagkarakang iluwal ñg panahon ang namimintong paghuhukom na di na magtatagal kaypala.

Mga kababayan: Tayo'y manggilalas sa panahong hinaharap ñg ating buhay,—huwag tayong manatili sa pagpapawalang-bahala sa hinaharap pagka't ang bayang ito ñgayo'y na sa gipit na kalagayan. Aming mga magulang at mga anak ñg dakilang lahi,—gumising kayo at magmalas; dinggin nating ang tinig ñg mga magigiting na Rizal, Luna, del Pilar at nariyan ang ating tunay na kalayaan at katubusan ñg ating Lahi. "Huwag kayong katutulog at may sigwa sa laot". — Luna, Calauan Laguna, K. P.

Paunawa sa mga Ahente

Ang mga sipi ñg "EXTRA" ñg pahayagang ito na lumabas nang nakaraang Martes, Julio ika 7, 1936, ay nagkakahalaga ñg 3 pera (centavos) sa mga tagatangkilik ang bawa't sipi, at sa mga agente naman sa lalawigan, yaong tumatanggap ng tuwiran simula dito sa Pasulatan ay sa halagang tig 2 pera (centavos) lamang.

Ang PASULATAN

Itinitigil Muna...

(Karugtong ñg nasa tiping 1)

ñg kampanya na nauukol sa lapian.

Sa napagpasiyahang ito ay dapat magalak ang lahat ñg Sakdalista sapagka't mapuputol na ang mga kabalbalan ñg ilan diyan na di umano'y sila ang kasulatan ñg Patnugot ukol sa takbo ñg ating Partido. Mapuputol na rin naman ang pagsasamantala ñg ilan ukol sa pañgiñgilak na diumano'y para sa Partido káya sila nañgiñgilak, ñgunit ang kadalasa'y ang inilak na ito ay hindi dumarating sa kinauukulan. Ngayon ay wala nang partidong madadahilan ang mga ganitong tao upang sila ay makapañgilak. Lahat na may pagmamahal pa sa patnugot na nagnanais magbigay ñg tulong upang makapagpatuloy ito sa kanyang sariling gawain ay makapagbibigay na ñg tuwiran sa ating magulang na G. Gregorio Tobias na siyang pinagkakatiwalaan ñg ating Sugo sa lahat ñg bagay sa pananahimik na ito ñg ating partido. Sa ganitong pasiya ay inaasahan naming mawawala na ang pagpaparunggitan at ang hindi pagkakaintindihan ñg marami dahil sa karamihan ñg naguutos at sa karmihan ñg nagsasabing sila ang inuutusan.

Huwag nawang biguin kami ñg Lañgit sa aming paniwaláng ito at tuluñgan niya kaming makapagpatuloy ñg mapayapa at matahimik sa aming pamamahayag.

Ang Pagdami...

(Karugtong ñg nasa tiping 1)

ay dapat pang sa muli at muli ay ipamata sa kanila? Itanong mo kung mahal nila ang kanilang mga bayani at malakas pang magtuturing na sa ñgalan ñg Dios at ñg Bayan ay dapat manahanan ang lahat sakanilang mga aral. Bayani silang hindi dapat mamatay sapagka't sa kanilang panitik at bisig nahawan ang dawag ñg bayan na lipos ñg tinik. Kung iyan ang tutoo bakit ang mga taong iyan na kinasuklaman at ibinuwal na ñg ating mga bayani ay siya pang sinasamba at pinañgañganuhan? Ipakilala mo sa kanila ang kanilang kabuktutan ay marami na rin ang magagalit na sa malas ay ipinagdaramdam ang gayong pagtatapat. Hindi ba makatatawag sa Dios ñg di maglalawit ñg habag sa mga simbahan.

Ngayon pa ay katakot-takot nang mga mahahaba ang baro ang dumarating dito na nagbubuhat sa iba't-ibáng panig ng daigdig. Ang nakararami diyan sa mga pareng iyan ay ang mga pareng hinagad ñg palo at pinalayas sa kanikanilang bayan. Ang mga pareng iyan ay dito magtatagpo-tagpo at aawit ñg GLORIA IN EXCELSIS DEO. Bakit? Sapagkat tañging dito sa bayang ito sila mabubuhay ng masarap. At kung dumating na ang pagtitipon masdan mo sila at madadama mo sa kanilang mga kilos ang nakatatakot na babala ng salot.

Kung magiging matalas ang inyong pangdinig ay walang salang di ninyo madidinig sa kanilang pagawit ang ganito: "Kunwari lamang itong Eukaristikong ito. Ang tunay naming layunin ay upang manmanan kung may kayamanan pa itong Pilipinas. Sa sandaling masilip namin na mayaman pa ay ano itong pagtitipong ito kundi isa lamang batong tuntungan. Mula dito ay aming muling itatayo ang aming kaharian na ibinuwal ng inyong mga Bayani upang mabuhay kaming kahalili ng Dios sa ibabaw ñg lupa". AMEN.—Vicente Chiapoco, Bigaa, Bulacan.

PAUNAWA

Magmula sa bilang na ito hanggang sa ika 23 ñg Hulo, ang lahat ay aming inaanyayahang sumulat sa paksang:

HINDI TAYO SASAKUPIN NG HAPON

Ang lahat ñg akda ay dapat ipadala sa pangalan ni G. Marcelino Tenorio sa tanggapang pangkalahatan ñg Sakdal sa daang Juan Luna, Blg. 2326.

Ang lahat ñg akdang mapipili ay malalathala sa pahayagang ito at aming bibigyan ñg napakagandang pitak.

Ginawa namin ito upang sa ganitong paraan ay makapamili kami ñg mga kuro-kuro sa mga paksang lalong angkop sa pahayagang ito, upang mabasa ñg mga taong palaisip. Linggo-linggo'y magbibigay kami ñg iba't ibang paksa, nguni't ipinagbibigay alam naming ang lahat ñg akda'y huwag lalagpas sa apat na pahina at hindi naman kukulangin sa dalawang pahina sa karaniwang papel makinilya na may dalawang patlang.

—ANG PASULATAN

Patalastas

Ang lahat ñg Lupong Pangbayan sa Lalawigan ñg Kabite ay aking tinatawagan gayon din ang mga Lupong Pangnayon na, mangyari lamang gawing maaga ang pañgiñgilak sa lahat ñg kanilang mga tauhan, ukol sa abuluyan para sa nalalapit na pagdaraos natin ng isang luksang lamayan, bilang alaala natin sa mga Kapatid na nangabuwal noong ika 2 at 3 ñg Mayo 1935, na ito'y idaraos sa Kabite, Kabite sa ika labingsiyam ñg kasalukuyan sa ganap na ika sampu ñg umaga sa looban ñg Pañgulong pangbayan kasamang Victor Sinfuente.

Bilang huling pagtitipon-tipon, sanhi sa ang ating Lapian ay magpapahinga muna sa lahat niyang gawaing kaya't ang ganitong panawagan ay huwag sanang daramdamin ñg mga Kapatid pagkat ang sa ganang akin ay iba na ang kumikilos ñg maaga upang huwag tayong magipit sa panahon. Mangyari lamang na, ang lahat ñg abuluyang malilikom sa mga kapatid ay ipagkatiwalá kay Ginang Tomasa Sinfuente ni Ortiz pagkat siya ang mangangasiwa sa mga paghahandang gagawin sa araw na nasabi.

Lubos pong gumagalang.

IGNACIO MARTINEZ

Manalamin Tayo..

(Karugtong ñg nasa tiping 1)

ang ama ay gayon din. Subali't malaking kabalintunaan. Nang nasok ang kanilang anak na magaanim na taon na ay kinausap sa wikang inggles na sinagot naman nito ñg buong pagmamalaki. Nang makita ako ñg ina ay buong pagmamalaking sinabi sa akin ang kanyang anak ay hindi nila kinakausap ñg wikang Tagalog upang masanay sa wikang dayuhan. Iyan ñgayon ang wikang ginagamit sa sociedad ñg mga taong 'ilustrado' ang sabi pa. Hindi na kailangan ang wikañg sarili, ang inggles ay sapat na, sapagka't iyan ang ginagamit halos ñg lahat ñg bansa.

Isang kaibigan ñg aking ama ang nagsabi sa kanya, gayong hindi naman niya tinatanoñg, ñg ganito: Sino ba ang lumiligaw sa anak mo? Sinabi ni amang wala. Sa gayong sagot ñg aking ama ay buong pagmamalaking nagsalita ang matandang kausap niya. Ang lumiligaw daw sa kanyang anak ay mga 'de titulo', mga taong may sinasabi, may auto, mayayaman, at kung ano-ano pa na dinuluhan ñg ganito: kundañgan kasi ay parang tulala ang anak mo, ayaw magayos ñg gumanda, sabihin mong pumunta sa bahay at ñg maturuan siya ñg aking mga anak na dalaga.

Isang kaibigan ko ang aking nakita sa isang handaañ. At sa aming paguusap ay nasabi sa aking siya ay nadisgrasia ñg isang "may sinasabi." Ni hindi ka natutuntong sa inyo, ang aking naawang tanong. Aba ano bang hindi, ang kanyang sagot sa akin, ang mga magulang ko nga ang may kasalanan, hindi raw baliñg mahulog ako sa isang makabubuhay sa amin ñg masagana kay sa umibig ako sa isang lalakeng 'isang kahig, isang tuka.'

Iyan ay sapat ñg larawan ñg mga bagong magulang na sa halip maging timbulan ñg nadidimlang isip, maging tagaakay ñg musmos na isipan at ñg mga pusong nakalilimot, ay sila pa ang nagbubunsod sa kadimlan, sa pagkakamali at pagkakapariwara. Sa halip na imulat ang kanilng anak sa pagmamahal sa sarili, sa pagdakila sa mga bayani ñg lahi at paglilingkod sa sangkatauhan ay sa karangyaan, kasakiman at kawalang pagibig sa sariling bayan ang iminumulat. Mga magulang na nagpapamata sa kanilang anak sa pamamagitan ñg turo, ñg gawain, ñg adhika na walang mahalaga kung hindi ang sa dayuhan, ang salapi at ang papuri ñg tinatawag nilang mga maharlika.

Ito ay mga uri ñg magulang na hindi lamang sa isang pook, isang tahanan, isang bayan matatagpuan kung hindi sa bawa't siudad at nayon ñg aking natutulog na bayan. Hindi lamang sa dampa ñg mga mahihirap na nagnanasang mapatanyag kahit bilhin ñg mahal kung hindi sa malapalasyong tahanan ñg mga mayaman.

May Taong...

—oOo—

(Karugtong ñg nasa tiping 1)

ng patnugot ay walang makakaalam kundi ang magulang nating Tobias. Kung anuman ang mga balitang natatanggap ninyo na sa akala ninyo ay nararapat isangguni sa ating magulang sa ikabubuti ng pangkatin ay sumangguni kayo at ng di tayo napapaglalangan. Magpakatalino lamang ang mga kapatid namin at sumunod lamang sila sa mga payong ito ay makatutulog na tayo ng mahimbing at pag iniloob ñg Langit ay para tayong nangangarap pag tayo ay nagising.

¡DOON!

(Karugtong ñg nasa tiping 1)

kundi ang sa mga dayuhan, kahit na sila magmukhang tarat.

Dito, kung sino pa ang mga pinunong pasinuno ñg kahalayan, kamangmangan at kaalipinan ay siyang magaling, siyang dakila at marañgal Kung sino pa iyang balag ay siyang nagtatagal sa katungkulan at humahaba ang buhay, samantalang ang mga may kabatiran ay siyang sa karaniwa'y pinapatay, pinatatapon at ipinabibilanggo.

¡DITO!

(Karugtong ñg nasa tiping 1)

Doon, sa bayang hindi tinatakasan ng kanyang katutubong ugali, kilos, pananalita at maging sa pananamit, ay kalabisang lahat—na siya'y gumawi at manggagad ng di niya katutubong ugali, kilos, pananalita at maging sa pananamit, ang lahat ng iya'y kanilang kinasususklaman, kinamumuhian at pinangririmariman.

Doon... ang mga pinunong salanggapang ay hindi nagtatagal sa katungkulan.

MATALIM NA LUBHA ANG AMING SANDATA

We hold these truths to be self-evident: That all men are created equal; that they are endowed by their Creator with certain unalienable rights; that among these are Life, Liberty and the pursuit of Happiness. That to secure these rights, governments are instituted among men, deriving their just powers from the consent of the governed; that whenever any from of government becomes destructive to these ends it is the right of the people to alter or to abolish it and to institute a new government laying its foundation on such principles and organizing its powers in such form as to them shall seem most likely to effect their safety and happiness. (American Declaration of Independence, July 4, 1776).

These are the great and fundamental principles of the Republic founded by Washington, Jefferson and others, and in the light of these principles we are upholding our rights which are the rights of our country's freedom and of the honor of all Filipinos.

SAKDAL

Malayà, walâng pañginoon kundì ang Bayan

Kinikilala naming ang mga katotohanang ito ay nangungusap nang buong kaliwanagan; na ang lahat ng tao ay pantaypántáy ná nilikhá; ná silá'y pinágkálooban ng kanilang Bathalá ng mgá karapatang di mapupuwing; na sa mga kárápátang ito'y kabilang ang nauukol sa Buhay, Kalayaan at sá pàgsisikàp sá ikaliligaya. Na, upáng matamo ang mga karapatang ito áy itinátág ng mgá táo ang pamahalaan na magtataglay ng kapángyárihang dulot ng mgá pinámámahalaan. Na, maging anuman ang uri ng pamahalaán ná sisirá sá gánitong hángárin ay karapatan ñg mga tao na baguhin o ibagsak at mágtátág silá ng pámáhalaan na masasandig sa mga simulain at ayon sá lálong mákátutugon sá kanilang kaligtasan at kaligayahan. (Pamaháyág sá Pàgsásárili ng Estádos Unidos).

Iyan ang dakilang aral at simulain ng Republikang itinatag nina Washington át Jefferson át sá iláw ng mgá simulain at aral na ito ay itinatayo namin ang aming Katuirán na siyáng Katuiran ng Kalayaan ng aming Bayan át ng Karañgalan ñg lahat ñg pilipino.

Tanggapan: 2326 J. Luna, Int. 15, Maynila | Pangsamantalang Tagapamahala: MARCELINO TENORIO | SABADO, HULYO 25, 1936 | 5CTS. Bawa't Sipi | Taong VII | BLG. 284

Kanang-Kamay Kami Ng Pamahalaan Sa Ikapapayapa Ng Bayan

ALINGAWNGAW SA BABASAGANG-ALON

Ang unang bumati sa pitak na ito ñg mga "Aliñgawñgaw sa Babasagang-Alon ay ang kakilakilabot at madugong himagsikan sa España. Hanggang sa mga sandaling sinasagap namin ang mga aliñgaw-ñgaw na ito ay sinasabing ang mga nagsipaghimaksik laban sa pamahalaan ay nakapangyayari sa mga lalawigan ñg Zaragoza, Navarra, Guipuscos, Jaen, Burgos, Villadolid at Segocia sa hilaga ñg Espanya at sa Cadiz at Sevilla naman sa timog. Kamakailan lamang ay nagsipaghimagsik din sa nasabing bansa ang maraming mamamayan laban sa mga simbahan, ñgayon naman ay laban sa pamahalaan. Ang mga paghihimagsik na iyan kaipala'y mga hinagpis ñg mga di nakasisiñgaw na kaapihan. Ito ang aming iniilagan at huwag nawang mangyari sa aming bayan.

Ibinabalita ñg Associated Press na sa Ethiopia ay muling nagkakaroon ñg sagupaan ang mga Italiano at mga Etiope. Sinasabing si Ras Kassa, dating "ministro de Guerra" ñg Ethiopia ay sumusugod sa lungsod ñg Ethiopia na may dalang pangkat ñg mga kawal at sa pagsugod na ito ay nagkaroon na ñg malalaking labanan. Ang isa pang Generalismo ni Haile Selassie na si Ras Seyoum ay lumulusob din sa Addis Ababa na may dala ring mga kawal buhat sa ibang bahagi naman ñg Ethiopia. Sinasabing umaasa si Seyoum na magkakaroon ñg pag-

(Nasa tiping 4 ang karugtong)

ANG PILIPINAS SA HARAP NG DAIGDIG



Ang karikaturang ito ay larawang nañguñgusap ñg Pilipinas sa harap ñg daigdig. Payapang nakaupo ang mga mapapalad at mandi'y hindi napapansin ang dagundong ñg mga aeroplano at kislap ñg bayoneta ñg iba't-ibang bansa na pawang sandatahan at tila mga halimaw na naggigirian. Sakaling matuloy ang pagsasagupa ñg mga lakas na ito ay paano ang Pilipinas na di maaaring di maging pook ñg labanan kapag ang Amerika ay napasangkot? Sa kalagayan kayang iyan ñg Pilipinas ay makatakbo siya upang umilag sa tama ñg mga pungló gaya ñg maaaring gawin ñg sinumang masalapi at maka-pangyarihan? Makaligtas kaya siya sa mga bomba na maaaring bumagsak sa kanyang harap sa sandaling iguhit na ñg panahon ang labanan? Ano ñga ang mangyayari sa Pilipinas sakali't sa harap ñga niya magpaligsahan ang mgá sandatahang ito? Kung hindi pa tayo palalayain ñg Estados Unidos ay alin naman kayang bansa sa mga nakahanay na iyan ang maaawang magpapalaya sa Pilipinas bago sila maglabanan?

KILALANIN ITO AT HINDI AY SIYANG KATOTOHANAN

Na ang paglitaw ng pahayagang ito sa Pilipinas at ang pagkatatag ng Partido Sakdalista ay nakatulong ng malaki sa ikapapayapa ng sambayanan, ay katotohanang nañguñgusap na kung hindi man kinikilala ng marami sa ngayon, ay katotohanan namang hindi malilimutang itala ñg kasaysayan sa araw ñg bukas sa sandaling sulatin na ang buong kasaysayan ñg aming pakikitalad.

Kilalanin at hindi ay matagal nang kumukulo ang naluluom na galit ng mga tao sa mga patnugot-bansa dahil sa paglulubog sa kasarinlan at pagpapahirap sa sambayanan. Sapagka't nalalaman namin ang bigat ng mga hinanakit at tindi ng pagdaramdam na ito na hindi namin nais sumabog sa udyok ñg maling paniniwala at bulag na pagkakilala, ay nakita naming walang lunas sa lahat ñg ito kundi ang pumagitna sa larañgan ñg pamamahayag at isigaw ang kaapihan ñg mga dukha, iluha ang kanilang kasawian at patingkarin ang halaga ñg kalayaan ñg sa ganito'y kami ang maging siñgawan ñg sambayayanang di miminsang naging parang bulkan na naghaha-

(Nasa tiping 4 ang karugtong)

Asia Asiatika

Sinulat ni Prof. TAKEYO NAKATANI

II

Ano Ang Ibig Sabihin Ng Asia Asiatika?

Ang kahulugan ñgayon ñg malayang Asia sa Kabuhayan ay sumasaklaw din sa kinakailangang pagputol sa patuloy na pagsasamantalá sá Asia at kanyáng kayamanán sá pamumuhunan ñg Kánluran. Ito'y nagdadala sá malawak na pagbabagong tatag ñg kasalukuyang kabuhayán ñg Asia ná dápat pálitan ñg bagong patakárán at paráán ñg pagbibigáy at pañgañgailañgan na nababagay sa nabagong kálágáyán ñg kanyang malayang politika. Sa kasalukuyan halos lahat ñg bansang Asiatiko ay kolonia o semi-kolonia ñg puhunang kanluran. Tignan ninyo ang Turkia, Iraq, Persiá, Afghanistan, Siám at China. Sa tuwirang pañguñgusap ang láhat ñg ito ay malalayang bansá. Nguni't sa kabuhayan, sa lahat ñg ito ay walang maitatañgi na di sumasáilálim sá kapangyarihan ñg puhunang kanluruán. Kung sisilipin sá gánitong liwanag, ang máláyáng China at ang álipıng Indiá ay wálang ipinagkakáibá sá isang nagmamasid; áng isang nagsasariling Siám át áng isang Java sa ilalim ñg mga Olándes áy nakatayo sa pantay ná atag ñg kaálipinán sa kábuhayan sa panglulupig ñg dayuhán. Bago itatag ang Manchoukuo, ang puhunán ñg Kánlurán sá pañguñguna ñg imperialistang dolar, áy ipinalalagáy na ang Manchuria ay isáng lupá ñg malákıng págása sá kanilang marahas na pañgañgasiwá. Nguni't ang di inaasahang kalayáan ñg bahaging iyon ñg Asiá áy pinutol áng kanilang pagasa na siyang bumuo sa unang hakbang sa ipagkakaroon ñg isang Asiáng máláyá sa kanyang kabuha-

(Nasa tiping 2 ang karugtong)

Ang Buhay ng Tao ay Dapat Maging Uliran sa Kalinisan

Kung ang Lahat ay Kabalintunaang Napapawi, ang Malinis na Buhay ay Walang Pagkaparam

Pagkatapos nating mapagaralan ang uri ñg ating kabataan at ng mga makabagong magulang, ay balingan natin ng mata ang lipunan—iyang lipunang kinabibilañgan ng mga tao. Ang lipunang kinaroroonan ng mayaman at mahirap, ng marunong at mangmang, ñg dakilá at imbi.

Nagkakatusak ang iba't ibang uri ng lipunan—lipunan ng maharlika, lipunan ng maralita; lipunan ng butañgero, lipunan ng sabuñgero; lipunan ng mabubuting tao, lipunan ng masasamang tao.

Ang lipunan ay isa sa mga humuhubog ng kaisipan ng mga tao. Anong patakaran ng lipunan ang sinusunod? Anong halimbawa ang kanilang ipinamata sa mga nasa loob at labas ng lipunan? Anong buti ang nagawa nila sa ikaaalis ng lambong ng kadiliman?

Ang lipunan ay binubuo ng mga tao. Ang lipunan ay sinasapian ng mga anak ng tao. Ang lipunan ay binubuhay ng diwa ng tao.

Sa lipunan ng mayayaman, maharlika at mga taong "may sinasabi" ay mapapansin nating pi-

(Nasa tiping 4 ang karugtong)

Ang Mga Namamahala Dito Ay Pinagagalaw Lamang Ng Mga Dambuhala Sa Washington

Wala...!

Wala!

Walang kalayaan sa Komonwelt nguni't ito ang pinagkandarapaan ng mga makikisig nating lalaki at di na dininig ang tutol ng mga limot na mamamayan maitatag lamang nila ang kanilang kaharian.

Walang takdang panahon kung kailan matatamo ñg Pilipinas ang kalayaan niya sa batas Mc-Duffie-Tyding, ngunit sinasabi nilang mayroon sapagka't ang tinutukoy nilang kalayaan ay ang pagiging malaya nila sa pagkakaroon ñg maluwag na kabuhayan sa kabila ng pagluha at pagtangis ng sambayanan. Sumisigaw hanggang langit ang pagtutol ng mga dukha sa batas na ito, sapagka't dito'y ikinasal sila ng mga pulitiko ñg laban sa kanilang kagustuhan, dinaya sila ng harap-harapan, yinurakan ang kanilang kapakanan!

Walang di tatangis sa ganitong kasawian lalo pa't may pagmamahal sa kanyang lupang tinubuan. Walang di magdaramdam sa ganitong kalagayan lalo pa't natatalos ang halaga ng salitang KA-

(Nasa tiping 4 ang karugtong)

Hindi maaaring sabihing tiyakan ñg sino man, mula sa Kagalang-galang na Pañgulong Keson hanggang sa pinaka mababang Pañgulong Bayan ñg Pamahalaang Kowonwelt sa sang-kapuluan. Na, MABUTI ANG PAGSASAMAHAN NG HAPON AT ESTADOS UNIDOS SA NGAYON. Katulad ñg isang Alemania at Fransia, ñg Italia at Etiopia. Ganyang-ganyan sa aking pakiwari ang pagtitinginan ñg Hapon at Estados Unidos. Mula ñg lisanin ñg mga sugong Hapones ang panayam sa Londres ukol sa suliranin ñg Hukbong Dagat. Nang nakaraang mga ilang araw pa lamang ñg maitulak sá pamamagitan ng lakas ang isang Kapitang amerikano ñg isang kawal Hapones lamang sa pagpaparada ñg mga Hukbong Japones sa Peiping. At lalu pang lumulubha ñg mapakalat sa buong daigdig na may isang amerikanong nagñgañgalang Thompson na dating kagawad ñg Hukbong Dagat ñg Estados Unidos na nakikipagsabuatan sa isang pinuno naman ng Hukbong Dagat Hapones. At ang lalong magpapatutoo upang makapagdulot ñg malaking poot sa ñgayo'y nagpapanggap na mamamayang Amerikano sa Estados Unidos ay ang pagkakahatol kay Thompson ñg labing-limang taon sa piitan, ñg kanila na ring huku-

(Nasa tiping 4 ang karugtong)

Mayroon..!

Mayroon!

Mayroong kalayaan sa Batas Jones nguni't ito ay pinatay ng ating magagaling na lalaki upang mailibing na ñg minsanan ang kalayaan ñg bayang ito na pinagsasamantalahan ng mga taong nabubuhay sa katusuhan.

Mayroong takdang panahon kung kailan matatamo ñg Pilipinas ang kalayaan niya sa Batas na ito, nguni't sinasabi nilang wala sapagka't ang tinatukoy nilang kawalan ay ang pagkawala ñg lalong mainam na batis na mapagkukunan ng sariling ikabubuhay. Batid ñg Lañgit ang pagibig ñg mga dukha sa batas na ito sapagka't dito'y ikinasal sila ñg walang pagtutol, pinagtapatan sila at hindi dinaya, hindi niyurakan ang kanilang karapatan at isina-alang-alang ang kanilang kapakanan.

Kay daming natuwa sa ganitong kapalaran palibhasa'y katutubo sa kanila ang pagmamahal sa Inang Bayan. Kay daming nagdiwang sa halik na ito ng magandang kapalaran palibhasa'y natatalos nila ang halaga ñg kasa-

(Nasa tiping 4 ang karugtong

KUNG....

Kung ang bumubuo lamang ñg Lapiang Sakdalista ay may sapat na salapi na maitustus sa lahat ñg gawain ay natitiyak namin sa inyo na di aabutin ñg ganito katagal ang gawain ñg Patnugot.

Kahit na walang salapi ang kilusang ito KUNG hindi lamang mgá kababayan na rin namin ang sa ami'y kumakalaban na pinagagalaw naman ñg malalaking tao sa likod ñg tabing, ay natitiyak namin sa inyo na ang ganitong panahon ay di na namin sasapitin. Mahirap ang lumaban sa malakas na kaaway ñguni't lalong mahirap labanan ang kaaway na lihim.

KUNG ang Pamahalaan lamang ay ibibigay sa kamay ñg mga Sakdalista ay makakalaban na kami ñg pustahan na pag sa

(Nasa tiping 4 ang karugtong)

Ang Tunay na Relihiyon ni Kristo ay Hindi Kalakal na Dapat Pagkasalapian

Dumating na ñgayon ang panahong kinakailañgang malantad sa mata nang sangbayanan ang tunay na katotohanan ..., katototohanang matagal na panahong pinapaglaho nang kalikasan upang sa muling pagsikat ay mapaghañguan nang isang mabuting halimbawa at maging isang magandang "aral" para sa ating lahat at sa hinaharap nang ating Bansa. Ito'y katotohanang nangyayari. Hindi na kinakailañgang ipagtanong, at gaya nang nababatid na ñga nang madlang sumusubaybay at nagsusuri sa bawa't takbo nang pangyayari, ay maliwanag na mamamalas nang sinumang maaaring tablan nang katwiran, ang isang "bagay" na kasingliwanag sa kung ang lahat ay nagmamalas sa sumisikat na araw.

Ang dinala nila ritong relihiyon ó pananampalataya na siya raw relihiyon ni Kristo, ay mangyari lamang isipisipin nang lahat ...munimunihin natin ang kanilang mga itinuturo at ginagawa, kung ano ang kinauuwian nang kanilang mga pagsesermon, kung ano ang nasasa ilalim nang lahat nilang mga misa, at nang mga nobena, nang mga kuwintas, nang mga kalmen, nang mga larawan, nang mga tinatawag na mga himala ó milagro, nang mga kandila, nang mga korea at mga iba't iba pang kanilang mga igin'giit, ipinaghihiyawan at isinusurot sa araw-araw sa ating mga kalooban, at pagkatapos ay hanapin muna natin ang nagiging puno't dulo at saka lamang natin mapatutunayan na sa ilalim nang lahat nang iyang nababalat-kayuan nang matamis na taguring relihiyon daw ni Kristo, ay, maliwanag nating makikita, maliwanag pa sa sumisikat na araw, na, ang ating mga lupain, ó ang malaking bahagi nang lupang Pilipinas na nararapat lamang mapasakamay at pakinabañgan nang mga ka[illegible]tubo at hindi nang mga day[illegible] ay sila ñgayon ang relihiyo[illegible]

(Nasa tiping 4 ang karugt[illegible]

Hindi Tayo Sasakupin Ng Bansang Hapon

Ang "Pananakop" at "Pakikialam" ay Dalawang Bagay Na Magkaiba

Sinulat ni Tomas Raymundo

Ang hinuhang ang Pilipinas ay sasakupin ng Hapon ay walang pinagbabatayan kundi ang pagkakakuha sa Korea, ang pagkakapakialam sa Manchuria at ang kasalukuyang panghihimasok sa mga suliraning pangkabuhayan at pangpamahalaan ñg boong China. Ganyan ang aking pagkakilala, at kung baga man at wala akong gaanong pagkatalos sa pulitikang pangdaigdig ñg Hapon ay naniniwala ako na ang ginawa at ginagawa pang panghihimasok ñg Hapon sa mga suliranin ñg Dulong Silangan ay hindi sapat na katibayan upang maniwala ang isang Pilipinong naghahangad ñg kalayaan ng kanyang bayan na ang Pilipinas ay sasakupin ñg Hapon sakaling ito'y maalis na sa kapangyarihan ñg bansang Amerika.

Naniniwala ako na kung baga man at hanggang sa kasalukuyan ay nasa ilalim ng pagkakandili ñg Hapon ang Manchuria ay hindi ito sakop ng Hapon. Ang palagay ko'y walang pinag-iwan sa pagaalaga at pagpapalaki ñg isang sanggol ang ginagawang pangangalaga ñg Hapon sa Manchuria,

(Nasa tiping 4 ang karugtong)

Ang Timpalak Kagandahan Ay Libingan Ng Kapurihan

Ilan Na Ang Naging Reynang Nagkaanak Ng Walang Ama At Kumitil Ang Iba Sa Kanyang Sariling Laman?

Magmula ñg idaos dito sa Pilipinas ang mga timpalak kagandahan na, kuha sa kabihasnang puti, ay hindi na mabilang ang mga napariwarang kapurihan ñg maraming binibini ñg lahi. Liñgid sa kaalaman, o kung natatalos man ay kusa nang pinababayaan ñg ilang magulang ñg mga dalagang napapalahok sa mga timpalak kagandahang iyan na, pinamumuhunan ñg kanilang anak ang mga timpalak na iyan ñg kanilang puri at karañgalan.

Ang iba, maging tanyag lamang sa pagiging "MISS" ay ipinagkakatiwalá na sa lalaking lalong may kapangyarihan, kayamanan at lahat sa kanilang ipagiging pambansang dilag ang lalong mahalagang kayamanan ñg pagkatao. Kaya't ang nangyayari'y nagkakaroon tuloy ñg anak ñguni't walang kinikilalang ama, pagka't ang karamihan sa mga lalaking iyan ay may pananagutan na sa kabubayan. Ang iba naman, sanhi sa malaking kahihiyan sa kapisanan ñg mga tao, ay natutuluyan nang magtapon ñg sariling anak.

Anopa't ang kabihasnang ating minamagaling at minamahalaga, ay isang kabihasnang ikinawawalá ñg ating dating ugali, damdamin at lahat. Ilan nang mga tanyag na MISS ang ating nabalitaang naanakan ni gayon at ni ganito? At ilan na rin ang mga naging reyna ni Rizal, tala ni Bonifacio at Miss Philippines ni Billiken ang walang ano-ano'y may kilik na lamang sanggol na, kung iyong itatanong ay sasagutin kang kanyang pamangkin?

At ñgayon, isa na naman diumanong naging reyna sa isang nayon ang lumalabas na ina ñg isang

(Nasa tiping 4 ang karugtong)

SAKDAL

Nagtatag: BENIGNO RAMOS (Ben Ruben)

Pahayagang Lingguhan na walang Pañginoon kundi ang Bayan

MARCELINO TENORIO
Pangsamantalang Tagapamahala



Tanggapan: 2326 Juan Luna, loobang 15, Gagalañgin, Maynila

LUMALABAS TUWING SABADO NG UMAGA

Pauná ang bayad sa pagpapadala. Sa Pilipinas: ₱2.50 sangtaón; ₱1.50 sa kalahating taon. Sa E. U. at Haway: $2.00 sangtaon; $1.50 sa kalahating taon. Sa ibang Lupain: $2.50 sangtaon at $2.00 sa kalahating taon.—5 Sentimos bawa't sipi.

Lahat ñg lihim at pagbabayad ay ipadala sa ñgalan ñg aming Pangsamantalang Tagapamahala. Hindi kami nagsasauli ñg anomang palathala, malagay man o hindi.

Maglingkod ka sa Bayan nang hindi magiimbot ñg anumang katungkulan, biyaya o ganting-pala, pagka't ang tunay na pagmamahal ay ang pagbibigay nang walang hinihintay, pag-ibig nang walang kabayaran, pagpapakasakit ñg sarili para sa kabutihan ñg lahat. Ang mga katungkulan ay nakasisira ng loob, nakagigising ng pagsasamantalá, nagundyok sa pagdaya at paglinlang sa kababayan. Samantalang wala kang sarili ay magiging ka sa iyong kababayan. Ang paninilbihan sa iba ay pagpapahaba lamang ñg panahon ñg iyong pagkaalipin.

SARILING DIWA

Alang-alang sa ika isang taong buhay ñg Commonwealth, ay magtatayo diumano ñg bahay ampunan para sa mga pulubi. Hinihiling naming sa halip na ampunan ay pagawaan na ang inyong itayo, at ang ampunang iyan ay ipagkaloob na sa mga alipuris (basahing sipsip buto) ñg ilang tauhan ñg Commonwealth.

—oOo—

—May paghihikahos ñga—ani G. Quezon kamakailan, kaya't kami'y nagpapasalamat sa tila pagkakagulantang sa malaon nang paghihikahos ñg sambayanan ang kamahal-mahalang pañgulong iyan ñg Commonwealth ng Estados Unidos sa Pilipinas. Dapat ñgang magpasalamat ang bayan at kahi't huli na'y nakilala rin ñg Pañgulo na may paghihikahos ñgang pala.

—oOo—

Ligalig na ligalig ang mga ama ñg siudad sa pagdami ñgayon ñg mga nababaliw. Salamat na lamang at nakilala nilang ang sanhi ñg malimit ikabaliw ñg mga tao ay dahil sa paghihikahos at kawalan ñg makain at hindi dahil sa Kasarinlan nilang nawawala. Ang mababaliw sa paghahanap ñg pagkain ay hindi pa lubhang kapangapañganib, na di katulad ñg mabaliw ang isang tao sa paghanap ñg kanyang nawawalang kasarinlan.

—oOo—

Ang Lalong Kailangan

Ang mga batas ñg Asamblea na nagtatakda ñg malalaking halaga, katulad ng pagbili ñg aeroplano nina Arnaiz at Calvo, ay mga batas na sa panahong ito ñg paghihikahos ay paggugol na hindi muna kinakailangan. Ang pangangailangan ay walang batas na kinikilala, wika nga, at ang buhay ng tao ay dapat pahigtin sa ibabaw ñg alin mang bagay sa daigdig. Kaya't bago ang lahat ñg mga batás na tinatakdaan ñg lalong malalaking halaga, ay ang mga batas muna na nagdudulot ñg kaunting ikabubuhay ng mga mamamayan upang magdugtong-dugtungan kahi't bahagya ang kanilang buhay hanggang sa pagdating man lamang ñg kasarinlang napapalapit na.

Samantalang may isang mamamayang lumuluha, walang makain, walang mapagpahingahan, ay isang larawan ñg sumpa na dapat ipanghilakbot ñg ating mga taong pamahalaan at mga nakaririwasá sa buhay. Samantalang may isang sanggol na tumatangis sa kawalan ñg maipakain sa kanya ñg kanyang mga magulang na walang pagkakitaan, ay dapat tayong pangilabutan pagka't ang pagtangis na iyan ang nagpapatunay sa kabalintunaan ñgayon ñg ating kabuhayan. Ang taghoy ñg isang sanggol ay siyang naghuhudyat sa langit at lupa na hindi dapat manahimik ang mga tao. Ang luhang iyan na sanhi ñg kanyang mga kasawian at kasawian ñg kanyang mga magulang, ay hindi para sa kanya kundi para sa mga mayayaman ñgayon at sa ilang tauhan ñg pamahalaang hindi natutong sa kanila'y nagpala. Inuulit ñga naming bago ang batas na hindi lubhang kinakailangan, ay mga batas muna na magdudulot ng ikabubuhay ng maraming mamamayang nangamamatay na nang gutom. Huwag ninyong paluhain ang maraming mamamayan lalo na ang mga sanggol, pagka't ang taghoy nila ay babala ñg langit na may parusang darating sa ilang mariwasa at sa ilang tauhan ñg pamahalaan na walang ginawa kundi ang magpasasa at magulimbat.

Ang Luha Ng Api

Sa makapal na talaan ng mga pangyayaring natutunan sa ating sariling bayan, ay maidaragdag pa ang mga bagong kaapihang natatamo ñg mga taong nagbabandila ng Sakdalismo. Alin pa kayang pagtitiis ang hindi naranasan at ano pa kayang hirap ang hindi isinasabalikat ng mga kaluluwang ito upang ipagtagumpay ang isang simulaing maka-Dios at maka-tao? Kung sa bagay, nalalaman naming sa pagsasagawa ng simulaing ito sa ikatutubos ng isang buong lahi, ay mañgañgailañgan ñg katakot-takot na upasala, paghamak, pagkakabilanggo at higit pa diyan. Nguni't ang naitatanong lamang namin ay ganito: Kulang pa kaya ang aming mga pagtitiis, pagkakapahamak, pagkakabilanggo at iba pa upang maipagtagumpay ang layuning aming ipinaglalaban? Kung ito'y kulang pa, nalalaan pa kaming pasanin ang mabigat na krus na iyán ng dalamhati hanggang sapitin ag matarik na Kalbario ng tagumpay. Sa simula pa lamang ay nalalaman na naming katakot-takot na hirap ang aming pagdaraanan sa pagbabandila ñg ganitong simulain; subali't itinalaga na namin ang aming buhay pagka't walang ligayang hindi kinambalan ng hirap at walang tagumpay na hindi nagdaan sa pagpapakasakit.

Hindi kami nagdaramdam kung kami ma'y nagdaranas ñg katakot-takot na pagtitiis at paghihirap, ang dinaramdam nami'y ang libo-libong kapanalig na sinisikil at ginigipit dahil lamang sa pakikiisa sa simulaing aming ipinaglalaban. Subali't sa likod ng lahat ñg iyan, kami'y nagagalak pagka't sa lahat ñg paninikil at panggigipit na aming natatamo ay hindi magpapabaya ang Bathala sa aming ikatitimawa. Ang luha ñg mga aping mamamayan kailan ma't dumarating na sa sukdulan, ang Bathalang iyan ay hindi magpapahintulot na sila'y di gantimpalaan. Kaya't lubos ang aming pagasang ang mga paghihirap na tinitiis ng mga nagmamahal sa kalayaan, ay babala ñg isang tagumpay na hindi maaaring matawaran.

LIMBAGAN NG "DIA FILIPINO" PRESS, Inc.

Gawaan ñg mga titik at madlang kagamitan sa Imprenta

Telepono 2-14-30 933 R. Hidalgo, Maynila

Sabado, Hulyo 25, 1936

Ang Katipunan ni Bonifacio at ang Lapiang Sakdalista

Ang Manhik-manaog Kahapon sa Kumbento ay Siya Ngayong Manhik-manaog sa Tanggapan ng Konstabularia

Nang kapanahunang naghahari bayang ito ang mga kastila ay nisip ñg ilang kababayan natin ang mangibang bansa upang huwag pasakop sa nasabing pamahalaan. Nang sila ay nasa Europa na ay doon nila nakilala kung gaano ang halaga ng kanilang mga kababayan at ng kanilang bayan sa ibang mamamayan. At dahil dito'y pinagalaw nila ang kanilang kaisipan upang mailigtas ang bayang ito sa kuko ng mga mapangamkam. Napaanib sila sa isang kapatirang pang-daigdig na lalong nagpatingkad sa pagkakilala nila sa halaga ñg Kalayaan, Pagkakapantay-pantay at Pagdadamayan Ng sila'y nasasa loob ñg nasabing kapatiran ay sinimulan na nila ang unang hakbang tuñgo sa ikatutubos ng kanilang Bayan. Kabilang sa kapatirang ito sila Rizal, del Pilar, Jaena, Mariano Ponce, Moises Salvador, ang dalawang Luna atb. Si Rizal na siyang pinakabata sa lahat ay siyang lalong may maalab na kalooban sa pagtatanggol sa puri, pagaari at karapatan ñg Pilipinas kaya't siya ang nañguñguna sa lahat ñg mga gawain at kilusan. Naging matulis ang kanilang panitik. Tinuligsa nila ñg walang kakimi-kimi ang kabulukan ñg pamahalaan ng mga fraile dito sa Pilipinas. Ang "Noli Me Tangere" at "El Felibusterismo" ni Rizal; ang "Soberana Monacal" at Frailocacia" ni del Pilar ay mga aklat na nagbukas sa nadidimlang isip ñg marami na ting kababayan. Ipinagbawal ñg mga may kapangyarihan ang mga aklat na ito at may mabigat na parusa ang sinumang makitaan Kahit na anong higpit ang ginagawa ng mga kastila ay may nakalulusot din naman at si Bonifacio ay isa sa mga nagkapalad makabasa ng mga aklat na ito.

Nang mabasa ni Bonifacio ang mga nasabing aklat ang ginawa niya'y nilihaman ang mga kababayang nasa Europa at huming ñg lalong liwanag at mga paraan sapagka't noon ay tinitipon niya ang mga Anak-Lupa sa samahan ñg Katipunan. Ng tanggapin niya ang sagot ay isinabalikat niya ang mga pagaayos. Tinuruan at sinanay ang mga Anak-Lupa. Dahil sa kanyang pagasa na lubhang dadami ang bilang ng mga Anak-Lupa ay hinati niya sa tatlong pangkat ayon sa kakayahan at kagitingan ñg bawa't isa na pinamagatan niyang TALUBATA ALAGAD at GURO. Upang magkakilakilala ang mga Anak-Lupa ay binigyan ñg palatandaan at salitang lihim ayon sa uri ñg pangkat.

Ang mga gawain ay umunlad at sumulong, subali't ng malapit ng dumating sa tugatog ng tagumpay ay sumipot ang tatlong alagad na hindi nasisiyahan dahil na rin sa kakulañgan ñg sipag at tiyaga ñg tatlong ito. Ng hindi natamo ñg tatlong taksil na ito ang huling Baytang, ang mga palatandaan at salitang lihim ñg guro, ang ginawa nila ay pinagkaisahang iligpit si Bonifacio. Ang tatlong nasabing alagad na ito ay nagñgañgalang LILIPOT, MUNDONG-ILAW at BALARA.

Bakit hindi ipinagkatiwala ni Bonifacio ang lihim ñg tatlong K sa mga taong ito?

Sapagka't nalalaman ni Bonifacio na ang mga taong ito ay manhik manaog sa kombento ñg mga pare.

Ngayon sa maikiling kasaysayang ito ay dapat nating alamin kung sino-sino ang hindi nasisiyahan sa loob ñg Lapiang Sakdalista sapagka't ang mga taong ito kaipala'y siya namang nagmamanhik-manaog sa tanggapan ñg Kostabularia.

MOISES BELEN

Nasaan Ang Katarungan

Sa kapalaran ñg isang bayang katulad nitong atin, ang paglitaw ñg mga Sakdalista, Kumunista, Tanggulan at iba pang bayan-bayanan ñg mga radikal ay totoong minamasama. Datapwa't sino ang lumililikha ñg ganitong mga uri ñg radikal kundi ang ilang tauhan din ñg pamahalaang walang kaluluwa, walang awa at mapanikil ñg gayon na lamang?

Kung kami ang masusunod, ay mga ganitong uri ñg pinuno ang una-una naming paguusigin pagka't sila ang nagtatanim ñg ligalig sa kapalaran ñg isang bayan; sila ang nagbubunsod upang magkaroon ñg mga diwang mapanghimagsik, (espiritu revolucionario) sila ang nagbibigay daan upang lumago ang hukbo ñg mga kriminal, ñg mga taong hindi makapaghunos-dili sanhi sa kanilang malabis na kaapihang tinatamo. Napasaan ang talagang habag na dapat mahintay sa mga pinuno ñg isáng bayan? Bakit ang bayan na naging tuntuñgan ñg mga pinunong iyan sa kanilang ipinaging dakila at ipinaging milyonario ay malabis na naghihikahos, samantalang sila naman ang namumunini at nabubundat? Bakit ganito ang nagiging ayos ñg mga pinuno at pinagpupunuan?

Ang kasarinlang ipinañgako nila sa bayang isusulit sa lalong madaling panahon, siyang daan ñg lahat ñg ating ipagiging masagana at maligaya; ay hindi tinupad at sa halip niya'y lalo tayong naaalipin at nagdadahop. At saka ñgayong usigin ñg kanyang mga mamamayan ang kasarinlan at kayamanang napagsamantalahan lamang ñg mga puting kanilang tinatangkilik ay sila pa ang minamasama at ipinabibilanggo, gayong sinasabing malinaw ñg batas na ipaglaban mo ang iyong pagaaring inagaw. Ang mga ganyang uri ñg panguulol at pañgañgamkam ang siyang yumayari ñg mga taong sanhi sa kawalan ñg pagasa sa kataruñgan ay nagbubuhat na tuloy ñg kamay upang gamitin ang kataruñgang iyan. "Cuando la justicia se ausenta la tribunal, surge del pueblo," ang wika ñga ni Danton.

Kaya't ang kataruñgang iyan na manggagaling sa bayan ay darating na walang pagsala sa lalong madaling panahon. At . . . sa aba ñg mga pinunong walang nakayang gawin kundi ang magnakaw, mangulol at mangapi!

Ang pagibig at pagtatapat sa Dios ay nakikilala sa pagibig at pagtatapat sa Bayan.

Ang lalong malaking karapaatan ñg isang tao ay ang kalayaang ipinamudmud ñg Dios sa sangkatauhan, sa isang paraan na pag nawalá ang damdamin sa kalayaan ang tao ay lumalapit at humahawig sa hayop.

Asia Asiatika

(Karugtong ñg nasa tiping 1)

yan. Maipalalagay rin naman na ito'y isang pauna sa landas na ikagaganap sa ipagkakaroon ñg Asiá Asiátika.

Ang káhulugán ñgayon ñg Asiá Asiátiká sa makakábuhayang kaisipan gánon din naman sa kaisipang maka-politiká, ay di lamang itunuturo ang kalayaan sá kabuhayan ñg mga bukod ná bansang alipin ñg Asiá, kundi hinihiñgi din naman ang pagtátátág ñg isáng maka-kábuhayang pagkakaisá ñg Asiá sá kabuuan; ang ibig sábihin ay ang mgá kábuhayán ñg Asiá ay tatangkilikin at papagkasiyahin sa sarili; ibig din namang sabihin na áng maka-kabuhayang pagkakaisá ñg Asiá ay kinakailañgang maging sápát áng tibay upáng máka-pigil sá daluhong ñg imperialistang Kanluran ganoon din sa pulahang imperialismo ñg mga Soviet.

Sa pagmamalasakit sa ipagkakaroon ñg Asiang maláyá sá kábuhayán áy hindi isáng "imposible" para sá mgá bansa sa Silañgan ang makitá áng kaniláng kalayaan sa kábuhayan. Kunin nating hálimbawa áng kalagayan ñg Indiá:

Ang Indiá, malibán na lamang kung ibababagay niya áng kányang kábuhayan sangayon sá kinákailañgan sá págtatatag ñg isáng Asiáng málayá sá kabuháyán, ná áng Hapon áng gágawing salalayán, áy di mapalalayá áng sarili sá pagkapaalipin sá kábuhayan sa mga mamumuhunang Ingles. Ang pagka-pawalang saysay sa "convención" ñg kalakal na ginawá ñg Hapon at India ay nagbibigay ñg magandang hálimbawa para patibayin áng pañguñgusap sa itaas nito.

. . . .

At ito ay katulad rin ñg nauukol sa "Dutch East Indies,'' sá Pilipinas at sa Annán.

Yayamáng napatunáyán ná natin na isáng pañgunahing káilañgan áng isang kapatirang Pang-Asiátika sá ipagkákároon ñg Asiáng málaya sá politiká, ñgayon áy dumako pá tayo upang sabihin ná áng pagtatatag ñg mga blokeng pang-kábuhayan dito sa Asia ay isáng walang kápántay ná pañgañgailañgan sá ipagkákároon ñg kalayaan sá kábuhayan ñg malaking kontinenteng ito. Sá paráán ñg pakyawang pagbubuo ñg Asiá áng dalawang ito áy kapwá kailañgan át mga sangkap na hindi maaaring paghiwalayin.

III

Ngayon áy dumating tayo sá pinaka-mahalagang bahagi sá ating paksang págtátatag ñg Asiá Asiatika sá kanyang káálaman. Sapagka't, diyan nasasaláláy áng tunay na kahulugan ñg Asia Asiatika. Ang kahulugan ñg Asia Asiatika ay "Asia na kina-luluwahan ñg mataas na espiritu ñg matatandang kaalaman ñg Asia'' at wala nang iba. Walang kabuluhan ang pagmamalasakit na itatag ang maka-politika át máká-kábuhayang kalayáan ñg Asia kung iyan áy di magbibigay-buhay sa kátutubong káálaman ñg Silañgan. Ngayon ang Asia áy idinuduyan ñg kapangyarihán ñg Kanluran hindi lamang sa maká-politiká at máká-kábuhayang pagkukuro, kundi lubos ná nalulukuban ñg Kanluran sá kanyang káálaman. Ang kalayaan sá kaálaman ñg Asiá áy kinakailañgang malagay sá ibábáw ñg lahat sá ipagkákároon ñg Asiá Asiatiká.

Kung hindi mabubuhay ang katutubong káálaman ñg Asiá ang maka-kábuhayan at maka-politikáng kalayaan ñg Asiá ay walang hálágá dahil sá ang náhuhuli ay mga panglabas ná bahagi lamang ñg buhay ñg bansa, at lubos ná di nakalalayá sá kapangyarihan ñg dáyuhan.

Ang Asiá ñgayon ay di ná koloniá ñg kabihasnan ñg Kanluran di gaya ñg pagiging kolonia siya ñg kapangyarihan ñg Kanluran. Ipaghalimbawá natin ang India. Ipagpalagay ná nákuha ná niya ang pagsunod sá paráan ñg paggawa ñg mga batás sá mgá Ingles na máy mga pártido-politiko din át ganon din námán sa paraan ñg panánalapi ñg mga Ingles sá hanay ñg pamumuhunan, ang kanyáng kalayaan sá politiká át kabuhayan áy mawawalan ñg kabuluhan sá maitutulong sá ika-uunlad ñg kabihasnan ñg Silañgan—nañgañgahulugan lamang iyan na ang Indiá áy naghahañgad páng panatilihin áng dati niyang suot Kanluran. Hindi pa rin iyan ang kalayaan ñg Indiá sá mahalagang kahulugan. Kung ano ang nasabi na ukol sa India ay totoo rin ukol sa Turkia, Iraq, Persia, at Afghanistan, mga bansang náhihimlay sá bahaging kanluran ñg Asiá. Namumukod dito áy babanggitin ko áng Turkia ná tulád ñg Hápon sá kapanahunan ñg mgá Meiji áy lubos ná nagsisikap ñgayon upang gawin áng kanyang sarili ná isáng maka-bágong bánsá sá panglasa ñg mgá Europeo.

Nguni't sa kabutihang palád áng ilang malalaking kilusán ná ñgayo'y nangyayari sa ilang bahagi ñg Asiá, bagama't lumalabas na nasa ilalim ñg kani-kanilang patakaran sá politiká át kábuhayan, áng tunay ná linalayon áy áng buhaying muli áng kátutubong káálaman. Ang patakarang ipinakikitá ñg sárili ñg mgá dakiláng lider ñg bawa't isa sá mgá bansang ito ay iyáng káluluwáng maka-bayan o ang pang-bansang káálaman ñg kani-kanilang bayan. Isang halimbawá, sá Indiá ang dakilang kaluluwa ni Gandhi áy sumasakop sa pang-bansang kagustuhan ñg mga Indio upáng papanumbalikin áng katutubong kaalaman ná nagtatakwil sá pamamaráán sá politiká at pananalapi ñg kanluran gayon din námán sá kabihasnan na siyang nasasa-likod ñg mga ito. Ganoon din naman ang Turkiá, pálibhásá'y natapos ná ang kanyang páñgunahing gawain upang gawin ang kanyang sarili na isang bansang máká-bago ang kalagayan, áy iniba ná ang landas ñg kanyáng mga págsisikáp para buháyin át buuing muli áng kanyang kátutubong kaalaman, át sá ganyan áy nagpápákitá ñg mgá tanda ñg pagsikát bilang tunáy ná bansang Silañgan sá halip ná maging isang bansang sumusunod sá nákátátág ná kalagayan ñg Kanlurán. Ang pagkákátatag ñg Manchoukuo sá bahaging ito áy nagbibigáybuñga sa patakaran ñg "Wan-tao-ism'' na ito'y ang "patakaran ñg maka-taong kaharian" na umaasang makapamamayani sa buong China sa di nalalayong panahon, at sa ganyan áy dadalhin ang Chiná sá hánáy ñg mga bansang Asiatika ná nagsusumákit ná buhayin ang kani-kanilang katutubong kaalaman.

Ang Hapon man, ñgáyong áng 60 taon sa kanyang pámumuháy biláng isang maka-bagong bansa sá panglasa ñg mgá Europeo áy nakaraan págkatapos ná kanyang buksán áng kányang pintuán sá mga dayuhan sá panahon ñg mga Meiji, sa simulá ñg mga pangyayaring sumunod sa Manchuria, ay nágpasiyáng gáwin ang sarili ná isáng tunay na bansang Asiatika sa pamamagitan ñg pagbubuo ñg kanyang pamamaraan sa politika ganoon di naman sa pamuling pággáwá sa kanyang maká-tao át máká-kábuhayang kabuuan ná mababatay sa kanyang katutubong kaáláman ñg "Nippon Seishin." Siyá ñgayon áy gumagawa ñg malaking pagmamalasakit pátuñgo sá muling págtátátag ñg Imperio "Sumera Mikuni."

Sapagka't ñgayon ang kaalaman ñg Hapon áy nagtataglay sá kányang katawan ñg mahahalagang sángkáp ñg kátutubong káálamán "Wan-tao-ism" at ñg sá Indiong maka-religiong káálamán, ang págsasakit ná buháyin áng matandang kaugalián ñg Hápon áy makatutulong hánggáng sá makakayá, sá pagbuháy sá matandang kaugalián ñg mga Intsik ganon din naman ñg sá mgá Indio, át sá ganyan, sá mátinong káisipán, áng matandang kaalámán ñg mgá Asiátiko sá malawak ná pagkukuro.

Sa ganito'y nákikitá nátin na dahil sá maliwanag na katuwirang ito, ang Hapon áy isinasabalikat áng tungkulin sá pagbuháy sá matandang kaalaman ñg mgá Asiatiko sá buong kontinente at sá ganyan áy tinatapos ang hakbang sá ipagkákároon ñg Asiá Asiatiká. Ang pagbuháy at muling pagbubuo ñg mga kaugaliang Asiatiko, áy hindi nañgañgahulugan ñg paglaban sá káugálian ñg Kanluran. Laban dito ito'y sumasaklaw sa isang mapag-wáging pagsasakit para iligtas áng kaugalian ñg Kanluran ná ñgayo'y nagiging salaula. Dahil dito'y násilip sá ganitong kuro-kuro na ang kilusan sá pagbuháy sá kaugáliáng Asiatiko áy tiyákáng masasabi sá ibang pañguñgusap ná pañgálawáng "pagkagising" ñg kaalaman ñg mga táo.

Ang Hapon ay siyáng ugat ná pinágbuhatan ñg "pagkagising" na ito ñg kabihasnan ñg daigdig. "Ang liwanág ay buhat sá Silañgan,'' ang matandang kasabihan, at ang mgá nágmámásid áy makapagsasabi ná ang panahon at pagkakataon áy sumasangayon sá katotohanan nito na pinátutunayan sá makasaysayang pagkukuro.

(Sa susunod—bilang pang-katapusan: ANG MAKA-TAONG PANANAGUTAN NG HAPON)

Kung Kailan Maaaring Sukatin ang Isang Tao

Ang Sinuman ay Hindi Dapat Hatulan sa Kanyang Ginagawa Hanggang Hindi Natatapos ang Kanyang Gawain

Sinulat ni H. R. D. Manalo

Hindi kataka-taka na karaniwang marinig ang mga salitang namimilaylay sa labi ñg tao na pinasasariñgan ang kaniyang kapuwa, iyan ay kalakaran sa kasalukuyan ñg maanghab na kabihasnang pabuya ñg malulupit ang asal. Kaya, sa katabilan ng mga tao ay kariringgan ninyo sila ng mga paninirang puri, dañgal at kabuhayan at pinalilipat-lipat ang salitang napakalapastañgan sa mga kalapit-bahay, bagay na lubhang kalabisan sa tungkulin ñg isang mamamayan. Ang mga taong hindi man mayayaman at nakaririwasa sa buhay na may sapat lamang kakayanan na makalaban sa simulain ñg mga maralita ay nakapagbibitiw sa madla ñg mga wikang panunuat, pagkutya, paglait at panghihilura laban ñga sa mga dukhang lumalañgoy sa sariling kaway at hindi naman palamon ñg mga mapagmapuri.

Kung ikaw na mahirap ay naging kahiwalay sa damdamin ñg isang mabuting dakila, ikaw ñgang mahirap na tao ay tukuyin ñg mga satsat at pagdusta ñg kapuwa mong katunggali sa katuwiran. Larawan ito ñg ating buhay ñgayon, lalo't tutukuyin natin ang usapin ñg dahil sa tinubuang lupa at babanggitin pa rin ang paglulunggati sa kasarinlan nito. Kaya, kung ikaw na maralita, ay hindi marunong magtimpi, marahil, ay makapagbitaw ka rin ñg mga wikang hindi MALALAMON ñg kahi't ñg isda pagka't wikang malansa pa sa kandulí. Gayon man alang-alang sa iyong pagtitiis ang lahat ñg panunuklam ñg lalong kasuklamsuklam ang Ugali, ay pinahahalagahan mo ang kahalagahan ñg dalawa mong tainga, tanggap ñg kabila, palusot sa kabila, at ito ñga naman ang nararapat gawin natin upang mamatay ang liyab ñg damdaming nais sumiklab sa anyaya ñg magdarayang pagkakataon. At ang kakayanan mo, mamamayang mahirap, ay susukatin ñg bibig na walang habas sa pagtatakal ng kaniyang kapurihan, karañgalan at kapaanyuan.

Akala at ikaw ay sibol lamang buhat sa mga angkang walang mapagkunan, akala't ikaw ay supling lamang ng liping limot ñg Lipunan, akala't anak ka ñg balañgay na matiisin, ikaw na mabatahing anak ñg bayan ay gayon na lamang pagsukat sa kakayanan mo ang ipapakaw sa katawan. Subali't palilipasin mo ang poot ñg iyong puso, susugbahin mo ang niñgas ng iyong kalooban at pupugnawin mo ang apoy ng iyong galit, sa halip na ikaw ay gumanti pa ñg lalong kasumpa-sumpang pananalita bilang paghihiganti mo sa masasama ang dila at nakaririmarin ang mga ugali.

Talagang ang gagawin sa iyo ay hamakin ka, at hindi rin maaalis sa kapuwa mong alukin ka sa malakasan pagka't tahong ikaw ay isang maliit lamang at pihong sa una pa lamang Daguhuñgan ay malalamuray ka ñg kaniyang Pagmulaga, hindi ka naman abutin ñg matitinding diyab. Ito baga kaya ay maaaring mangyari, nangyayari na ñga kaya at mangyayari sa mga dakong huli? Kasalukuyang ito ay nangyayari sa buhay ñg mga sakdalista. Katunayan, ilan na ang mga alagad ñg simulaing ito ang binugbog, inusig, nilapastañgan hanggang sa kalungkot-lungkutang pangyayari ay nasasapit? Iyan ang mga sakdalista, na dahil sa mga nasisilip nilang PAKUTUBAN ay nagtataas ñg noo upang pahagkan sa sikat ñg araw at binabanat ang panulat upang sungkitin ang mga kagagawan ñg kapuwang lumalampaw sa kaniyang gawain at nakasasaklaw ñg hindi nararapat saklawin. At dahilan sa paghihila ñg iyong panulat upang gisiñgin ang bayan sa banig ñg mga pahayagang makakalayaan, ikaw na maralita ay pagtapunan ñg Panunuñgayaw at kañgiñgiyaw.

Ang sumulat nito buhat na nang yakapin ang Sakdal ay masayang nagtatapat sa bayan na hindi miminsang dumanas ñg ganitong kabuhuñgan ñg mga kalaban. Dapuwa't patuloy at patuloy rin ang pagtitiis at pagasa, sa halip na maghiganti sa mga budhing ganid. Panañgahasang butañgin ñg mga kapuwa maralita na nahimas ñg mga among upang maparam na sa kanilang paniñgin ang isang abang banaag ñg bayan, na wala na ñgayong tunay na lapian kungdi ang bayan.

Huwag sana kayong pahihimok sa maling pag-uugali ñg tao, pagka't kung lumata na ang iyong ilong at patagikaw kayo sa nagkukunwang mabuti upang basagin ang buting iyan at kung mabasag na ay sapilitang makatitilab, ay naparamay lamang kayo, mga kapatid, sa PAGUUK-OK ñg kanser ñg pagkatao ñg gayong tao, gayong nahahanay kayo sa hindi dapat pansinin. Maaaring sukatin ang inyong kakayahan, kalitan at kahirapan ñg inyong kapuwa, lalo at ipalalagay ñg kapuwa ninyong nakahihigit sila sa inyong tungkulin at pagkamakabayan. Ganito man, tungkulin lamang natin ang magbata ñg lahat na mga pasaring ñg ating kapuwa, maging ang namumukol man sa atin ñg lusak ay mga kilabot o mga hampas-lupa ring alipin.

Tanggapin ninyo ang panunukat ñg mga palasukat sa karapatan ñg tao, pagka't marami ñgayon ang mambububod ñg kasinuñgalingan may diwa ñg kainggitan, kaimbihan at kagahamanan. Tanggapin ninyo ang mga pusala ñg mga TALABITAB at bagkos pa kayong manahimik sa inyong kinatatayuan pagka't hindi sa lahat ñg oras ang labi ñg maninira ay bukás. Tanggapin ninyo ang mga salitang panglulupig ñg mga busiklat ang kuro-kuro at lumigpit kayo sa inyong tabi, at pabayaang magyayabyab ang taong magisang maglako ñg kahañgalan ñg kanilang sarili. Tanggapin ninyo ang panunugga ñg laway sa inggit lamang sa inyo at huwag pansinin ang kanilang pagpapakitang tao sa bayan, pagka't may panahon ding ang laway na iyan ay aagos sa lupang nilagpakan upang sa lura din nila sila magyapot ang katawan. Tanggapin ninyo ang inyong kahinaan, huwang ninyong akalaing magbalukiskis ñg bisig, huwag, kungdi bigwasan kaagad ninyo ñg ñgiting maaamo, upang mamatay ang pagmamalaki ñg maliit na lumalaki.

Ang panahon ay walang oras na natutulog. At ang panahon na rin ay may sariling aklat ay patuloy ang panunulat nito ñg kasaysayan ñg buhay ñg daigdig, at iyang mga dahong ginto ñg kasaysayang sinusulat ñg panahon ang dapat nating katakutan pagka't walang taong malakas na diyan ay maka-panunuat.

At kailan lamang maaaring sukatin ang isang tao? Matapos na gumagalaw, kumilos at gumawa, ñg mga kabayanihan at tanghalin ñg sangsisinukob, at hindi na niya maipagpatuloy ang kaniyang pagmamalasakit pagka't pinayapayan na siya ñg Maykapal, diyan lamang masusukat ñg isang MAGSUSUKAT ang kakayahan ñg sinomang tao, pagka't sa hinihigang kabaong ay pantay na ang kaniya paa.

Matapos magsinuñgaling magtaksil, magpalalo, makapanglapastañgan at makapangbutang, at nakikita nang talagang malamig na ang kaniyang lupang pagkatao, diyan lamang pati mahahatulan ang katayuan ñg taong ganyan, pagka't hindi na makapagpapatuloy pang paunlarin ang kaniyang [illegible].

Kaya, ang paniniguro ay katulad ñg kayo ay nanglalanbang sa labong ilog, may sima ay butas,

(Nasa tiping 3 ang karugtong)